

Lingguwistikong Etnograpiya ng Kapampangan

Lingguwistikong Etnograpiya ng Kapampangan

Karapatang-sipi © 2021 ng Komisyon sa Wikang Filipino at ng Katutubong Pamayanang Kultural ng mga Kapampangan.

RESERBADO ANG LAHAT NG KARAPATAN. Walang bahagi ng manuskritong ito ang maaaring sipiin o gamitin nang walang nakasulat na pahintulot mula sa mga may-akda at tagapaglathala.

Mga mananaliksik at sumulat ng manuskrito:

Leonora L. Yambao
Ariel T. Gutierrez
Reiner V. Bernabe
Prince Romel S. Pangilinan
Andrea Y. Gatchalian

PAUNAWA. Hindi inilathala ang manuskritong ito. Ang pagkopya, at pamamahagi sa publiko ay ipinagbabawal.



Komisyon sa Wikang Filipino
Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel, Malacanang Complex
San Miguel, Lungsod Maynila 1005
Tel. 02-733-7260
email: komisjonsawikangfilipino@gmail.com

Paunang Salitâ

Sa saliksik ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) noong 2016, napag-alamang mayroong tinatáyang 130 katutubong wika ang Pilipinas. Sa bílang na ito, tinatáyang may 40 wika ang nanganganib nang maglaho sa hinaharap. Dahil ito sa ilang mga salik tulad ng kawalan ng *intergenerational transmission* sa wika; migrasyon ng mga tagapagsalita ng wika; at pangingibabaw ng paggamit ng *lingua franca*. Ang panganganib ng wika ay isang pandaigdigang karanasan. Isa rin itong hámon sa mga bansa kung paano isasalba ang mga wika sa panganganib. Kapag hindî na naipapása sa susunod na henerasyon ang wika, unti-unting maglalaho ang mga buháy na dúnong o *intangible cultural heritage* tulad ng panlipunang kaugalian, ritwal, pagtatanghal, tradisyonal na paglikha, oral na tradisyon gaya ng mga tulâ, bugtong, kuwentong-bayan, at epikong-bayan. Kung tulúyang maglalaho ang wika, makapipinsala ito sa kalikásan at biodiversidad dahil ang mga katutubong karunungan hinggil sa kalikásan, paniniwala sa mga espiritu, at mga kultural na pagpapahalaga ay nása katutubong wika.

Kayâ, naglatag ang UNESCO¹ ng mga hakbang sa pagpapasigla ng wika, isa na rito ang pagdodokumento sa wika at kultura. Sa pamamagitan nitó, napayayaman ang pag-aaring intelektuwal ng mga tao, naipakikíta ang kultural na pananaw na maaaring bago sa kasalukuyang kaalaman, at ang proseso ng dokumentasyon ay nakatutúlong sa impormante ng wika upang muling pasiglahin ang kaalaman sa wika at kultura (UNESCO 2003). Ayon din kay Himmelman (2006), ang pagdodokumento ng wika ay isang pangmatagalan at may masaklaw na layunin na talâ o rekord ng wika.² Magagámit ito sa maraming layunin sa pagpapasigla at pagpapaunlad ng wika.

Bílang tugon sa hámong ito, inilunsad ng KWF ang proyektong Lingguwistikong Etnograpiya ng mga Wika ng Pilipinas noong 2018. Pagpapatúloy ito sa nasimulang gawain ng KWF sa pagdodokumento ng wika at kultura noong 2015. Higit na pinalawak ang saklaw ng saliksik at mas komprehensibo ang datos na inaasahang makálap. Ang pagsasakatuparan ng proyektong ito ay naging posible dahil sa suporta ni dáting Senador Loren Legarda, ngayon ay kinatawan ng Antique. Dahil sa suportang pinansiyal mula sa kaniyang opisina, nakapagbigay ang KWF ng *grant* para sa pagdodokumento ng 32 wika.

Sa pagtatapós ng proyekto noong 2020 ay nakapagdokumento ng 30 wika. Maraming natutuhan ang KWF sa pagsasagawa nitó na magiging pundasyon sa pagpapaunlad ng proyekto sa susunod na mga taon. Ninais man ng KWF na mailimbag ang lahat ng natápos na saliksik, mahigpit pa rin ang naging pamantayan sa pagsasagawa nitó. Gayunman, lubos ang pagbatì at pasasalamat ng KWF sa mga *grantee* at sa kaniláng institusyon na nakibahagi sa proyekto. Malaking bahagi rin ng tagumpay ng proyekto ang suportang ibinigay ng mga pinunò at mga kasapi ng katutubong pamayanang kultural.

¹ UNESCO Ad Hoc Expert Group on Endangered Languages. *Language Vitality and Endangerment*. Paris: UNESCO, 2003.

² Himmelman, Nikolaus P. "Language Documentation: What is it and what is it good for?" Nása Gipper, Jost et al. (Eds.) *Essentials of Language Documentation*. Berlin: Walter de Gruyter GmbH & Co., 2006.

Ang proyektong ito ay simula pa lámang. Hangad ng KWF na magkaroon ng komprehensibong dokumentasyon ang lahat ng katutubong wika ng bansa na magpapakíta ng matálik na ugnayan ng wika at mga katutubong karanasan at kaalaman ng pangkáting etniko na nagmamay-ari nitó. Ang gawaing ito ay hindî káyang gampanan ng KWF nang mag-isa. Kayâ, hinihikayat namin ang suporta at pagtataguyod ng mga iskolar ng wika, akademya, institusyon ng pamahalaán, at ng mga pinunò at mga kasapi ng mga katutubong pamayanang kultural upang maisakatuparan ang hangaring ito.

Sangay ng Salita at Gramatika

TALAAN NG NILALAMAN

Paunang Salita	3
Talaan ng Nilalaman	5
Introduksiyon	8
Ribyu ng Kaugnay na Literatura	10
Ang Pinagmulan ng Lingwistika	10
Ang Kultura at Wika	12
Kaligirang Pangkasaysayan ng Wikang Kapampangan	12
Ang Wikang Kapampangan sa Nagbabagong Panahon	16
Ang Wika Bilang Isang Nanganganib na Aspekto ng Kultura	17
Metodolohiya ng Saliksik	18
Lokal ng Pag-aaral	21
Mga Instrumento sa Pangangalap ng mga Datos	24
Saklaw at Limitasyon	24
Heograpiya Ng Pampanga	25
Topograpiya	25
Demograpiya	25
Pagkakakilanlan ng Pangkat	26
Ang Pangkat ng mga Kapampangan	26
Ang mga Kapampangan at ang Kanilang mga Tahanan	26
Estruktura ng Lipunan/Komunidad	27
Estruktura at Sistema ng pamamahala	30
Gawaing Pangkabuhayan	30
Pamananam (Pagtatanim)	31
Pamanasan (Pangingisda)	36
Pamamadwas Tugak	38
Pamagparul (Pagpaparol)	39
Pamagburo (Pagbuburo)	40
Pamangabaung (Paggawa ng Kabaong)	41
Business Process Outsourcing	41
Relihiyon	42
Maleldo	42
Pasu	45
Lubenas ning Pasku	45
Los Santos Angeles Custodios (Pista ng mga Anghel)	48
Layunan	50
Kuraldal	52
Batalya	53
Libad Bangka ng Apung Iru	53
Serenata	54
Materyal at Di-Materyal na Kultura at Tradisyon	55
Pamagpasu (Paggawa ng Paso)	55
Pamandukit (Pandudukit)	56
Pukpuk (Paghuhulma ng Tanso)	58

Pamaglutu (Pagluluto)	59
Panecillo de San Nicolas o putu saniculas	59
Bobotu o Tamales	59
Chicharun	60
Siklo ng Búhay	61
Kakagli (Paglililihi)	61
Panganganak	63
Pagkabata	63
Ding Pyalung (Mga Laro)	64
Pagbibinata at Pagdadalaga	65
Pag-aasawa	66
Mga Signos Bago may Mamatay	66
Mga Kasabihan sa Burol	66
Mga Pamahiin sa Libing	67
Sitwasyong Pangwika	68
Tumbasan ng mga salita (J. Peralta) sa Kapampangan	69
Mga Salitang Walang Baryasyon	69
Mga Salitang may Baryasyon	70
Mga Salik na Maaaring Nakaapekto sa Baryasyon at <i>Diffusion</i> ng mga Salita	76
Kultura	76
Politikal	77
Kabataang henerasyon	78
Eksposyur sa media	78
Migrasyon	78
Edukasyon	78
Pagtatrabaho	79
Pag-aasawa	79
Kalamidad	79
Datos na Nakalap Mula sa Ilang Mga Lugar sa Labas ng Pirulunan na Dating Tagapagsalita ng Wikang Kapampangan	80
Gatbuca, Calumpit, Bulacan	80
San Miguel de Mayumo	81
Calaguiman	81
Pantalan Luma, Orani, Bataan	82
Kalagayan ng Wika	82
Konklusyon	86
Sanggunian	87
Apendiks	91
Apendiks 1. Unang Checklist na Ginamit	92
Apendiks 2. Pinal na Checklist	100
Apendiks 3a. <i>Sample</i> ng mga Mapa na may Distribusyon ng Salita	125
Apendiks 3b. <i>Sample</i> ng mga Mapa na may Distribusyon ng Salita	126
Apendiks 3c. <i>Sample</i> ng mga Mapa na may Distribusyon ng Salita	127
Apendiks 3d. <i>Sample</i> ng mga Mapa na may Distribusyon ng Salita	128
Apendiks 3e. <i>Sample</i> ng mga Mapa na may Distribusyon ng Salita	129

Apendiks 4. Glosaryo	130
Apendiks 5. Mga Informant	136
Bionote ng mga Mananaliksik	142

Introduksiyon

*“Kung ang kanilang wika ay tuluyang mamatay,
ang kanilang pamanang kultural at pagkakakilanlan
ay mamamatay ring kasama nito.”*

—Dr. Leonard Pax Leonard

Hindi maitatatwa ang kahalagahan ng isang wika sa pamayanan sapagkat wika ang nagbubuklod sa mga taong nasasakupan nito. Wika ang gamit ng isang tao sa kaniyang pakikisalamuha, pakikipagtalastasan, at pakikipag-ugnayan sa kaniyang pang araw-araw na pamumuhay; dagdag pa rito ang pagsasalaysay ng kaniyang saloobin, adhikain, idea, hinahangad, teorya, at lahat ng bagay na nangangailangan ng pagpapahayag, pasalita man o pasulat. Samakatuwid, ang wika ay isang mahalagang elemento sa pagpapanatili at pagpapayaman ng kultura ng isang lugar.

Sa gitna nang mabilis na pagbabago sa paraan ng pamumuhay ng mga tao dala marahil ng industriyalisasyon at globalisasyon, nagiging bahagi ang wika sa malawakang ebolusyong ito. Sa pagkakapanganak ng mga bagong salita, unti-unti namang nababawasan ang mga salitang naging bahagi na ng ating kultural na pagkakakilanlan.

Sa katanuyan, ayon sa pinakabagong edisyon ng Pandaigdigang Atlas ng mga Wikang Nanganganib na nilimbag ng UNESCO noong taong 2010, mayroong humigit-kumulang na 2,500 na mga wika ang nanganganib (kasama rito ang 230 na mga wikang nangamatay na mula pa noong taong 1950). Malapit ito sa bilang ng mga wikang nanganganib na tinatayang 3,000 na mga wika sa mundo (www.unesco.org).

Kaugnay nito, ang ating pamahalaan sa iba’t ibang panig ng Pilipinas ay gumagawa ng mga pamamaraan upang maiwasan ang pagkamatay ng mga wika at pamanang kultural ng ating bansa. Nakasaad sa Saligang Batas 1987, Art. 14, Sek. 14-18, ang pagpepreserba, pagpapayaman, at pagpapatuloy sa mga pagbabagong nagaganap sa ating kultura. Sa pamamagitan nito, napoprotektahan ang mga wika at pamanang kultural, gayundin ang kasaysayan at ang mga pangkat-etniko ng bansa. Bilang pagpapatibay, itinatalaga ng Batas Pambansa 10066 (*National Cultural Heritage Act of 2009*) ng pamahalaan ang malawakang pagtataguyod ng pagtangkilik sa ating kultura. Binibigyang-daang nito ang pagpapahalaga sa mga pamanang pook, kasaysayan, at yaman ng bansa kasama ng wika na nagsisilbing tulay sa pagkakaintindihan at pagkakabuklod-buklod ng mga tao.

Ang Pilipinas bilang isang arkipelago ay binubuo ng siyam na pangunahing pangkat-etniko ng bansa (Julian and Lontoc 2017). Batay sa pag-aaral ng UP *Department of Linguistics* na binanggit ni Jubilado (2004) sa kaniyang panaliksik, mayroong tinatayang 100 na mga wika at diyalekto; walo sa mga ito ang kinikilalang mga pangunahing wika ng ating bansa—Tagalog, Ilokano, Bicol, Kapampangan, Pangasinan,

Cebuano, Hiligaynon, at Waray. Batay sa heograpiya, ang lima sa mga ito ay ginagamit sa bahagi ng Luzon, samantalang ang natitirang tatlo ay sa Visayas.

Ang Kapampangan, bilang isa sa mga walong pangunahing wika ng bansa, ay ang sinasalita sa probinsiya ng Pampanga. Ang katagang “Kapampangan” ay nagmula sa salitang “pampang” na ang ibig sabihin ay “tabing-ilog” (Larkin 1993). Ayon sa pag-aaral, ang mga Kapampangan ang naglinang ng kanilang sariling wika sa pagdaan ng panahon. Noong 1571, ang mga paring Augustinian ay pumarito upang ipalaganap ang Kristiyanismo sa buong probinsiya. At dahil dito, nakilala nila ang madetalyeng wika na kalauna’y pinag-aralan ng mga ito (Santos 2005).

Dagdag pa ng pag-aaral ni Santos, ang unang paring Augustinian na pinaniniwalaang nakapaglimbag ng kauna-unahang aklat hinggil sa balarila ng wikang Kapampangan ay si Fr. Diego Ochoa de Salazar. Siya ang itinalaga ng probinsiya noong 1578. Ito ang nagbigay-daan sa pagbuo ng “Arte” at “Vocabulario” ng wikang Pampango, gayundin ang “doctrina” at “confessionario” ni Agustin de Albuquerque. Ito ay lumaganap sa pamamagitan ng manuskrito na kalauna’y ginamit ng ibang manunulat gaya ni Fr. Francisco Coronel na naglathala ng *Arte Y Reglas dela Lengua Pampanga* sa taong 1617 sa palimbagan ng mga Augustinian na maaring nasa Macabebe noon. Kung susumahin, malaki ang naging papel ng wikang Pampango sa pagpapalaganap ng paniniwalang Kristiyanismo sa buong probinsiya. Naging daan din ito sa mas malalim na pag-aaral ng mga Kastila sa wikang Kapampangan.

Kung pagbabatayan naman ang kasaysayan ng teritoryong sakop ng Pampanga, ang wikang Kapampangan ay hindi lamang limitado sa mga naninirahan sa probinsiya ng Pampanga, ito rin ang wikang ginagamit ng mga karatig-bayan ng lalawigan gaya ng Bataan-Mariveles sa timog-kanluran, Zambales sa kanluran, Tarlac sa hilaga, at Nueva Ecija sa hilagang-silangan ng Gitnang Luzon (Sicat 2003).

Bagamat iisa lamang ang wikang gamit ng mga Kapampangan, ito ay mayroong ibat-ibang diyalekto at baryasyon na pinaghiwalay ng heograpiya at panahon. Ang *Rio Grande de Pampanga (Pampanga River)*, bundok Arayat, pagkakalayo-layo ng mga bayan o lungsod, at paggalaw ng mga tao dahil sa kalamidad ay maaaring naging salik sa pagbabago ng wikang Kapampangan. Maaari ding mahalagang salik ang politikal, historikal, at kultural na aspektong umiral sa lalawigan gaya ng pananakop ng mga Kastila, pananatili ng mga Amerikano, at pagpasok ng mga Hapon sa bansa. Sa mga pangyayaring ito, masasabing ang wikang Kapampangan ay pinagyaman at patuloy na pinagyayaman ng mga nabanggit na salik. Dahil dito, hindi maitatatwa na isang pagpapala ang pagkakaroon ng natatanging wika na nagbubuklod mula sa naunang panahon patungo sa kasalukuyan, pagkakakilanlan ng lahing pinagmulan, at wika na tulay sa kapayapaan.

Ngunit kasabay ng mabilis na pag-unlad ng bayan, modernisasyon, industriyalisasyon, at edukasyon, nakalulungkot na malaman na marami sa mga kabataang Kapampangan sa kasalukuyan ang hindi nakasusunod sa mga alituntunin sa tamang paggamit, pagbigkas, at pagsulat ng wikang Kapampangan gayundin ang kamalayang kultural ng kasalukuyang henerasyon.

Ang pag-aaral na ito ay isa sa mga nagsisilbing tagapagpatunay na ang wika at paraan ng pamumuhay ng mga Kapampangan ay patuloy na nagbabago at maaaring manganib na magbibigay-daan sa pagkamatay ng wika at kultura. Layunin ng pag-aaral na ito na alamin ang baryasyon ng wikang Kapampangan at pagbabagong nagaganap sa kultura na nakaaapekto sa wikang sinasalita sa lalawigan at sa mga karatig-lugar nito.

Ribyu ng Kaugnay na Literatura

Ang bawat kultura sa iba't ibang bansa ay may kaniya-kaniyang kuwento patungkol sa pinagmulan ng wika. Kadalasang natatagpuan ng mga *anthropologist* na nangongolekta ng mga kuwento ang pinanggalingan ng mga naunang gumamit ng wika. Gayunpaman, sadyang mahirap tukuyin kung gaano katagal nang ginagamit ang isang wika. Pinaniniwalaan na ang mga naunang *Homo sapiens*, ang nagsimulang gumamit ng wika, 100,000 taon na ang nakalilipas (Ember, Ember and Peregrine, Anthropology 2002). Samakatuwid, ang kultura ng isang lugar ay sumasalamin sa wikang ginagamit ng mga tao.

Ipinaliliwanag ng mga naunang pananaliksik na napakahirap suriin ang pinagmulan ng isang wika sa kadahilanang kulang ng konkretong impormasyon hinggil dito. Ngunit sa kasalukuyang panahon, mayroon ng ispesipikong pamamaraan ng pangongolekta ng mga ebidensiya, kasama na dito ang *genetic information*. Sa pananaliksik sa utak ng isang *primate*, may mga bagong impormasyon ang natuklasan tungkol sa komunikasyon. May mga iba pang impormasyon ang nalikom tungkol sa paglago ng kakayahang panlingguwistika ng mga bata. Marami rin sa mga nahukay na mga *fossil* ng mga sinaunang tao ang maaaring gamitin upang mabuo kung ano ang itsura ng utak at *vocal tracts*, at ang paraan ng pamumuhay ng mga tao noon. Sa kabila nito, hindi pa rin lubusang napatutunayan kung kailan, paano, at kung saan unang nabuo at lumaganap ang wika. Gayunpaman, maaaring makabuo ng isang teorya batay sa mga nakalap na impormasyon mula sa mga nahukay na *fossil*. Ang mga *fossilized* na bahagi ng utak na nakuha sa mga naunang tao (*genus Homo*) ay nakapagbigay ng mga ebidensiya na ang kaliwang hemispero ng utak ay may kinalaman sa paglinang ng wika ng isang indibidwal. Batay sa tala ng mga arkeologo, ang mga *Archaic* na tao na kilala bilang mga *Neanderthals* (namuhay mula 30,000 hanggang 125,000 taong nakalipas sa Europa at Timog-Kanlurang Asya) ay mayroong *neurological* at *anatomical* na katangiang kinakailangan sa pagsasalita (Haviland, et al. 2010). Malaking bahagi ang ginagampanan ng agham at teknolohiya sa pag-aaral at pagtuklas ng mga kaalaman hinggil sa pinagmulan at ebolusyon ng wika.

Ang Pinagmulan ng Lingguwistika

Malaking bahagi ng pag-aaral ng wika ang pananaliksik sa kasaysayan ng isang lugar. Ayon sa mga mananaliksik (Haviland, et al. 2010, 166-168), ang sistematikong pag-aaral ng wika ay nag-ugat sa mga gawain ng mga sinaunang paham sa wika sa bansang

India mahigit 2,000 taon na ang nakararaan. Sa panahon ng paglalayag ng mga Europeo mula ika-16 hanggang ika-18 siglo, nagkaroon ng mas malinaw at siyentipikong pag-aaral ng wika. Ang mga manlalayag, mananakop, at misyonaryo ay bumuo ng pinagsama-samang impormasyon hinggil sa malaking pagkakaiba-iba ng mga wika mula sa ibat-ibang panig ng daigdig. Humigit-kumulang 10,000 wika ang lumitaw nang ang mga ito ay nagsimulang magsaliksik. Sa kabilang dako, ang mga *historical linguist* ay hindi lamang nakatuon sa nakalipas na panahon, sapagkat patuloy ang pagbabago-pagdaragdag ng bagong salita ng mga wika sa kasalukuyan, pagtatanggal ng ibang salita, o pagbabago ng kahulugan ng umiiral na salita. Dagdag pa rito, ang mga *historical linguist* ay nakaayon sa mga nasulat na talâ ng mga wika. Isinasaalang-alang din ang usapin sa pagpreserba ng wika sa kasalukuyan na makikita sa impluwensiya ng paggamit ng *electronic media* gaya ng *internet*, kung saan ang nilalaman nito ay may limitado o kakaunting wikang gamit.

Ang mga *historical* at *comparative linguist* ay umaasang makagagawa hindi lamang ng mga rekord at datos sa taon ng pagkakalayo-layo ng mga wika. Katulad ng mga *physical anthropologist*, umaasa din silang makabuo ng mga paliwanag tungkol sa pagkatuto ng mga tao, kung kaya't ang mga *linguist* ay nagsasaliksik sa posibleng pinagmulan ng ibat-ibang baryasyon ng wika (Ember and Ember, Anthropology 1999). Sa paraang ito, nagkakaroon ng kalinawan ang mga mananaliksik kung papaano natututuhan ng mga tao ang wika at ang paraan ng paggamit nito.

Pinatunayan naman ng mga mananaliksik na ang mga diyalekto na ginagamit ng mga mag-aaral sa kolehiyo ay kumakatawan sa magkakaibang uri na maaaring makaimpluwensiya sa maraming elemento ng kanilang mga karanasan sa kolehiyo, kabilang na dito ang mga karanasang pang-akademiko (Dunstan and Jaeger 2015).

Pinatunayan naman ng ilang mananaliksik (Shareah, Mudhsh and AL-Takhayinh 2015) na ang progreso sa pagkakaiba-iba ng diyalekto ay kapansin-pansin na kahit pa noong nakaraang kalahating siglo. Ang kanilang pag-aaral ay nakatuon sa diyalekto at wika sa pangkalahatan. Ipinaliwanag din nila ang mga pagkakaiba ng mga ito sa karaniwang wika at diyalekto at kung paano ginagamit ang isang partikular na diyalekto sa isang rehiyon at kung ito ba ay itinuturing na isang pagkakakilanlan. Ipinakita din sa pag-aaral na ito kung paanong ang isang grupo ng mga diyalekto sa isang wika ay maaaring maintindihan ng bawat rehiyon o kaya'y di-lubusang maunawaan. Sa madaling salita, ang wika at ang diyalekto ay may malaking pagkakaiba sa isa't isa depende sa tagapagsalita at sa tagatanggap, pasulat man o pasalita.

May mga nauna nang gumawa ng pananaliksik tungkol sa iba't-ibang diyalekto sa Pilipinas. Ayon sa pag-aaral na may pamagat na “Varyasyong Leksikal sa mga Dayalektong Mandaya”, kahit pa sabihing iisang wika lamang ang ginagamit, may pagkakataon pa ring maaaring hindi magkaintindihan ang tinutukoy ng tao lalo na kung ang nag-uusap ay nagmula sa magkaibang lugar (Pasion 2014).

Ang grupo naman ng mananaliksik sa kanilang “Varayti at Varyasyon ng Wikang B’laan sa Bacong, Tulunan, Hilagang Cotabato at Lampitak, Tampakan, Timog Cotabato, Pilipinas” ay napatunayan sa kanilang pag-aaral na tulad ng ibang katutubong

wika sa Pilipinas, may natatanging varayti at varyasyon din ang wikang B'laan. Ang pagkakaiba-iba ng mga leksikal na aytem at paraan ng pagkakabuo ng mga salita ng bawat pangkat ng tribung B'laan ay patunay lamang na ang wika ay hindi *homogeneous*. Bagamat iba-iba ang mga salitang ginagamit na panumbas sa mga bagay-bagay at paraan ng pagbuo ng mga salita ng tribung B'laan sa dalawang munisipalidad ay naiintindihan pa rin ng bawat tagapagsalita ang kaniyang katribu dahil gumagamit lang sila ng magkaibang diyalekto ng isang wika kaya magkakaintindihan pa rin sila (Macatabon and Calibayan 2016). Samakatuwid, malaking papel ang ginagampanan ng kaalaman sa konteksto hinggil sa pagkakaintindihan ng dalawang tagapagsalita sa kabila ng pagkakaroon ng magkaibang diyalekto.

Ang Kultura at Wika

May mga paliwanag na ang pagkakalayo-layo at pagkakaiba-iba ng mga wika ay dahil sa iba't ibang paraan ng pakikisalamuha ng mga tao sa iba't ibang kultura. Sa kabilang dako, kung ang isang kultura ay nakaaapekto sa estruktura at nilalaman ng isang wika, pinatutunayan lamang nito na ang pagkakaiba ng isang wika ay dahil sa partikular na pagkakaiba ng kultura. Ngunit, kung ang direksiyon ng impluwensiya ay pumapagitna sa kultura at wika, maaari nitong magalaw ang ibang aspekto ng isang kultura (Ember, Ember and Peregrine, *Anthropology* 2002). Halimbawa, ang impluwensiyang teknolohikal partikular na ang paggamit ng *internet*, ay naging isang malaking sangkap sa paggalaw ng wika at kultura.

Kaligirang Pangkasaysayan ng Wikang Kapampangan

Nang ang mga misyonaryong Espanyol ay unang umapak sa Pilipinas upang maghayag ng ebanghelyo sa kanilang bagong kolonya, una nilang napagtanto na maraming mga wika ang ginagamit sa bawat isla ng arkipelago na naging dahilan sa hindi madaling paraan ng komunikasyon. Sa katunayan, mas madaling matutuhan ang pagsasalita ng katutubong wika kumpara sa pagtuturo ng wikang Espanyol na nangangahulugang mas kaunting mag-aaral na matuturuan. 1732 (161 taon matapos umapak ang mga Kastila sa kalupaan ng Pampanga), ang mga nakagisnang wika at kultura ay nabago at pinalitan ng mga mananakop. Gayunpaman, sa kawalan ng *mass media* noong mga panahong iyon, ang antas ng paghina at paglaho ng katutubong wika ay sadyang mabagal (R. Tangingco nd).

Ang paiba-ibang baryasyon at distribusyon ng mga wika sa arkipelago ay naging malaking balakid sa Kristiyanismo at pagsisikap na pagsupil ng mga naunang ekspedisyong ng mga Kastila. Ayon kay Chirino na nagsulat ng isang *Jesuit chronicle* na may pamagat na *Relacion de las Islas Pilipinas (1604)*, ang wika sa Pilipinas ay hindi nag-iiba ayon sa isla. May mga isla na mayroong maraming wika katulad na lamang ng Maynila (Luzon) at Panay. May mga ekspedisyong na pinamunuan ng mga ekspiryensadong mga pasipista at

kartograpo, at mga napapanahong mga misyonero upang itakda ang kanilang mga plano sa bansa. Ito ay upang isaayos ang Kristiyanismo, at sa ibang pagkakataon, ay ang maglunsad ng mga pangunahing yunit pang-sibil.

Ang mga misyonaryo ay nabigyan ng kalayaan na himukin ang mga katutubo na manirahan sa mga maliliit na permanenteng mga yunit. Ito ay nagbigay-daan upang ipanganak ang tinatawag nilang mga *pueblo* (nayon). Ito ang naging unang hakbang ng mga misyonaryo, at sa kaso ng Pampanga, pinag-aralan ng mga prayle mula sa *Order* ng Saint Augustine ang wika sa rehiyon kung saan sila maitalaga. Ang mga naunang mananaliksik ay sadyang nahirapang pag-aralan ang wikang Kapampangan sapagkat ito ay lubos na bago sa kanilang pandinig at ni hindi nabibilang sa pamilya ng wika sa bayang kanilang pinagmulan; sa kabuoan, ang *functional* at pragmatikong pag-aaral sa mga wikang lokal gaya ng Kapampangan ng mga naunang relihiyosong misyonaryo ang nagbigay-seguridad sa pagkabuhay ng isang wika (Musni, Augustinians Disobey the King: Why We Never Learned to Speak Spanish Like the Mexican Did nd).

Kung babalikan ang pre-historikal na mga pangyayari, sinasabing ang sunod-sunod na pagputok ng Bulkang Pinatubo na nagdulot ng pagbuga ng mga lahar, abo, tepra, at iba pang mga *pyroclastic material* sa katubigang bahagi ng rehiyon ay ang nagsilang sa masa ng lupang kikilalaning Pampanga pagkatapos ng 35000 taon (Ordoñez 2009). Ang kaniyang pangalan na *La Pampanga* ay bigay ng mga Kastila noong nakadaupang-palad nila ang mga katutubong naninirahan sa tabi ng ilog. Pinatunayan din nina (R. I. Castro n.d.) at ni (R. C. Cabusao 2000) ang pahayag na ang salitang “Pampanga” ay nakuha sa salitang “pampang” o “pampangan” na ang ibig sabihin ay “tabing-ilog.” Kung isasalin sa bernakular, ang salitang “Pampanga” o “Pampango”, ito ay magiging “Capampangan” na may literal na kahulugan na “rehiyon” o “mga taong naninirahan sa tabing-ilog” (Henson 1965).

Kung babalikan ang nakalipas, masasabing ang Pampanga ay may mataas na uri na ng kultura kasabay ng pag-usbong ng ibang mga sibilisasyon sa iba’t ibang panig ng daigdig. Sinusuportahan ang teoryang ito ng pagkakatuksa nina Henry Otley Beyer at Herman Constenoble noong 1937 sa kanilang ginawang paghuhukay sa barangay Dolores ng Hacienda Ramona, Porac. Ang kanilang mga natagpuang kagamitang bato noong taong 1937 ay sinasabing galing pa sa Neolitokong panahon (*New Stone Age*). Samakatuwid, 1,500 B.C. pa lamang ay may sistematikong paraan na nang pamumuhay ang mga tao sa lugar na ito. Sinasabi rin ng pag-aaral na ito na nagkaroon ng paggalaw ng mga tao sa hilagang bahagi ng Vietnam at sa timog bahagi ng Tsina patungo sa lugar ng Porac (D. H. Dizon 1981). Ang pagkakaroon ng ganitong sistema ng pamumuhay ay maaaring umusbong sa paglipas ng panahon at naipasa sa mga sumunod na henerasyon at dinatnan na ng mga Espanyol sa kanilang pagdating sa bansa.

Pinatitibay din ng paniwalang sibilisado na ang Pampanga bago pa man dumating ang mga Espanyol nang mahukay ang mga bangang-panlibing na galing pa sa bansang Tsina. Sa *Brief History of the Pampangos* na isinulat ni Dan H. Dizon, binanggit niya na sa Kabanata 323 ng “Ming Annals” ay sibilisado na ang mga tao sa Liu-Sung (Luzon) noong una pa man. Itinala ng mga Tsinong historiograpo na noong 1372 at 1408 ay

naglakbay patungong Tsina ang mga nasa pasuguan o embahada ng kaharian ng isla ng Liu-Sung. Isang gawain ng ating mga ninuno ang pagdadala ang mga regalo at iba pang mga alay sa ibang mga taong kanilang nakakasalamuha. Ayon sa Ming Annals, nakatanggap ang mga Tsino ng mga kabayo mula sa mga tao ng Luzon at bilang kapalit ay binigyan naman sila ng mga kagamitan gaya ng *strings*, *copper cash*, at iba pa. Sa mga pangyayaring ito, hindi maikakailang ang mga Kapampangan ay may pakikipagkalakalan at mabuting relasyon na sa mga Tsino at iba pang bansa sa Timog-Silangang Asya bago pa dumating ang mga Espanyol noong 1521. Pinagyaman ng pakikisalamuhang ito ang kultura ng lalawigan.

Ayon naman kay Samson et.al. (2016) na isinalaysay ni Josefina “Josie” Dizon-Henson sa kanilang pananaliksik, ang Pampanga ay isa sa mga naunang lalawigang naitatag ng mga Kastila noong 1571, kasabay ng pagkakatatag ng Maynila. Ang pahayag na ito ay pinatotohanan ng mga naunang mananaliksik na sina Henson (1965, p. 6) at Cabusao (2003 p. 4). Dagdag pa ni Henson (1965, p. 8), mayroong malaking historikal at politikal na relasyon ang Pampanga sa Emperyo Madjapahit noon pang naunang panahon. Ang Madjapahit ay isa sa hulíng malaking imperyo ng rehiyon at ipinapalagay na isa sa pinakamahusay at pinakamakapangyarihang imperyo sa kasaysayan ng Indonesia at makabagong hangganan ng Indonesia. Lumawak pa ang impluwensiya nito na lampas sa modernong nasasakupan ng Indonesia at naging paksa ng maraming pag-aaral (Samson , Del Corro and Henson 2016). Iginigiit din ni Beyer, ayon kay Dizon (1981) na ang mga maliit na pangkat ng mga *Pampangos* ay nagsimulang dumami sa Gitnang Luzon mula sa Indonesia mula pa lamang noong 200 BC. at ang mga pangkat na ito ay sinasabing may kalinangan na sa maraming aspekto ng pamumuhay kung ikukumpara sa mga Malayong pangkat sa lugar na ito na namuhay sa nomadikong paraan.

Ngunit taliwas sa kasalukuyang pag-aaral ni Dizon at Bellwood (2005), ang paggalaw ng mga *Austronesian* na may dala ng wikang Kapampangan ay nagsimula sa timog-bahagi ng Tsina patungong Taiwan. Mula dito ay naglakbay sila sa hilagang-bahagi ng Pilipinas, patungo sa iba’t-ibang lugar sa timog-silangang bahagi ng Asya at gayundin sa Pasipiko.

Sa pagtatapos ng bahagi ng ika-17 siglo, ang mga tribo ng mga Kapampangan ay naninirahan na sa malawak na bahagi ng kapatagan ng Pampanga. Sa isinulat ni Padre Joaquin Martinez de Zuñiga, O.S.A. na binanggit ni Cabusao (2006), ang sukat at laki ng nasasakupan ng lalawigan ng Pampanga ay nakadugtong sa Bulacan, hanggang sa hilagang bahagi ng Cagayan, Nueva Ecija, hanggang sa bundok ng Baler. Kasama din ang mga bayan ng Bataan (Orion, Orani, Samal, Ilana Hermosa, Dinalupihan, Abucay at Pilar) sa sakop nito. Sinasabi din sa pag-aaral na ito na ang mga bayan ng Rosales, San Quintin, Umingan, Carmen, at Balungao, na ngayong sakop na ng Pangasinan, at ngayong sakop naman ng Nueva Ecija ay nasasakupan rin ng lalawigang Kapampangan. Maging ang mga taong nakatira din sa bayan ng Tondo ay mga Kapampangan noong mag-umpisa ang pananakop ng mga Espanyol (Camaya, n.d.). Samakatuwid, ang lawak ng lalawigan noon ay higit na mas malaki kumpara sa sukat na nasasakop nito sa kasalukuyang panahon. Sa katunayan, isang mananaliksik (Camaya, Reclaiming the Kapampangan Regional Identity)

ang nagpatunay dito. Ayon sa kaniya, ang Pampanga ay sampung beses ang laki kumpara sa kasalukuyang sukat nito.

Sa pagdating ng mga Espanyol sa bansa noong 1521, walang duda na nagsagawa muna sila ng pagsisiyasat sa lugar na mararating sa pamamagitan ng lupa o ng katubigan (R. I. Castro 1982). Ang matabang lupain at ang mayaman katubigan ng ilog ng Pampanga ang umakit sa mga *conquistadores* na gumawa ng hakbang upang sakupin ang bahaging ito ng Pilipinas.

Sa isang artikulo na isinulat ni Cabusao (2006), isinalaysay niya ang mga pangyayaring naganap noong pumasok ang mga Espanyol sa lalawigan ng Pampanga. Ayon sa kasaysayan, sa ilalim ng pangangasiwa ng unang Gobernador-heneral ng Espanya sa Pilipinas na si Adelentado Miguel Lopez de Legazpi, ay pinasok ni Martin de Goiti ang Maynila kasama ang kaniyang mga Kastilang sundalo. Noong ika-3 ng Hunyo 1571, nagkaroon ng labanan sa pagitan ng mga Kapampangang sundalo sa pangunguna ni Tarik Soliman (tinatawag ring “Bambalito”), isang makisig na mandirigma ng Macabebe. Sa pagnanais na magapi ang mga Kastila, bumuo si Soliman ng humigit-kumulang 2,500 na Kapampangang sundalo at iba pang mga moro sa Maynila upang labanan ang puwersa ni Goiti. Ngunit dahil sa lakas rin ng puwersa ng mga Kastila, hindi natalo ng pangkat ni Soliman ang mga hukbong Kastila. Sa katunayan, ang pangyayaring ito ang naging sanhi rin ng pagwawakas ng buhay ni Soliman.

Ang pagkamatay ni Soliman noong 1571 ay ang naging hudyat naman ng pagsisimula ng pagpasok ng mga Kastila sa Pampanga. Ayon pa rin sa isinalaysay ni Cabusao, binalak ng mga Espanyol na pasukin ang emperyo ni Prinsipe Balagtas ng maging payapa na ang lagay sa lugar. Sa kanilang pagsakop sa mga lugar ng Lubao at Betis ay nagkaroon ng mga labanan; kaunti na lamang ang mga sumalungat sa bagong pamahalaan ng mga Kastila.

Sinasabing ang wikang Kapampangan ay galing sa pamilya ng mga wikang Malayo-Polynesian (Manlapaz 1981). Sa panahong bago pa dumating ang mga Hapones, ang mga Kapampangan ay gumagamit ng katutubong talapantigan na maaaring mula sa lengguwaheng *Indik*.

Ayon sa diksiyonaryo ng mga wika ni Andrew Dalby, mula noong 1998 ay mayroon nang 1,850,000 ang nagsasalita ng Kapampangan. Ang Kapampangan ay nasusulat noon sa katutubong iskrip, inapo ng *Brahmi* iskrip ng India. Ang pagsulat na ito ay nagtagal hangang ika-labing siyam na siglo nang ang panahon ng Hapon sa bansa ay malapit nang matapos. (<http://www.andropampanga.com/history.htm>). Binanggit ni (Sicat 2003) sina Teodoro Agoncillo (1990) at si Dr. Rosalinda Icbán-Castro (1981) sa kaniyang pag-aaral na mayroong malaking pagkakahawig ang mga wikang Kapampangan at Filipino sa wika ng mga Malayan, kahit pa ng mga taga-Bahasa, Indonesia o ng Malaya. Sa kasalukuyang pag-aaral, sa *Austronesian migration* nauna ang mga may wika nito sa Luzon bago pa nakarating ang wikang ito sa mga lugar sa Indonesia at Malaysia (Bellwood & Dizon, 2005; 2008; Dizon, 2005).

Ang Wikang Kapampangan sa Nagbabagong Panahon

Hindi gaya ng mga dayuhang sumakop sa ating bansa, káya ng wika na sumupil ng isang lugar ng hindi gumagamit ng dahas, kahit walang itak o walang baril. Ito ang digmaan ng mga salita. Nakababahala lamang na kapag ang katutubong wika ay siyang natalo sa labang ito, mamamatay hindi lamang ang wika kundi pati na rin ang kultural na pagkakakilanlan ng mga tagapagsalita nito.

Sa kasalukuyang panahon, isa ito sa mga isinasalang-alang ng mga tagapagsalita at tagapagtaguyod ng wikang Kapampangan o ang *amanung sisuan*. Masasalamín ito sa paraan ng pagsulat at pagpapalaganap ng impormasyon katulad ng mga *memorandum* sa pampubliko at pribadong mga opisina. Gayundin ang mga bagong limbag na mga libro, *cookbooks*, at kahit pa mga nililimbag na dasal ay nakalathala sa wikang Filipino o di kaya’y sa wikang banyaga. Dagdag pa dito ang mga katunayan ng kapanganakan, mga kontrata ng negosyo, katunayan ng kasal, at mga katunayan sa pagkamatay. Isali na rin ang mga sulat-pag-ibig ng mga kabataan, mga nakasulat sa mga lapida, at ang pagpapahayag ng saloobin sa *social media*.

Ngunit sino ang magsusulat gamit ang katutubong wika kung wala namang merkado dito? Ang mga pahayag na nabanggit ay sinegundahan din ng isa pang pag-aaral na isinagawa ni Alzadon (2014). Ayon sa kaniya, ang mga senyales ng pagkamatay ng isang wika ay makikita sa mga kabataan. Sila ay nagsasalita na gamit ang ibang wika, bagaman ang kanilang mga magulang ay Kapampangan. Dahil dito, napipilitang gumamit ng wikang banyaga ang mga magulang ng mga kabataang ito. Ayon kay Urbano (2002), marami sa mga salitang Kapampangan na ang nakaaalam na lamang ay ang mga *septuagenarians* (mga taong may edad 70-79) at *octogenarians* (mga taong may edad 80-89). Kapag ang mga taong ito ay namatay na, ang mga salitang dala-dala ng mga ito ay mawawala na lamang na parang bulá. Isa rin sa mga dahilan ay ang mga kasangkapang kasalukuyang gamit ay napalitan na rin, katulad halimbawa ng “kúran” na ang salitang gamit ngayon ay kaldero o *rice cooker*.

Hindi rin naman maitatanggi na malayo na rin ang narating ng panitikang Kapampangan, ngunit ang mga matatandang manunulat gamit ang wikang ito ay nagkahiwa-hiwalay na at hindi makuhang makasabay sa mabilis na agos ng pambansang literatura. Isa pa, ‘di rin sila nabibigyan ng pagkakataong magkita upang iangat ang kanilang kalinangan sa tinatawag na *workshops* at iba pang uri ng mga pagsasanay. Kagayaa na lamang ng pamamayagpag ng wika at literaturang Filipino at Ingles at natabunan na ang wikang Kapampangan (Mallari 2001). Ayon naman kay Constantino (2014 p.181), sa panahon ng mga Amerikano, nanatiling naisantabi ang mga katutubong wika bunga ng patakaran ng gobyernong paunlarin, gamitin, at itaguyod ang Ingles bilang wika ng edukasyon at binalak kinalaunan na gawing wika ng malawak na komunikasyon. Sa kasalukuyan, lalo na sa Pampanga, ang halaga ng wika at kasulatang Kapampangan ay unti-unti nang nakalilimutan at natatabunan sa mga magkakaibang gawain ng mga tao, lalong-lalo na ng mga kabataan (Ing Ulaga Ning Kasulatan Kapampangan 2005).

Ayon kay Dizon (2000, p. 4) ang wikang Kapampangan ay dumaan sa mga internal na pagbabago at pag-unlad. Ito ang kinilalang salik na lubos na nakaapekto sa pagbabago ng wika batay sa kalikasan ng lugar. Ito ay nagbibigay ng alternatibong opinyon na ang wikang Kapampangan ay produkto ng prosesong pandarayuhan dahil sa pagkakahawig nito sa ilang wika sa Indonesia at ito ay isinagawa sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa antropolohiya, arkeolohiya, at historikal na lingguwistika.

Sa resulta naman ng pananaliksik ni Sicut (2003), ang wikang Kapampangan, katulad ng ibang mga pangunahing wika sa Pilipinas, ay binubuo ng wikang panrehiyonal na may iba't ibang uri na napapaloob sa isang wika at dala-dala nito ang pagkakaiba sa leksikon, gamit, pagbigkas, at iba pa. Kung ang pagbabatayan naman ay heograpiya at sosyo-politikal, ito ay tinatawag na ekstra-lingguwistik sa teknikal na kadahilanan.

Inuri naman ni del Corro (1988 p. 1) ang mga diyalektong Kapampangan batay sa pinagmulan: Hilaga, Silangan, Sentral, Kanluran, at Timog na ang tatlong huli ay may mga tatlong sub-diyalekto. Si Sicut (2003) naman ay mayroong tinawag na teoretikal na model sa pagkilala ng mga katutubong tagapagsalita o mga gumagamit ng Kapampangan bilang isang wika: (a) mga tagabundok na nagsasalita ng wika, (b) mga taga-tabing-ilog na nagsasalita ng wika, (c) mga nagsasalita ng estandardisadong wikang Kapampangan, (d) mga tagahanggahang nagsasalita ng wika, (e) mga *sub-border* na mga nagsasalita ng Kapampangan, (f) mga nagsasalita ng kontemporaryong Kapampangan, at (g) mga nagsasalita ng kontinental na Kapampangan.

Ayon kay (De Leon 1992) ang isa sa mga katangian ng mga Filipino ay ang kakayahan nito sa aglutinasyon o ang kakayahang makabuo ng mga tambalang salita na may iba't ibang kahulugan mula sa iisang salitang-ugat. Walang ponetikang hindi malinaw sa Filipino. Ang bawat titik na bumubuo dito ay mayroon lamang tiyak na iisang tunog at walang pagbabago sa pagbigkas sa pagsasalita o epekto ng tunog sa pagsasalita at pagsulat.

Ang pakikipag-ugnayan ng mga Kapampangan sa iba't ibang lahi na bumibisita sa probinsiya, kahit na ang mga ito ay pangkasiyahan, pang-edukasyon, trabaho, o pagpasok ng mga dayuhan/turista, ay maaaring nagkaroon din ng malaking epekto sa paglago ng kanilang wika.

Ang Wika Bilang Isang Nanganganib na Aspekto ng Kultura

Ang wika ay ang pangunahing susi sa sangkatauhan. Ang wika at kultura ay laging magkaugnay. Bilang isang malaking bahagi ng kultura, ang pagbabago sa paraan ng pamumuhay ng mga tao ay nakadepende sa kalagayan ng wika. Ang anumang wika ay may kakayahang gumawa, mag-organisa, at magpahayag ng saloobin, magkaroon ng sariling sistema ng kahulugan, pandaigdigang pananaw, at kamalayang kultural.

Hindi lamang ang mga hayop at mga halaman ang mga nanganganib na mawala, kasama rin dito ang maraming mga tao, ang kanilang kultura, at ang kanilang wikang gamit.

Sa kasalukuyan, ang katutubong wika ay nanganganib sapagkat hindi na ito naipapasa sa mga bagong henerasyon. Ang pagiging dominante, politikal man o ekonomiko ng mga kakanluranin ay may malaking impluwensiya sa pagbabago ng wika. Una, ang sa paaralan na ang gamit ay ang dominanteng wika (sa Pilipinas Ingles at Filipino). Pangalawa, kung sa isang kultura ay mas dominante sa nasakupan nito, mas pinipili ng mga kabataan ang wikang akay-akay ng bagong saltang wika kaysa sa nakasanayan nila sapagkat nararamdaman nila ang mataas na prestihiyo; kung kaya't pati ang mga magulang nila mismo ang nanghihiikayat na gamitin ang wikang hindi naman talagang sa kanila (Ember, Ember and Peregrine, Anthropology 2002).

Ang mga nabanggit na mga ribyu ay lubos na maihahambing sa kasalukuyang pag-aaral dahil nailahad ng mga ito ang malawak na kaalaman at impormasyon patungkol sa wikang Kapampangan at sa kasalukuyang pag-aaral. Katulad nito, ang mga nasuring mga materyal ay nakapagbigay ng detalye sa kasaysayan, pagbabago, estruktura, at kalagayan ng wika. Ang paglago ng kasalukuyang pag-aaral ay batay lamang sa mga impormasyong nakuha sa mga nasuring kaugnay na literatura upang matugunan ang pamantayan sa ginawang pag-aaral patungkol sa wikang Kapampangan.

Metodolohiya ng Saliksik

Ang kuwalitatibong disenyo ng pananaliksik ang ginamit sa pag-aaral sapagkat kinakailangan ang masusing panayam, pagmamasid, at pagbasa na may kinalaman sa kasalukuyang pag-aaral. Ginamit din ng mga mananaliksik ang etnolinggwistikong metodolohiya sa pagkalap ng mga baryasyon ng wikang Kapampangan na may malaking kaugnayan sa kultura.

Bagamat alam ng nakararami na ang politikal na hangganan ng heograpiya ay hindi kahalintulad sa hangganan ng diyalektong heograpiya, ito ay may kaugnayan pa rin sapagkat ang ilang mga bayan na sakop na ngayon ng ilang kalapit na probinsiya ay dating sakop ng Pampanga gaya ng mga lugar sa Tarlac, Bulacan, Bataan, at Nueva Ecija (Dizon L., 2000; Santos E., 2004; Camaya, E., nd.). Mula sa mga natukoy na bayan, kinalap ng mga mananaliksik ang mga katumbas na salita sa wikang Kapampangan ng mga salita mula sa listahan ni J. Peralta. Nagsagawa rin ng isang *survey* ang mga mananaliksik upang makabuo ng isang *checklist* (Apendiks 6) na ginamit sa fildwork.

Maliban sa listahan ng mga salita, nagsagawa din ng *interview* hinggil sa kultura at sining ng mga tagapagsalita ng Kapampangan. Ang mga patnubay na mga tanong na ginamit ay mula sa Komisyon sa Wikang Filipino.

Sa paglikom ng mga *informant*, ginamit ang *purposive sampling technique* na batay sa edad at tagal ng paninirahan sa lugar. Sumangguni rin ang mga mananaliksik sa kanilang *statistician* upang matukoy kung ilang pangunahing informants ang kakailanganin sa bawat bayan at lungsod.

Tumukoy ng tigatlong (3) mga *informant* sa paglikom ng mga salita sa unang pagbisita (May 26, 2018 hanggang Setyembre 1, 2018) ang mga mananaliksik mula sa bawat bayan at lungsod. Binalikan naman sa pangalawang pagbisita ng mga mananaliksik ang bawat bayan at lungsod ngunit ang pinuntahan ay ibang baranggay (maliban sa Barangay Mabatang, Abucay, Bataan at Gatbuca, Calumpit, Bulacan sa kadahilanang ang mga ito na lamang ang mga natitirang gumagamit ng wikang Kapampangan sa mga natukoy na lugar) upang kumuha na lamang ng tigalawang (2) *informant* (Setyembre 23, 2018 hanggang Oktubre 20, 2018).

Upang makalap ang mga baryasyon ng tumbasang salita (J. Peralta,), natukoy ang tigatlong (3) pangunahing pangkat ng mga informant sa pag-aaral. Ang una ay mga napiling (1) *Senior Citizens* na may edad 60 pataas (R.A. 9257 sec. 2 letter “a”), ipinanganak, naninirahan sa lugar na nabanggit, at tagapagsalita ng Kapampangan. Ang sumunod na kategorya ay ang mga (2) may edad (36 to 59 taong gulang) na tagapagsalita ng wikang Kapampangan. Ang panghuling mga informant ay ang mga (3) milenyal na may edad 17 hanggang 35 na maaaring nag-aaral o kasalukuyang nagtatrabaho.

Makikita sa talahanayan 1 sa ibaba ang distribusyon ng mga pangkat ng mga informant sa bawat lokal.

Lokal	Senior Citizens (edad 60 – pataas)	May Edad (edad 36-59)	Millenyal (15-35)
Angeles City	5	5	5
Apalit	5	5	5
Arayat	5	5	5
Bacolor	5	5	5
Candaba	5	5	5
City of San Fernando	5	5	5
Florida Blanca	5	5	5
Guagua	5	5	5
Lubao	5	5	5
Mabalacat	5	5	5
Macabebe	5	5	5
Magalang	5	5	5
Masantol	5	5	5
Mexico	5	5	5
Minalin	5	5	5

Porac	5	5	5
San Luis	5	5	5
San Simon	5	5	5
Sasmuan	5	5	5
Sta Rita	5	5	5
Sta Ana	5	5	5
Sto. Tomas	5	5	5
Gatbuca, Calumpit Bulacan	5	5	5
Cabiao, Neuva Ecija	5	5	5
Hermosa, Bataan	5	5	5
Abucay, Bataan	5	5	5
Dinalupihan, Bataan	5	5	5
Tarlac City	5	5	5
Capas Tarlac	5	5	5
Bamban Tarlac	5	5	5
Concepcion, Tarlac	5	5	5
Inisyal na Bilang	155	155	155
Kabuoang Bilang	465		

Talahanayan 1. Distribusyon ng Pangkat ng mga *Informant*

Sa pagkalap ng baryasyon ng mga salita sa unang pagbisita, ginamit ang *checklist* ng mga mananaliksik (sumangguni sa Apendiks 6. unang checklist na ginamit). Ang mga panibagong salita na lumabas galing sa mga *informant* ay itinala at idinagdag sa panibagong *checklist* (sumangguni sa Apendiks 7. Pinal Checklist) na ginamit sa ikalawang pagbisita.

Sa pagkalap naman ng mga impormasyon sa kultura at sining, ang mga *senior citizen* at may edad na pinuno at gayundin ang mga may lubos na kaalaman sa gawaing pangkabuhayan at sining sa kanilang lugar ang mga isinaalang-alang na maging mga *informant*. Sa kabuoan, mayroong 155 na mga *informant* ang naging bahagi ng panayam hinggil sa kultura at sining.

Upang malaman ang kabuoang antas ng kalagayan ng wikang Kapampangan, ginamit ng mga mananaliksik ang *Graded Intergenerational Disruption (GID) Scale* (Fishman 1991).

Sa pangangalap at pagsisinop ng mga datos, gumamit ng *photo*, *video*, at *audio recordings* ang mga mananaliksik. Ang mga mananaliksik ay nagsama ng isang propesyonal na *photographer/videographer* upang kumuha at magdokumento sa isinagawang pag-aaral.

Sa pagsusuri ng mga dokumento, gumamit ng iba't ibang mga literatura ang mga mananaliksik na galing sa iba't-ibang mga silid-aklatan, mga polyeto at mapa na galing sa Kapitolyo ng Pampanga at mga munisipalidad sa labas ng Pampanga, at mga personal na pananaliksik ng ilang mga lokal na historyador, at sa pagkakakilanlan ng bawat diyalekto sa bawat munisipalidad. Ginamit din ang mga diksyonaryo ni Bergaño (1932) na isinalin ni Samson, V. (2007), Parker (1905), at Forman (1971) bilang sanggunian ng mga salitang nakalap ng mga mananaliksik.

Para sa pagpapatibay ng mga nakalap na datos, isinagawa ang balidasyon na ginanap noong Mayo 24, 2019 sa Angeles University Foundation (apendiks 10). Isinagawa ito sa pamamagitan ng pagkalap ng mga informant na magrerepresenta sa mga natukoy na lugar ng pananaliksik, mga edukador, mga mananaliksik, at mga paham sa wikang Kapampangan.

Mula sa nasabing balidasyon ay isinaalang-alang ang mga komento at suhestiyong nakalap para sa pinal na rebisyon.

Lokal ng Pag-aaral

Ang mga mananaliksik ay nagsagawa ng kanilang pag-aaral sa probinsiya ng Pampanga na may lawak na 2,181 kilometro kuwadrado (Capitol 2001). Ang lalawigan ng Pampanga ay sinasabing may mayaman na kultura, sining, at tradisyon buhat marahil sa impluwensiya ng mga dayuhang dumating sa bansa. Bago nagsagawa ng pag-aaral, ang mga mananaliksik ay humingi muna ng pahintulot sa gobernador (Apendiks 1) ng Pampanga upang makapagsagawa ng pananaliksik at nagbigay naman ang opisina nito ng pahintulot (Apendiks 2) pababa sa alkalde (Apendiks 3) hangang sa mga punong baranggay (Apendiks 4).

Ginamit ang *purposive sampling technique* sa pagtukoy kung anong mga bayan at mga lungsod ang kasali sa pag-aaral. Ibig sabihin, lahat ng mga bayan at mga lungsod sa Pampanga ay isinali sa pananaliksik sapagkat inaasahang sila ay mga purong tagapagsalita ng wikang Kapampangan. Sa pagtukoy naman ng kung ilan at alin sa mga baranggay ang nararapat na isali, sumangguni ang mga mananaliksik sa *statistician* ng Angeles University Foundation. Ayon sa kaniya, kahit isa lamang na barangay ang isali at kinakailangang gamitin ang *fishbowl technique*. Ang mga sumusunod ay ang labing-siyam (19) na baranggay sa bawat bayan at tatlong (3) lungsod sa probinsiya ng Pampanga sa una at pangalawang field work: (1) Baranggay Sampaloc at Baranggay Sto. Domingo sa bayan ng Apalit, (2) Baranggay Candating at Baranggay San Roque Bitas sa bayan ng Arayat, (3) Baranggay Cabetican at Baranggay Cabalantian sa bayan ng Bacolor, (4) Baranggay San Agustin at Baranggay Paralaya sa bayan ng Candaba, (5) Baranggay Gutad at Baranggay San Jose sa bayan ng Florida Blanca, (6) Baranggay San Juan Bautista at San Miguel sa bayan ng Guagua, (7) Baranggay San Nicolas I at Baranggay Calangain sa bayan ng Lubao, (8) Baranggay San Roque at Baranggay San Gabriel sa bayan ng Macabebe, (9) Baranggay Sto. Nino Balas at Baranggay San Pedro I sa bayan ng

Magalang, (10) Baranggay Sto. Nino at Baranggay San Isidro Matua sa bayan ng Masantol, (11) Baranggay Parian at Baranggay Pandacaqui sa bayan ng Mexico, (12) Baranggay San Nicolas at Baranggay Sto. Domingo sa bayan ng Minalin, (13) Baranggay Babo Pangulo at Baranggay Planas sa bayan ng Porac, (14) Baranggay San Agustin at Baranggay Sta Monica sa bayan ng San Luis, (15) Baranggay Sto Nino at Baranggay San Pablo Proper sa bayan ng San Simon, (16) Baranggay San Nicolas II at Baranggay Sta. Lucia sa bayan ng Sasmuan, (17) Baranggay San Isidro at Baranggay San Bartolome sa bayan ng Sta. Ana, (18) Baranggay San Matias at Baranggay San Juan sa bayan ng Sta. Rita, at (19) Baranggay Poblacion at Baranggay San Matias sa bayan ng Sto. Tomas. Ang mga nasa tatlong (3) lungsod naman ay, (1) Baranggay Balibago at Baranggay Sto. Rosario sa lungsod ng Angeles, (2) Baranggay Sta Lucia at Baranggay San Agustin sa lungsod ng San Fernando, at (3) Baranggay Cacutud at Baranggay San Joaquin sa lungsod ng Mabalacat.

Gayunpaman, maliban sa mga bayang bahagi ng mapa ng Pampanga ay natuklasan ng mga mananaliksik na ang mga bayang labas sa mapa ay gumagamit pa rin ng wikang Kapampangan bilang katutubong wika. Ang mga bayang ito ay isinali sa pananaliksik gamit ang ang *purposive sampling technique* dahil pawang nasa isang ispesipikong baranggay lamang ang mga grupo ng mga tao na nagsasalita ng wikang Kapampangan. Ang mga kasaling mga baranggay at bayan sa probinsiya ng Tarlac ay ang mga sumusunod: Barangay San Manuel at Baranggay San Francisco sa siyudad ng Tarlac, Baranggay San Francisco at Baranggay San Alfonso sa bayan ng Concepcion, Baranggay Sta. Lucia at Baranggay Sto Domingo sa bayan ng Capas, at Sitio Mainang at Baranggay San Nicolas sa bayan ng Bamban. Sa probinsiya naman ng Nueva Ecija ay ang Barangay Concepcion at Baranggay San Vicente, bayan ng Cabiao. Sa probinsiya ng Bulacan ang Baranggay Batasan Bayan ng San Miguel de Mayumo at ang Baranggay Gatbuca sa bayan ng Calumpit ay kasama sa pag-aaral. At ang panghuli ay ang probinsiya ng Bataan kung saan ang mga sumusunod na barangay ay kasali sa pag-aaral: Barangay Mabatang sa bayan ng Abucay, Calaguiman sa bayan ng Samal, Pantalan Luma sa bayan ng Orani, Pagalanggang at Daang Bago sa bayan ng Dinalupihan, at Balsik at Saba sa bayan ng Hermosa.

Ipinakikita sa larawan 1 ang eksaktong mga lokasyon ng mga barangay sa bawat munisipalidad sa mapa na tinukoy sa isinagawang pananaliksik.



Larawan 1. Mapa na Nagpapakita ng mga Eksaktong Lokasyon ng mga Barangay

Mga Instrumento sa Pangangalap ng mga Datos

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng tatlong (3) uri ng instrumento; ang paggamit ng listahan ng mga salita (Word List), *checklist*, at ang nakabalangkas na mga tanong (Interview Guide).

Word List. Binubuo ng 387 na mga salita na galing sa Komisyon sa Wikang Filipino (J. Peralta) ay siyang isinalin ng mga pangunahing mga informant sa wikang Kapampangan (sumanguni sa Apendiks 5).

Checklist. Ito ay ang listahang binubuo ng mga salitang inisyal na nakalap ng mga mananaliksik mula sa mga tagapagsalita ng wikang Kapampangan batay sa listahan ng mga salita ni J. Peralta (sumanguni sa appendiks 6).

Nakabalangkas na mga tanong. Mga katanungang nagmula sa “Gabay sa Lingguwistikong Etnograpiya” ng Komisyon sa Wikang Filipino ang ginamit ng mga mananaliksik sa kanilang pagtatanong sa mga pangunahing informants (sumanguni sa Apendiks 7).

Saklaw at Limitasyon

Ang mga mananaliksik ay nagsagawa ng kanilang pag-aaral sa probinsiya ng Pampanga at sa mga karatig-lugar nito na may mga residenteng gumagamit pa rin ng wikang Kapampangan bagaman nasa labas ng probinsiya.

Ang mga datos na nakalap mula sa fildwork ang ginamit sa pagbuo ng mga talahanayan ng mga salitang nagpapakita ng baryasyon at ang mga salitang walang naging pagbabago sa iba’t bang lugar sa Pampanga at sa mga karatig-lugar nito. Naging bahagi din ng pananaliksik ang panayam hinggil sa gawain ng mga informant na tumatalakay sa kanilang kultura.

Sa kabilang banda, hindi naging bahagi ng pag-aaral ang mga batang nasa edad 16 pababa. Ang pag-aaral na ito ay maaaring maging batayan naman ng isa pang pananaliksik na nakatuon lamang sa uri ng mga pangkat na kabilang sa 16 pababa.

HEOGRAPIYA NG PAMPANGA

Topograpiya

Ang lalawigan ng Pampanga ay may sukat na 2, 180.68 kilometro kuwadrado (pia.gov.ph 2019). Ito ay isang probinsiya sa Gitnang Luzon ng Pilipinas na nahihimlay sa bandang baybaying norte ng Look ng Maynila, hangganan ng Tarlac sa dakong Norte ng Pilipinas, sa may Hilagang-Silangan ng Nueva Ecija, Silangan ng Bulacan, Timog-Kanluran ng Bataan, at Kanluran ng Zambales.

Ang malaking bahagi ng Pampanga ay maituturing na kapatagan. Ang pangunahing ilog nito ay ang *Pampanga River* na bumabagtas mula Arayat, Candaba, San Luis, San Simon, Apalit, papasok ng Bulacan. Ang pinakamataas na anyong lupa naman na matatagpuan sa lalawigan ay ang Bundok Arayat.

Kung klima naman ang pagbabatayan, ang mga lugar dito ay nakararanas ng pantay na distribusyon ng ulan sa loob ng isang taon. Dahil ang kabuoan nito ay halos nasa mababang *elevation*, nagkakaroon ito ng mainit na klima. Ang gawaing pangkabuhayan ng mga tao sa lalawigan ito ay pagtatanim, pangingisda, paghahayupan, at gawaing pang-industriya at pangkomersiyo. Masasabi ding ang mga karatig na lugar ng lalawigan ay mayroon ganitong uri ng topograpikal na katangian.

Sa kabuoan, mayroong 19 na bayan at 3 lungsod ang Pampanga. Kabilang sa mga bayan ang mga sumusunod: (1) Apalit, (2) Arayat, (3) Bacolor, (4) Candaba, (5) Florida Blanca, (6) Guagua, (7) Lubao, (8) Macabebe, (9) Magalang, (10) Masantol, (11) Mexico, (12) Minalin, (13) Porac, (14) San Luis, (15) San Simon, (16) Sasmuan, (17) Sta. Ana, (18) Sta. Rita, at (19) Sto. Tomas, habang ang mga *component cities* ay kinabibilangan ng (1) San Fernando at (2) Mabalacat. Ang lungsod naman ng Angeles ay kinikilala bilang isang *independent city*.

Demograpiya

Sa kasalukuyan, mayroon kabuoang bilang na 2,609,744 na populasyon ang lalawigan ng Pampanga at may densidad na 1,100 kilometro kuwadrado ayon sa Philippine Information Agency.

Malaki ang papel na ginampanan ng demograpiya sa fieldwork dahil dito nakalap ang uri ng gawain, kasanayan, at ang pagkakatatulad at pagkakaiba ng kultura ng mga taong kabilang sa pananaliksik ayon sa kanilang edad. Nakalap din ang mga posibleng baryasyon ng wikang gamit ng mga tao batay sa listahan ng mga salita ni J. Peralta.

PAGKAKAKILANLAN NG PANGKAT

Ang Pangkat ng mga Kapampangan

Kinikilala ng mga *informant* ang kanilang mga sarili bilang mga Kapampangan at tagapagsalita ng wikang ito. Ang Kapampangan ay isang taong kinikilalang ipinanganak sa lalawigan ng Pampanga at tagapagsalita ng wikang Kapampangan. Maari ding matawag ang isang tao bilang Kapampangan kung ang isa o parehong magulang nito ay Kapampangan. Kapampangan din ang tawag ng mga taga-labas ng lalawigan upang tukuyin ang mga taong nakatira sa Pampanga at nagsasalita ng wikang ito.

Ang mga Kapampangan at ang Kanilang mga Tahanan

Sa paglalarawan naman sa uri ng tahanan ng mga Kapampangan, ang mga kabahayan ay nakabatay sa topograpiya ng isang lugar. Halimbawa, ang mga tahananang kabilang sa mga **madanúm** o katubigan ay karaniwang yari sa bato na may mataas na poste o pundasyon kung saan ang silong ay ginagamit na imbakan at kung saan itinatabi ang bangka na kanilang ginagamit bilang paraan ng transportasyon tuwing bumabaha.

Ang mga nakatira naman sa mga **talimundok** o sa mataas na bahagi na lugar ay may malalawak na lupain, kung saan nakatayo ang tirahan. Bagamat may mga gumagamit pa rin ng mga kahoy bilang materyales ng kanilang mga tahanan, karamihan sa mga ito ay yari na rin sa bato.

Sa mga nasa kapatagan, madalas na yari sa bato ang mga tirahan. May mga malalaki at maliliit na sukat ang mga ito. Dahil mas marami ang mga naninirahan sa kapatagan, madalas na dikit-dikit at yari sa bato ang mga kabahayan dito.

Kung ang pagbabatayan ay ang pagkakaayos ng mga kabahayan sa bawat uri ng lugar, masasabing halos tumpok-tumpok ang mga ito.

Dahil sa pagkakaroon ng iba't ibang uri ng topograpiya na nakaaapekto sa kanilang lokasyon at distribusyon, nakabuo ng mga termino ang mga pangkat batay sa kanilang kalagayan. Halimbawa, sa **madanúm**, **bagsé** o **baksé** na nangangahulugang **sagwan**, **tarundún** naman ang ginagamit na salita upang tukuyin ang landas sa matubig na lugar, **lálbug** o **makalbúg** na nangangahulugang lubog sa baha ang lugar, at **kakati** na nangangahulugang bumababa na ang tubig-baha.

Sa **talimundók** ginagamit ang salitang **pináng** para sa bahag, **tularì** sa talon, **mángarbun** sa pag-uuling, **mánasu** sa pangangaso, **mangútud** sa pagtatabas ng kahoy, at **taluktuk** sa tuktok ng bundok.

Sa kapatagan, **dáyat** ang salitang ginagamit upang tukuyin ang isang palayan na matubig,

dáyat málát ay para sa dagat, **taldawà** para sa palayán, at **gasgás** na nangangahulugang landas.

Sa pagsusuri nga mga baryasyon ng mga salitang ito, maaaring iugnay ang pagbabagong ito sa etnolingguwistikong kaligiran o paggalaw ng pangkat.

ESTRUKTURA NG LIPUNAN/KOMUNIDAD

Sa pag-aaral ng estruktura ng lipunang kinabibilangan ng mga Kapampangan, kapanpasin-pansin pa rin ang kulturang kolektibismo hanggang sa kasalukuyan. Masasabing may matalik na ugnayan ang pamilya kung kaya't kadalasang ang mga anak ay hindi humihiwalay sa kanilang mga magulang, kung hindi naman ang mga magulang ang tumitira sa kanilang mga anak na bumubuo sa isang *extended family*.

Masasalamín ang pagpapahalaga sa pamilya sa mga kaugalian at kasanayan nila sa proseso ng pagpapakasal, pag-aasawa, pagkakamag-anak, at sa kanilang pakikipag-ugnayan sa komunidad.

Sa proseso ng pag-aasawa, karaniwang nagsisimula sa **pamaglóló** o pagliligawan ang mga Kapampangan. Noong unang panahon, konserbatibo ang paraan ng pagliligawan kung saan ang lalaki ay umaakyat ng ligaw sa pamamagitan ng paninilbihan sa pamilya ng babae hanggang sa araw ng pamamanhikan upang hingin ang kamay ng dalaga. Masasalamín din ito sa mga unang lipunan sa ibang lugar ng bansa. Ang lalaki ay nararapat lamang na magsilbi at sumuyo sa pamamagitan ng pag-iigib ng tubig, pagsisibak ng kahoy, pag-aararo ng bukid, at iba pang gawain upang maipakita ang kaniyang pagmamahal sa dalaga. May ibang mga pamilya naman na ipinagkakasundo ang kanilang mga anak. **Pakipamuri** ang tawag dito sa kulturang Kapampangan. Sa lugar gaya ng Capas, malaking bahagi ng panliligaw ang panghaharana ng lalaki sa babae. Gaya ng kultura sa ibang lugar sa bansa, kadalasang kasama ng lalaki ang kaniyang matatalik na kaibigan sa oras ng panghaharana.

Nararapat din na **makibása** o makipagkaibigan din ang lalaki sa babae hanggang sa magkapalagayan sila ng loob. **Atiñ lúb** ang tawag dito sa Kapampangan

Sa kasalukuyang panahon, nagkaroon na ng malaking pagbabago sa paraan ng pagliligawan bunga ng pagdating ng mga dayuhang mananakop at impluwensiya ng modernisasyon partikular na ang paggamit ng teknolohiya.

Sa katunayan, sa isinagawang pakikipanayam ng mga mananaliksik, ang lahat ay nagsabi na halos sa mga kalalakihan ngayon ay nanliligaw sa pamamagitan na lamang ng telepono o kaya naman ay *social media*. Marami ding nagsabi na mas naging mabilis ang pagliligawan ng mga kabataan sa kasalukuyang panahon at madalas ay nakikilala na lamang ng mga magulang ng dalaga ang lalaki kapag sila ay magkasintahan na.

Malaki din ang sinasabing pagkakaiba sa proseso ng pagpapakasal noon kumpara sa kasalukuyang panahon. Noong unang panahon, nagsisimula sa pamamanhikan ang pag-aasawa kung saan nagtutungo ang pamilya ng lalaki kasama ang mga piling kamag-anak na kadalasang binubuo ng mga nakatatanda, may pinag-aralan, at may kaya sa buhay. Sa prosesong ito nagkakasundo ang dalawang pamilya sa detalye ng kasal gaya ng petsa, lugar, pagkain, isusuot na damit, ninong at ninang, at iba pang bahagi ng kasalan.

Sa pamamanhikan, karaniwang nasusunod ang kahilingan ng pamilya ng dalaga na tinatawag na **kebabaynán** ng mga Kapampangan. Ngunit may mga pagkakataon din na ang pamilya ng binata ang nasusunod. Ito ay tinatawag naman na **kelalakyán**. Naghahanda din ang pamilya ng binata ng mga pagkaing ihahain sa araw ng pamamanhikan. Iniluluto ito ng mga kamag-anak at kaibigan ng pamilya ng lalaki na tinatawag nilang **sugò**. Kadalasang ipinasasama na ang dalaga sa binata pagkatapos ng pamamanhikan na nangangahulugang pagtanggap ng responsibilidad ng lalaki sa babae.

May mga pagkakataon naman na ang dalawang nagmamahalan ay nagdedesisyong mag**pusitára** (magtanan). Hango ang salitang **pusitára** sa ekspresyon na “Psst! Tara.” na nangangahulugang pagyayaya ng binata sa dalaga upang magtanan. Sa kaugaliang Kapampangan, sinasabing responsibilidad na maituturing ng pamilya ng binata na ipaalam ang pagtatanan sa pamilya ng dalaga. Sa ganitong pagkakataon, wala nang pamamanhikang nagaganap dahil ang kagustuhan na ng lalaki ang masusunod.

Malaki rin ang pagkakaiba ng pamamanhikan ng mga Kapampangan noon sa kasalukuyang panahon. Ngayon, sinasabing ang pangunahing tagapagplano ng mga detalye ng kasal ay ang magkasintahan. Pumapasok na lamang ang mga pamilya ng dalawa tuwing ipaalam ang mga detalyeng ito at upang magbigay ng kanilang basbas. Hindi na rin sinusunod ang mga nakasanayan na pamamanhikan dahil sa pagbabago ng panahon.

Sa pagpapakasal, malaking papel ang ginagampanan ng simbahan noon sapagkat pinaniniwalaan na ang basbas ng simbahan ay mahalaga para sa tagumpay at kapayaan ng buhay ng mag-asawa. Sa katunayan, pinaghahandaang mabuti ng magkasintahan ang kanilang pagpapakasal sa simbahan. Nagiging bahagi din ang dalawang pamilya sa paghahandang ito. Ang **solisitúd**, o ang pag-aasikaso ng mga papeles sa munisipyo na susundan naman ng **kapabalwan** o ang pag-aanunsiyo sa mga tao sa simbahan tungkol sa pagkakakilanlan ng mga ikakasal kasama na ang kanilang mga pangalan, magulang, kaarawan, petsa ng kasal, at iba pang mga impormasyon.

Maraming **ariyà** o pamahiin din ang sinusunod ng mga Kapampangan noon sa pagpapakasal bilang pagpapakita ng pagpapahalaga ng mga pamilya ng ikakasal sa kanilang magiging pagsasama. Ang **súkub**, na pagbabawal sa pagpapakasal ng magkapatid sa parehong taon, ay iniwasan ng mga ikinakasal dahil pinaniniwalaang magdudulot ito ng kamalasan sa pagsasama ng dalawa. Isinasagawa din ang **pámanyiklód** ng bagong kasal sa mga nakatatanda ng magkabilang pamilya na nangangahulugan ng paghingi ng basbas ng bagong mag-asawa. Ang pagsusukat ng **tráje de bóda** bago ang kasal ay mahigpit ding ipinagbabawal sa dalaga. Pinaniniwalaang hindi matutuloy ang

nakatakdang kasalan kapag isinukat ito. Maaaring hindi matuloy o umatras ang isa sa kanila sa araw o bago ang kasal. Sa pagkakataong ito, tinatawag na **keurúngan** ang hindi sinipot sa kanilang dalawa.

Pagdating sa handaan, tinitiyak ng pamilya ng lalaki na may sapat na ihahain para sa mga bisita o dadalo ng kasal. Kung minsan, nagkakasundo na maghahanda ang dalawang pamilya at pagsasamahin nila ito sa oras ng kasal na tinatawag nilang **salúbung**. Dahil likas sa mga Kapampangan ang pagpapahalaga sa pagkain bilang isang paraan ng pagbubuklod at pagtanggap ng mga bisita, tinitiyak ng bawat isa na hindi **makurilyu** o magkulang ang pagkaing ihahanda sapagkat tinuturing na malaking usapan o kahihyan ang pangyayaring ito ng mga Kapampangan. Ngunit bunga ng modernisasyon, marami sa mga kasanayan at paniniwalang ito ang hindi na sinusunod sa pagpapakasal. Maging ang pagpapakasal sa simbahan ay napalitan na rin ng pagpapapakasal na lamang sa huwes o ang pagbibigay basbas ng munisipyo sa mga ikinakasal. Hindi na rin gaanong binibigyang-pansin ang mga nabanggit na **ariyà**. Halimbawa, ang dating pagbabawal sa pagsusukat ng damit ay hindi na sinusunod ng mga ikinakasal. Sa halip, ilang beses ang ginagawang pagsusukat ng damit sa ikakasal upang matiyak na ito ay lapat at maayos na maisusuot ng babae. Maging sa araw ng kasal, karaniwang ang magkasintahan na ang pumipili ng lugar na pagdarausan batay sa makakayanan ng kaniyang perang gugol.

Kung ang pag-uusapan naman ay ang pagkakamag-anak, mas madalas ang pagkikita at pagsasama-sama ng mga magkakamag-anak noon. Sa kasalukuyan, mas kaunti na lamang ang pagkakataon na sila ay magsama-sama bunga marahil ng mas abalang pamumuhay. Gayunpaman, lumalabas pa rin ang pagkakamag-anak sa oras ng pangangailangan kung saan nasasangkot pa rin ang mga malalapit at malalayong kamag-anak ng pamilya. Sa kulturang Kapampangan, isinasaalang-alang ang pagiging malapit ng kamag-anak ayon sa dalas ng pagkikita, pagpapahalaga, at pag-aalaga ng kamag-anak sa isa pang kamag-anak.

Sa panahon ng pagkakaroon ng suliranin, malaking papel ang ginagampanan ng mga nakatatanda sa pamilya. Kadalasang sila ang namumuno at namamagitan sa pagsagot sa problema ng mag-anak. Nangangahulugang mataas ang pagtingin ng pamilyang Kapampangan sa kanilang mga nakatatanda.

Maging sa komunidad, ang mga matatanda ay pinahahalagahan pa rin sapagkat karamihan sa mga kinapanayam ay nagsabi na sila ay nahihingan pa rin ng opinyon sa mga usaping pangkomunidad. Makikita pa rin ang pagbibigay-galang at pagpapahalaga sa kanila sa pamamagitan ng pagbibigay-proteksiyon sa kanilang mga karapatan at antas sa buhay.

Sa isinagawang pananaliksik, sinasabing nagbago man ang paraan ng pagpapakita ng paggalang ng mga kabataan ay nararamdaman pa rin ng mga matatanda ang respeto ng mga nakababata. Samantala, ang mga nakatatanda naman sa komunidad ang nagbibigay-pagpapahalaga sa mga batang miyembro ng komunidad sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga batas para sa kanilang proteksiyon.

Para sa mahusay na ugnayan sa komunidad at para sa kapakinabangan ng lahat ay nagkakaroon ng **agúman** o pagtitipon kung saan nagaganap ang **pámitágun** o pagdalo ng mga miyembro ng komunidad upang talakayin ang mga isyu at iba pang mga bagay na makabubuti para sa lahat. Ang **pámanúbud** na nangangahulugang pagsugo ng isang kinatawan ng komunidad sa pamilya na nangangailangan ng tulong ay isang malaking kasanayan ng mga Kapampangan. Ang **pámantábe** o pag-aalalay sa mga taong nakararanas ng problema sa buhay ay bahagi din ng kulturang Kapampangan. Ang mga gawaing ito ay nagpapakita lamang ng pagpapahalaga ng mga Kapampangan sa kaugaliang **pámakyábe** o pakikisama. Ang mga **sugò** na kadalasang mga kaibigan na tumutulong nang walang perang kapalit ay nagbibigay-buhay din sa ugaling **pámanyáup** o pagbabayanihan ng mga Kapampangan.

ESTRUKTURA AT SISTEMA NG PAMAMAHALA

Isang malaking bahagi ng pamumuhay ng mga Kapampangan ang sistema ng pamamahala. Kagaya ng sistema ng ibang mga kultura, barangay ang tinuturing na pinakamaliit na yunit ng lipunan. Ito ay pinamumunuan ng isang Kapitan. Taliwas sa kasanayan noong unang panahon, hindi lamang ang pinakamayaman sa pangkat o pinakamakisig sa lugar ang maaaring maging pinuno sa barangay. Ang pagpili ng kanilang magiging pinuno ay dumadaan sa proseso ng pagboto na kung saan ang kanilang mga batayan ay naaayon sa iba't ibang prinsipyo na kadalasang mabait, may paninindigan, matulungin, marunong makisama, at nakikinig sa mga hinaing ng mga tao. Madalas din na lalaki ang pinipili nilang maging pinuno ng barangay sa paniniwalang mas matatag ang pagdedesisyon ng lalaki kaysa sa babae. Hindi gaya ng mga datu o sultan sa ibang mga kultura, hindi naipapasa ang kapangyarihan ng isang kapitan sa kaniyang anak o asawa. Kailangang dumaan muna sa parehong proseso upang makamit ang posisyon na nais sa barangay. Sa panahon ng halalan, karaniwang isinasagawa ng mga Kapampangan ang **kawkús**. Ito ay isang **agúman** o pagpupulong na binubuo ng maliit na bilang ng mga tao na kadalasang isinasagawa sa mga kalye bago ang eleksiyon. Kadalasang dinadaluhan ito ng mga taong sumusuporta sa mga kandidato.

Naaayon naman ang batas ng mga Kapampangan sa itinakdang batas ng bansa. Sa lipunang Kapampangan, mataas ang kanilang pagtingin sa mga nakatatanda. Kagaya ng pagkakaroon ng *Council of Elders*, mayroong tinatawag na **lípon** (**lupun** sa ibang lugar sa lalawigan) ang mga Kapampangan na binubuo ng mga nakatatanda sa isang barangay. Ang mga ito ay pinili ng pinuno sa pamamagitan ng **pamánuldu** (*appointment*) upang mamagitan sa mga hidwaan o anumang isyu na kinakaharap ng mga tao sa isang barangay.

GAWAING PANGKABUHAYAN

Ang topograpikal na kalagayan ay isang malaking salik sa gawaing pangkabuhayan ng mga tao sa isang lugar. Ito ang nagtatakda ng uri ng hanapbuhay ng mga taong nakatira dito. Halimbawa, ang mga taong nasa **danumán** ay kadalasang mga

mánasan at **magplásdan** (mangingisda at nagpapalaisdaan) gaya ng mga nasa bayan ng Lubao, Masantol, Macabebe, Sasmuan, Guagua, Apalit, at Minalin. Sa mga panahon na mababaw ang tubig sa mga lugar na ito, pagtatanim ang kanilang pangunahing hanapbuhay kung saan ang **dáyat** (sumangguni sa larawan 2.) o palayan na matubig ang kanilang pinagtataniman. Maging ang bayan ng Candaba, San Simon, San Luis, bahagi ng bayan ng Arayat, at ang Abucay na nasa labas ng lalawigan ay nakikinabang din sa ganitong uri ng hanapbuhay dahil sa pagkakaroon ng masaganang tubig sa kanilang lugar.



Larawan 2. Ing Dayat

Maituturing ding pangunahing hanapbuhay ng mga tao ang paggawa ng paso gaya ng mga nasa Santo Tomas. Maging ang **pámangabáung** o ang paggawa ng kabaong ay isang pangunahing ikinabubuhay ng mga tao sa lugar na ito.

Sa mga lugar na tinatawag na **talimundúk**, isang mataas na lugar na maaring nasa paanan ng isang bundok o burol, kadalasang **pamanásu** (paghuhuli ng hayop) at **pamangútud dútung** (pagtotroso) ang madalas na hanapbuhay ng mga tao. Kabilang sa mga lugar na ito ang mga bayan ng Florida Blanca, Porac, at Mabalacat. Sa mga karatig-lugar naman ng Pampanga makikita rin ang ganitong uri ng hanapbuhay gaya mga nasa bayan ng Dinalupihan, bahagi ng Hermosa, Bataan, Bamban, at Capas na matatagpuan rin sa mga **talimundúk**.

Pamananam (Pagtatanim)

Sa mga mababang-lugar o kapatagan, kadalasang gawaing agrikultural gaya ng **manyakul** (pagtatanim ng tubo) at **manásik** (pagtatanim ng palay) at pag-aalaga ng hayop ang kanilang ikinabubuhay. Ang mga lugar kagaya ng Bacolor, San Fernando, San Simon, Santo Tomas, San Luis, Mexico, Santa Ana, Candaba, Arayat, Magalang, at ang mga lugar sa labas ng lalawigan, Cabiao, Concepcion, at Tarlac City ay nakikinabang sa mga gawaing ito.

Ásikán (sumangguni sa larawan 3) ang salitang gamit ng mga Kapampangan sa kanilang mga palayan. **Ortelánu** naman ang tawag nila sa mga magsasaka (larawan 4) Kagaya ng mga nasa ibang lugar, **damúlag** o kalabaw ang kasama ng isang **ortelánu** sa kaniyang pagsasaka. Kung minsan, ang **ortelánu** ang mismong may-ari ng lupa. May mga

pagkakataon naman na kasama ang nagtatanim sa isang **ásikán** na tinatawag na **kasamák** o **mákipananám** ng mga Kapampangan. Tuwing anihan o **pamamupul**, binibigyan ng porsiyento ng ani ang kasama o binabayaran siya ng may-ari ng lupa. May mga tinatawag ding **mákialdáwan** o arawan ang bayad sa kanila bilang kapalit ng kanilang pagtatrabaho sa isang **ásikán**.



Larawan 3. Ásikan



Larawan 4. Ortelanu

Sa tradisyonal na paraan ng pagtatanim, may mga pagkakataon na kumukuha ng mga umaawit at naggigitara ang mga magsasaka. Para sa kanila, mas nagiging mabilis at magana ang mga **ortelánu** kapag naririnig nila ang tugtog. **Babáge** ang tawag nila sa mga ito na kadalasang isang naggigitara at isang umaawit.

Karaniwang nagsisimula ang mga **ortelánu** sa **pamanyarúl** (larawan 6) o pag-aararo na susundan naman ng paggamit ng **aswé** o (larawan 5) suyod ng mga magsasaka. Pangunahing ginagamit ang **aswe** sa pagbubungkal at pagdurog ng lupa upang maging malambot ito at upang matanggal ang mga mapanirang damo sa lupang sakahan. **Manaswé** ang tawag sa gumagawa nito. Pagkatapos nito ay papatagin muli ang lupa at uulitin ang pag-aararo. **Mamanté** o **mamátag** ang tawag sa taong gumagawa naman nito. Sa gawain ding ito isinasabay ng mga Kapampangan sa **asikán** ang **pamángamarû**, ito ay ang panghuhuli ng **kámarû** na isang insektong madalas na matatagpuan sa mga lupang sakahan. Lumalabas ang mga ito kapag ang lupa ay dinaanan ng **aswé** ng mga magsasaka.



Larawan 5. Aswé



Larawan 6. Sarúl

Pagkatapos ng mga gawaing ito, tutubigan ang lupa upang maging lubos na malambot at mataba sa pamamagitan ng dalawang paraan. Maaaring makakuha ng tubig ang mga **ortelánu** sa pamamagitan ng irigasyon na dadaan sa mga palayan kapag ito ay binuksan mula sa malayong lugar. Madalas, **paranúm** (sumangguni sa larawan 7) naman ang ginagamit ng iba na kung saan ang tubig ay nagmumula sa ilalim ng lupa na hinihigop ng isang makinang gumagamit ng gasolina. Ang huling bahagi ng pagtatanim ay ang paglalagay ng mga binhi sa **asikán** (larawan 8). Ang prosesong ito ay ang kadalasang sinusundan ng mga magsasaka ng palay.



Larawan 7. Paranúm



Larawan 8. Ásikan

Maragati (sumangguni sa larawan 9) ang tawag ng mga Kapampangan kung saan pinagpapantay-pantay ang sukat o ang pagitan ng pakakatanim ng mga palay. May pagkakataon naman na isinasabog na lamang ng isang magsasaka ang mga binhi ng palay na tinatawag na **sabug** na kung saan hihintayin na lamang ng mga magsasaka na tumubo at mamunga ang mga ito. Sinasabing mas madali at mas mabilis ang proseso ng **pámanyábug**.



Larawan 9. Maragati

Sa oras ng **pámamúpul** o pag-aani, kadalasang tulong-tulong ang mga **ortelánu** sa paggawa nito. Gamit ang karit o ang **láwit** o **láyit** (tingnan ang larawan10) maingat na aanihin ng mga **ortelánu** ang kanilang mga palay. Iniiipit ang bungkos ng palay sa tinatawag na **pyúka** saka ihahampas ang mga ito. Pagkatapos nito, gamit ang **asung** at **alu** (lusong at pambayo), binabayo ang palay upang ihiwalay ang **apâ** (ipa) sa **abyas** (bigas). Ihinihiwalay naman ang mabigat na butil ng bigas mula sa mga natirang mga **apâ** gamit ang bilao. Ang prosesong ito ay tinatawag na **payágin** o pagpapahangin ng mga Kapampangan. Ang natipong **abyas** ay karaniwang inilalagay sa isang **garéta** (sumanguni sa larawan 11) upang dalhin sa kamalig. Ang tawag dito ay **karyáda** kung ang isinasakay sa gareta ay **pále** (palay) at **garséru** kung ang isinasakay ay **atbu** (tubo).



Larawan 10. Láwit o Láyit



Larawan 11. Garéta

Sa mga nagtatanim naman ng mga tubo na tinatawag na **manyakul** ng mga Kapampangan, **tabtáb** (larawan 12) ang tawag sa binhi ng tubo. Inihuhulog ng isang **mágnakbag** ang mga binhi habang sinusundan ang mga ito ng **manyákul** upang ibaon sa lupa. Sa panahon ng anihan, puputulin ng isang **mánábas** o nagtatabas ang mga tubo gamit ang **kampílan** (larawan 13) saka dadalhin ng isang **mamwot** o tagabuhat ang mga naaning tubo.



Larawan 12. Tabtáb



Larawan 13. Kampílan

May mga tinatawag na **mandarul** ang mga Kapampangan na nagsisilbing ahente o tagapamagitan at tagapamahala para sa may-ari ng lupa at ng magtatanim nito. Sa tradisyong Kapampangan, isinasama ng isang **mandarul** ang mga kabataan upang matuto sa proseso ng pagtatanim. Naniniwala ang mga Kapampangan na mahalaga ang gawaing ito upang hindi tuluyang mamatay ang gawain at kaalaman tungkol sa pagtatanim sa kanilang lugar.

Sa paniniwalang Kapampangan, iniawasan ng mga **ortelánu** ang pagtatanim ng Lunes sa paniniwalang kapag nagkaproblema sa pagtatanim ay aabot ng ilang araw o ng buong linggo ito.

Pámanasan (Pangingisda)

Dahil ang Pampanga ay biniyayaan ng yamang-tubig na nagmumula sa ilog, pangingisda o **pámanasan** ang isa sa mga pangunahing kabuhayan ng mga tao dito. May iba't ibang paraan ng **pámanasan** sa Pampanga . Ang iba ay namamangka sa ilog at iba pang anyong-tubig habang ang iba naman ay nag-aalaga ng kanilang mga isda sa mga **plásdan** o palaisdaan (sumangguni sa larawan 14) Iba-iba rin ang mga kagamitang kanilang ginagamit gaya ng **pamadwas** o pamingwit na karaniwang binubuo ng **tamsí** o **tansí** (ginagamit na tali upang mahuli ang isda), **pabatu** (ginagamit upang lumubog ang pain), **taga** o ang kawit, at kawayan na nagsisilbing hawakan nito.



Larawan 14. Plásdan

Isang malaking bahagi rin ng gawaing pangingisda ang **kitig** o lambat. Ginagawa ang **kitig** sa pamamagitan ng pagtatali ng mga **tansí** (**tamsi** sa iba) na tinatawag na **dala** ng mga **mánasan** na Kapampangan. Dito nanggaling ang salitang **dadala** na nangangahulugang paghagis ng lambat sa tubig upang manghuli ng isda.

Sa iba't ibang bahagi ng Pampanga gaya ng Candaba matatagpuan ang **kitang**. Ito ay yari sa dalawang kawayang magkabilang nakatusok sa lupa na tinatawag na **túlus**. Pinag-uugnay sila ng isang **lawáyan**, isang pisi na nakatali sa magkabilang bahagi. Sa **lawáyan** nakasabit ang mga pisi na may maliit na **taga** o kawit sa dulo kung saan nilalagay ang mga paing nakababad sa tubig. **Palwe** naman ang tawag kung ang **taga** ay higit na mas mahaba kaysa sa mga nasa **kitang**. **Palawe** ang tawag dito ng mga nasa Hermosa, Bataan.

Isang kakaibang paraan din ng panghuhuli ng isda ang **pamalan** o **pámaglimas**. Huhukay ang isang **mánasan** sa lupa (baybay ng ilog) malapit sa tubig. Pag-uugnayin ang tubig at ang hukay sa pamamagitan ng paghuhukay pa ng maliit na daanang mag-uugnay sa dalawa. Magkakaroon ng tubig ang hukay at dahil mas gusto ng mga isda na manatili sa tubig na may mas mababang temperatura dahil sa silong ng **bumbún**, dadaan ang mga isda at papasok sa hukay na ginawa. Pagkatapos ng ilang araw, tatakpan ang daanan ng tubig at aalisin ang tubig na nasa hukay upang kunin ang mga isda. Sa paraang ito, nagiging madali at mabilis ang **pámanasan**. Kung minsan, gumagamit ng **sakag** (baklad) ang isang **mánasán**. Ito ay yari sa dalawang magka-ekis na kawayan na may lambat sa gitna. Nagsisilbi itong pansalok ng isda ng mga **mánasan**.


Ang paghuli ng **uláng** o **paro** (hipon) ay bahagi din ng **pámanasan**. **Kimput** ang tawag sa ginagamit sa paghuhuli ng paro (sumangguni sa larawan 15) Ito ay pinagsama-samang kawayan na binalutan ng lambat at may habang dalawang talampakan. Inilulublob ito sa tubigan ng magdamag at iaahon kinaumagahan upang ipunin ang mga laman sa loob nito.



Larawan 15. Kimput

Maliban sa mga kagamitang ito sa **pámanasan**, itinuturing na pinakamahalagang gamit ng mga mangingisdâ ang bangka. Ang bangka ay ang nagsisilbing paraan ng transportasyon ng mga **mánasan** sa kanilang paglusong sa tubig. Ito ay binubuo ng iba't ibang mga bahagi na maingat na ginagawa upang masiguro ang maayos at ligtas na **pámanasan**. Ang **lúnas** ay ang pinakailalim na bahagi ng isang bangka na inaapakan ng mga sakay nito. **Sumanga** naman ang tawag sa pinakaharapang bahagi ng bangka. Ito ang nagsisilbing tagahawak ng **sandikilan**, ang magkabilang malapad na kahoy na nagsisilbing katawan ng bangka. Sa dulo nito ay ang **panamulin**, na nagsisilbi namang tagahawak ng dulong bahagi ng **sandikilan**. Upang mas lalong maging matibay ang pagkakabuklod ng mga bahagi ng bangka, nilalagyan ito ng mga suhay sa magkabilang bahagi ng **sandikilan** na tinatawag na **panamulin**. **Palka** naman ang pinakamataas na bahagi ng bangka na lalong nagpapatibay sa kayarian nito.

Sa tradisyonal na paraan ng pamamangka, **bagsé** (sumangguni sa larawan 16) ang nagiging katulong ng isang **mánasan** upang mapagalaw ang bangka. Ang **bagsé** o **baksé** ay ang sagwan ng mga Tagalog. Ito ay binubuo ng dalawang bahagi lamang—**bulung** (o ang malapad na bahagi) at ang **talnánan** na nagsisilbing hawakan. Sa kasalukuyang panahon, bangkang de motor na ang ginagamit ng mga **mánasan**.



Larawan 16. Ing Bangka at Bagse

Ang kadalasang laman ng mga katubigan ng Pampanga na nahuhuli o inaalagaan ng mga **mánasan** ay tilapia, **páro** o **uláng**, **yángbakuling** (**yángkwayan**, **yángpukpuk**, **yángtutû** na naaayon sa laki), **hitò**, **buliğ**, **guramí**, **aroyu**, **wali-wali** (**alu-alu** o **luwalu**), **arapa**, **royal**, **bángus**, **éma**, **alamáng**, **talangkâ**, **likáuk** o **ayúngin**, **balának** o **bának**, **salamantórak**, *fighting fish*, *“silver” knife fish*, **tulauk**, at **kómon**.

Sa **pámanasan**, may isang lugar kung saan ibinabagsak at iniipon ang mga isdang galing sa **pinák** (palaisdaan) na tinatawag na **kónsignasyún**. Bago makarating ang mga isda sa lugar na ito, binibili na ang mga ito ng tinatawag na **bakulera**. Sila ang bumibili sa mga isda sa **pinák** at nagdadala ng mga ito sa **kónsignasyún**. Dito naghihintay ang mga mangangalakal ng isda habang iniaahon ng isang **mamálakáya** o ang isang mangingisda sa **pinák**. Pinaghihiwa-hiwalay ang mga isda ayon sa kanilang laki at inilalagay sa mga banyera. Ang tawag sa prosesong ito ay pagti-**tinor**. Halimbawa, **didi** ang tawag sa mga isda na may katamtamang laki at maaaring gamitin sa pagdadaing. **Dudúlung** o pupunta sa **pinák** ang mga **mánasan** ng **ganingaldó** o madaling araw at **sasáka** o aahon lamang kapag papasikat na ang araw.

Pámamadwás Tugák (Paghuhuli ng Palaka)


Kilala rin ang mga Kapampangan sa paghuhuli at pagluluto ng **tugák tutu** o isang uri ng palaka na maaaring kainin. Sa paghuhuli ng **tugák** na tinatawag nilang

pámamadwás (Sumangguni sa larawan 17), kadalasang ginagawa ito sa umaga (**ábak** sa Kapampangan) at hapon (**gatpanápun** sa Kapampangan). Gumagamit ng **padwás** o pamingwit ang mga nanghuhuli ng **tugák**. Ang malaking kaibahan ng **padwás** na ginagamit sa mga **tugák** ay ang hindi paggamit ng **tagâ**.

Ang padwas ay binubuo ng kawayan, na may tansí na hindi hahaba sa dalawang metro at nilalagyan ng **apán** (Sumangguni sa larawan 18) o pain. Kapag kinagat ng **tugák** ang **apán** ay biglang hihilahin pataas ang padwas at mahahagis ang huli saka sasaluhin sa isang **alawa** (sumangguni sa larawan17).



Larawan 17. Pamadwas Tugak



Larawan 18. Apan at Tansí

Pamagparul (Pagpaparol)

Dahil ang mga Kapampangan ay may malaking pagpapahalaga sa pagdiriwang ng kapaskuhan, nakatulong din ng malaki ang pagdiriwang na ito sa gawaing pangkabuhayan ng mga Kapampangan partikular na ang mga tao sa San Fernando. Ang paggawa ng parol o **pámagparúl** ay bahagi na ng hanapbuhay ng mga Kapampangan na namana pa nila sa

kanilang mga ninuno. Sinasabing nagmula ang paggawa ng parol noong panahon ng mga Espanyol sa bansa kung saan gumamit ng mga ilawan ang mga taong magsisimba upang makadalo sa simbang gabi. Sa paglipas ng panahon, ang kasanayang ito ay nagbago sa pamamagitan ng pagsasaayos ng mga ilawang ito na naging mga parol.

Noong una, ang mga parol na ginawa ay yari sa maninipis na kawayan, papel de hapon, na iniiliwanan ng gasera. Ngunit dahil sa pagkakasunog ng mga parol mula sa apoy ng gasera kaya pinalitan ito ng bombilya at ang kawayan ay pinalitan ng alambre upang mas maging matibay. Sa kasalukuyan ay capiz (Sumangguni sa larawan 19) na ang ginagawang parol ngunit may mangilan-ngilan pa ring gumagamit ng plastic dahil mas mura ito kaysa sa capiz.



Larawan 19. Deng Parol a Gawang Capiz

Pamagburu (Pagbuburo)

Ang **pámagburu** (pagbuburo) ay isang proseso ng preserbasyon ng kanin na hinaluan ng sariwang isda. Pilî ang uri ng isda na ginagamit sa prosesong ito gaya ng **bulig**, tilapia, hito, at gurami. Maaari ring ihalo ang **uláng** o **páro** sa kanin na tinatawag na **baló-bálo** ng mga Kapampangan. Sa ibang lugar naman sa Pampanga, ang karne ay ginagawa ring **búru**.

Sa proseso ng paggawa ng **búru**, nililinis muna ang isdang ihahalo sa kanin at saka lalagyan ng tubig na may asin at ibabad ito ng hanggang isang araw. Pagkatapos, patutuyuin ito bago ihalo sa kanin. Dadagdagan ng asin, *prít pówder*, at ilalagay sa isang lalagyan na hindi napapasok ng hangin upang maiwasan ang pagkasira ng preserbasyon.

Ang gawaing ito ang isa sa mga pinagkakakitaan ng mga tao sa Candaba.

Pamangabaung (Paggawa ng Kabaong)

Ang paggawa ng kabaong o **pámangabáung** (sumangguni sa larawan 20) ay isa sa mga gawaing hanapbuhay din na matatagpuan sa Pampanga partikular na sa lugar ng Sto. Tomas. Ang gawaing ito ay karaniwang natututuhan mula sa magulang at naipapasa sa mga anak. Kahoy na *lumber* ang ginagamit ng mga gumagawa ng kabaong na kadalasang nagmumula sa ilang bayan ng Pampanga.

Latéru ang tawag sa Kampampangan sa mga taong bumubuo ng kabaong gamit ang yero. **Karpintéru** o **alwagi** naman ang tawag sa taong gumagawa gamit ang kahoy. Tinutulungan sila ng **pintór**, ang tagapintura ng kabaong, **mágmásiya** o ang tagatakip ng mga butas, at tagapagpakinis. Susundan ito ng *finishing* na kung saan lilinisin, huhulmahin, at lalagyan ng pangwakas na disenyo ang kabaong. **Manyéda** ang tawag sa naglalagay ng seda para sa dekorasyon sa loob ng kabaong.



Larawan 20. Pamangabaung

Business Process Outsourcing

Ang lungsod ng Angeles naman ay may malaking potensiyal sa gawaing pangkomersiyo. Maraming mga *Business Process Outsourcing* (BPO) ang matatagpuan sa lungsod. Maging ang mga dalawang malaking pamilihan sa lalawigan ay matatagpuan dito: **Paléngking Lúmâ** (*Pampang Public Market*) at **Paléngking Báyu** (*San Nicholas Public Market*). Nagtayuan din ang mga malalaking *mall* sa mga lugar ng Angeles, Mabalacat, Mexico, at San Fernando. Malaking bahagi ng hanapbuhay ng mga tao sa mga lugar na ito ay nakadepende sa mga gawaing pangkomersiyo.

RELIHIYON

Sinasabing likas sa mga Kapampangan ang pagiging relihiyoso dala marahil ng pananatili ng mga Kastila sa lalawigan sa loob ng mahabang panahon. Noon at ngayon, masasalamain pa rin ito sa kulturang Kapampangan na patuloy pa ring humuhubog sa pag-uugali at paniniwala ng mga Kapampangan hinggil sa mga espiritwal na bagay.

Maleldo

Ang Mahal na Araw, **Maléldo** (**Maláldo** sa ibang mga lugar sa lalawigan) ay isang mahalagang okasyon sa relihiyon ng mga Katolikong Kapampangan. Gaya ng ibang mga lalawigan, tumatagal ng limang araw, mula Lunes Santo hanggang Biyernes Santo ang okasyon na ito. Sa araw ng Lunes isinasagawa ang **sandál** sa oras na ikatlo ng hapon na kung saan inuumpisahan sa **orasyún** na susundan ng pagrorosaryo sa wikang Kapampangan. Ang pagbabasa ng pasyon ay susunod pagkatapos ng mga ito. **Gégége** (*sing-song* sa wikang Ingles) ang paraan ng pag-awit ng pasyon sa mga **punì** o ang lugar na pinagdarausan ng pabasa.

Upang mai-**sandál** ang pabasa, karaniwang nangongolekta ng pera ang mga **puñ** o ang mga namumuno sa pabasa upang may magamit sa mga materyales, kasangkapan, at pagkain na inihahanda sa mga araw ng pabasa. Ang mga pagkaing kadalasang inihahanda sa mga araw na ito ay sopas, **lélut** (lugaw), biskwit, **lágang ébun** (nilagang itlog), kape, **sótanghún**, at **sorbétis**. Kung minsan, ipinadadala ang mga pagkaing ito ng mga mayayamang pangkat sa lugar o di kaya ang mga politiko sa komunidad.

Noong unang panahon, ang mga nakatatandang bihasa lamang ang maaaring umawit ng pasyon. Hindi katulad sa kasalukuyang panahon, maging ang mga kabataan ay hinahayaan nang umawit ng pasyon gamit ang iba't ibang tono.

Isa sa malaking pagkakaiba ng pabasa ng mga Kapampangan sa ibang mga lalawigan ay ang mga nagpipinetensiya na tinatawag na **mágdaráme** o **mágparayà** ng mga Kapampangan. May iba't ibang uri ng **mágdaráme** ang Pampanga. Ang pagpepenitensiya ay sinasabing dapat gawin sa loob ng pitong taon na sumisimbulo sa Pitong Hinagpis ng Birheng Maria.

Ang mga **mámalaspás** (larawan 21) ay ang pagpapadugo sa likod na kadalasang ginagawa ng lalaking nagpipinetensiya. **Burulyús** ang tawag sa hawak ng **mamálas pás** na may tatlumpu't anim na kawayan sa dulo. Pinaniniwalaan na kapag may natanggal na isa o higit pa sa mga kawayang ito ay kailangang bumalik sa unang bilang ng taon ang isang mamalaspas. **Katapâ** ang tawag sa pansugat sa likod ng mga **mamálas pas** na binubuo ng mga basag na bote na nakakapit sa isang kahoy.

Ang **mágsalibatbát** o **kúkúsad** (larawan 22) naman ay ang mga gumagapang sa kalsada. Tinatawag din itong **sásakab** ng ibang mga Kapampangan. Karaniwang nauuna sa linya ang isang **mágsalibatbát**. Lalakad muna siya ng pitong hakbang na sumisimbulo

sa siyete palabras o pitong wika ni Hesus. Luluhod siya at gagawa at guguhit ng krus sa lupa gamit ang kamay at dadapa. Babanggit siya ng maikling panalangin at saka tatayo. Uulit-ulitin niya ito hanggang sa makarating sa simbahan.

Ang mga **mámusán krús** (larawan 23) ay ang mga nagbubuhat ng krus na kadalasang nasa huli ng linya. Karaniwang nakatakip ng tela ang mukha ng mga **mágdaráme** na tinatawag na **bumbúng**. Pinaniniwalaang manghihina ang **mágdaráme** kapag nakita o lumitaw ang kaniyang mukha. Nakasuot ng koronang gawa sa tuyong damo o halaman na noong unang panahon ay yari sa halamang may tinik gaya ng bugambilya, dalayap, at dalanghita, at may tali sa mga braso at binti habang nakatapak. Sa pagtatali sa braso at binti, dapat ay tatlo ang bilang ng pagkakatali. Sumisimbulo ito sa Santisima Trinidad (Diyos **Íbpa** o Ama, Diyos Anak, at Espiritu Santo). Noong unang panahon, abaka ang ginagamit ng mga nagpipinetensiya.

Bago ang pagpipinetensiya, pinabebendisyunan ang lahat ng mga kagamitang gagamitin sa simbahan. Nangungumpisal din ang isang **mágdaráme** bago ang araw ng kaniyang pagpipinetensiya.



Larawan 21. Mamalaspas



Larawan 22. Magsalibatbat



Larawan 23. Mamwot Krus o kukusas

Ang **mágdaráme** ay kinakailangang makabisita ng pitong **puní** at nagdarasal kasama ng mga kamag-anak at malalapit na kaibigan tuwing makarating sa isang puni. Sinusundan ng isang **mágdaráme** ang tunog ng pasyon upang puntahan ito. Sa oras na mátapát siya sa **puní**, ginagawa niya ang isang ritwal kasabay ng kaniyang panalangin upang maisakatuparan ang kaniyang hinihiling sa Panginoon. Sa kaniyang pagdapa sa harap ng altar ng **puní**, hinahampas siya ng mga nagsisilbing hudyo na karaniwang mga nanonood sa puni at naghihintay ng mga dumarating na nagpipinetensiya gayundin ang kaniyang mga kaantabay na kamag-anak o kaibigan. Siya ay tinatawag na **mámarúg** ng mga Kapampangan. Pagkatapos ng ritwal na ito ay pinaiinom ng **sagíwang ébun** o sariwang itlog ang **mágdaráme** saka na siya lilipat sa kabilang puni upang makumpleto ang bilang.

Karaniwang naliligo sa mga sapa o ilog ang mga **mágdaráme** pagkatapos ng pagpipinetensiya na sumisimbulo sa pag-agos din ng kanilang mga kasalanan o di kaya naman ay sa mga poso na hindi nakikita ng mga ibang tao.

Ang ibang uri naman ng mga nagpipinetensiya ay ang mga **mánúlu** (albularyo), **manilut** (manghihilot), at **mánáwas** (mananawas) sumangguni sa mga larawan 24 at 25. Karaniwang nakasuot ng puti, itim, at kulay *maroon* ang mga ito. Ang kulay **maroon** ay nangangahulugang pagsunod sa kulay ng Nazareno. Kanilang isinasagawa ito sa paniniwalang lumalakas ang kanilang kapangyarihan tuwing ginagawa nila ito. Kadalasang itinataon ito sa araw ng Biyernes Santo.

Ayon sa tradisyon, puti ang kulay ng pantalon ng mga nagpipinetensiya. Tanda ito ng pagiging malinis na hangarin sa pagtupad ng gawaing ito.



Larawan 24. Manilut



Larawan 25. Manulu

Pasu

Ang **pasu** naman, na isinasagawa sa Bacolor tuwing Miyerkules at Biyernes, tuwing Mahal na Araw, ay isang gawaing nagpapaalala at pakikiisa sa pangungulila ng Birheng Maria kay Hesus noong siya ay namatay. **Inililimbu'n** (pinuprusisyon) ang imahe ni Mater Dolorosa sampu ng iba pang mga imahe ng mga santo sa musikang *Stábat Máter*, na paulit-ulit na tinutugtog ng mga pangkat ng biyulinista. Ang mga mananampalataya ay nakatapak at tahimik na sumusunod sa prusisyon habang nagdarasal.

Ang mga pangunahing nagpapanata ay may hawak-hawak na simbolong kadalasang inukit na yari sa kahoy. Kung minsan naman ay gumagamit ng totoong mga bagay kagaya ng tinapay, trigo, karne ng tupa, mga talata sa bibliya, at iba pang mga bagay na may kaugnayan sa buhay ni Kristo partikular na ang kaniyang pagpapakasakit. Ang mga simbolong kanilang hawak ay namana pa nila sa kanilang mga ninuno at hindi maaring ipasa kung kani-kanino. Maaari lamang itong ipamana sa kadugo ng kasalukuyang nagmamay-ari nito kagaya ng kaniyang mga anak, pinsan, at kapatid. Hindi rin maaaring dagdagan o palitan ang simbolo at hindi na maaaring bawiin pa sa oras na ibinigay ito sa kamag-anak.

Ang mga **pasus** o ang mga kalahok sa gawaing ito ay nakasuot ng sutanang itim at ng itim na belo upang hindi makita ang kanilang mga mukha. May korona rin silang suot na yari sa dahon ng papwa (sumangguni sa larawan 26). Isinasagawa ang prusisyon pagkatapos ng misa.



Larawan 26. Paggawa ng koronang gawa sa dahon ng papwa

Lubénas ning Pasku

Isa rin sa mga ipinagmamalaking gawaing panrelihiyon ng mga Kapampangan ay ang **Lubénas Ning Pasku** na nangangahulugang Nobéna ng Paskó sa wikang Filipino. Ito ay isang relihiyosong prusisyon na ginagawa ng mga Kapampangan sa loob ng siyam na


araw bago ang Pasko. Ito ay nagsisimula bago o pagkatapos ng **simbáng béngi** o simbang gabi.

Habang naglalakad ang mga kasama sa prusisyon, kanilang sinasambit ang kanilang **pangadi** o panalangin na pinangungunahan ng isang **mánunggé** o ang namumuno sa panalangin. Kasama ng manungge ang mga **talapakibat** na nagsisilbing tagasagot naman sa panalangin.

Ang mga kasama sa prusisyon ay may dala-dalang mga parol na nakalagay sa isang kawayan. Noong unang panahon, tangkay ng papaya ang ginagamit nilang **sulû** o pang-ilaw na kung saan nilalagyan ng gaas ang loob ng tangkay na may isang manipis na basahan sa loob na nagsisilbing **pabélo** nito. Ito ang sinisindihan at nagbibigay ng apoy habang idinadaos ang gawain. Kung minsan, bulo ng kawayan ang ginagamit upang magsilbing ilawan. Kadalasan itong pinalalamutian at nagtatagal hanggang matapos ang **lubénas**.

Ang mga parol na ginagamit ay may bilang na labing dalawa (bawat barangay) at may iba't ibang mga simbolo kagaya ng isda, kandila, krus, bituin, tupa, at iba pa na kumakatawan sa bawat barangay. Ang mga parol ay kadalasang gawa sa maninipis na kawayan at papel de hapon at palara.

Ang gawaing ito ay isang pamanang Kastila na hanggang sa kasalukuyang panahon ay isinasabuhay pa rin ng mga Kapampangan bilang pagpapakita ng kanilang pananampalataya sa kanilang patron at sa pagbibigay-pugay sa pagkakapanganak ng Panginoong Hesukristo. Ang **lubénas** ay isinasagawa sa mga lungsod ng Angeles, Mabalacat, at sa bayan ng Magalang.




Larawan 27. Parol king lubénas

Ayon kay G. Renato Calma, 60 taong gulang, isang kilalang manlilikha ng mga parol na ginagamit sa **Lubénas** ng Barangay Cutcut, Angeles City, mayroong labingdalawang parol na may pare-parehong sakutan. Ang mga ito ay sumisimbulo sa labingdalawang apostoles ni Kristo. Ang isang malaking parol ay iniaalay sa **Mál a Patru'n** (Mahal na Poon) ng barangay. Isang krus din ang inihahanda kasama ng mga parol na sumisimbolo sa Kristiyanismo.

Ang kulay na ginagamit sa mga parol ay naaayon sa kulay ng damit na isinusuot ng kanilang patron. Karaniwang sinisimulan ang paggawa ng mga parol at iba pang mga kagamitan sa **Lubénas** pagpasok ng buwan ng Setyembre.

Sa paggawa ng parol, isinasaalang-alang din ng manlilikha ang mga bahagi nito. **Tambór** ang tawag sa pinakagitnang bahagi na humahawak sa iba pang mga bahagi ng parol. **Aslág** naman ang tawag sa mga sinag ng parol na kadalasang pinaiilawan ng isang bombilya sa loob. Ang **palimbún** ay ang tawag sa nakapaikot na bahagi sa buong parol. **Pontétas** naman ang tawag sa disenyo ng isang parol na kadalasang nakapagitna sa **aslág** at nakapalibot sa katawan ng parol. **Bóla** naman ang bahagi ng parol na nakasabit sa magkabilang bahagi nito. Ang **íkî** o buntot ay ang bahagi ng parol na nakasabit sa mga bóla. Ang mga ito ay nababalutan ng tinatawag na **saya**. (sumangguni sa larawan 28)



Larawan 28. Dake ning parul

Los Santos Angeles Custodios (Pista ng mga Anghel)

Isa rin sa mga taunang pagdiriwang sa Pampanga ang *Lós Santos Ángelés Custódios*, o kilala bilang Pista ng mga Anghel na ginaganap sa Angeles City. Ang panimula ng pagdiriwang na ito ay tumatak sa kasaysayan ng Angeles at sumubok sa mga Kapampangan na nakaranas sa pangyayaring ito.

Taong 1918 nang kumalat ang sakit na malarya sa Barangay Kuliat, dating pangalan ng Angeles City. Sinasabing walang pinipiling edad at estado sa buhay ang malaria. Maging ang mga ilang miyembro ng mga kilalang pamilya sa kanilang bayan ay dinapuan din ng sakit na ito na naging dahilan ng kanilang pagkamatay.

Ngunit sa kabila ng epidemyang kumalat sa kanilang lugar, nanatili pa ring matatag ang pananampalataya ng mga tao at nanalig sa Poong Maykapal. Sa katunayan, nagtungo ang mga pinuno, sampu ng mga tao sa simbahan, upang kausapin ang kura paroko hinggil sa mga bagay na maaari nilang gawin.

Dito iminungkahi ng pari na sila ay magpagawa ng apat na imahe ng mga arkanghel na sina San Rafael (larawan 29), San Miguel (larawan 30), San Gabriel (larawan 31), at Anghel dela Guardia (larawan 32). Ang mga anghel na ito ay ang mga magpoprotekta sa kanilang bayan sa panahong iyon. Sinasabing sa bayan ng Betis ginawa ang mga ito.



Larawan 29. San Rafael



Larawan 30. San Miguel



Larawan 31. San Gabriel



Larawan 32. Anghel Dela Guardia

Ang mga mamamayan ay pumili rin ng apat na kilalang mga pamilya na maaring mag-alaga sa apat na imahe na tinatawag na **kamadéro**. Isa sa mga anghel (San Rafael) ay napunta sa pamilya Lacson. Bago ang prusisyon sa pista ng mga anghel, kinukuha ang imahe sa kapilya ni San Jose sa Sapang Maisac, Mexico Pampanga at pinuprusisyon ng nakatapak ng mga kasamak at ipinapahinga sa bahay ng mga Lacson habang hinihintay na buksan ang pintuan ng matandang simbahan upang ihimlay sa loob para sa taunang *Fiésta de Lós Santos Ángeles Custódios*.

Nakaugalian na nang mga madre ng kumbento ng Holy Family Academy na sila ang magtahi ng damit ng mga anghel. Noong mga naunang panahon nangyayari ang pista ng mga Anghel pagkatapos ng piyesta ng *Lá Navál* sapagkat ito din ang araw na nagsimula ito noong 1918. Mula din noon hanggang sa paglipas ng mga taon ginagawa ang kapistahan ng mga anghel. Ngunit sa di-inaasahang pagkakataon ay nahinto ito dahil sa pagputok ng Bulkang Pinatubo noong 1991. Naibalik lamang ito noong ika-12 ng Oktubre, 2012.

Sa kasalukuyan, ang mga deboto ay gumagamit ng kandila kapag sumasama sa prusisyon. Noong mga naunang panahon na ang kandila ay wala pa sa merkado, gumagamit lang ng tangkay ng papaya o kaya naman ay kawayan ang mga deboto upang magsilbing mga ilaw nila. Papasukan nila ito ng palara at tela at lalagyan ng gaas. Bago nakilala ang karo, gumawa muna ng andas ang mga deboto at sa itaas nito inilalagay ang imahe habang pasan-pasan ito ng mga kalalakihan.

Ang mga kabataan na kasama sa limbun ay pinasusuotan ng malaanghel na kasuotan kasama sa parada (sumangguni sa larawan 33).



Larawan 33. Kayanakang kayabe king Los Santos Angeles Custodios

Láyunan

Ang **láyunan** o panunuluyan sa wikang Filipino ay isa ring pagdiriwang na hinihintay ng mga Kapampangan tuwing bisperas ng pasko. Isinasabuhay nito ang naging karanasan ni Birheng Maria kasama ng kaniyang asawa na si Jose sa kanilang paghahanap ng matutuluyan bago siya manganak. Marami sa kanilang hiningan ng tulong ang hindi tumanggap sa kanila.



Larawan 34. Láyunan

Sa **láyunan**, ang mga taong nais matapatan ng **limbún** ay gumagawa ng isang **kubúl**, isang maliit na bahay na maaring kawangis ng isang belen. Kadalasan, ang isang **kubúl** ay yari sa dahon ng buko.

Pa-awit na humihingi ng pahintulot ang Birhen at si Jose upang patuluyin sila sa mga **kubúl** habang patula namang silang sasagutin ng mga nasa loob ng **kubúl**.

Narito ang takbo ng **láyunan**.

Narito ang salin sa wikang Filipino.

Aawit ang dalawa habang humihingi ng pahintulot upang makapanuluyan.

**Nínu ikó sa'ng dínatáng, at nón ko
ménibatán? Métung kayú múng sabágal
kíng tudtúd kúng manyáman.**

Sino kayong mga dumatal at saan ang
inyong pinanggalingan? Isa lamang
kayong sagabal sa tulog kong mainam.

Paawit na sasagot.

**Ót kaláwut yú palá penibatán, bát
sinúlung kayú bénging kapitáangan?
nánu waring dadaptán, obat keti
kayu dinatang?**

Bakit ang layo nga pala ng inyong
pinanggalingan? Bakit kayo napasagsag
sa gabing kalaliman? Ano nga ba ang
kailangan ba't napatungo sa aking
tahanan?

Paawit na sasagot.

**Éyu warî kabalwán ing útus ng Áring
César? E tatanggap ninuman ing
sasabing maglayunan.**

Hindi niyo ba nababatid ang utos ni
Haring Cesar? Na hindi tatanggap ng
sinumang nakikipanuluyan?

Paawit na sasagot.

**O kakálugúran buri dakó máng
tanggápan. Éko malyári kėti úling
malatî ya inińg kárinán.**

Oh kaibigan, nais ko man kayong
tulungan, ngunit hindi maaari sa hamak
na tuluyan.

Paawit na sasagot.

**Anýa éyu akákit alá náng páglugalán?
Úling déng táu kéng balé ku, sungláb
lang dakál. Makó nakóng marápal
bańg ásundû ku ingtudtrud kung
manyáman.**

Kaya't hindi niyo ba nakikita na wala
kayong mapaglulugaran? Dahil puno na
ng tao sa aking tahanan. Agad-agad
kayong lumisan upang ako'y makabalik
sa pagtulog na mainam.

**E malyári ing pakisabi yu úling malatî ya
ing balé ku.**

Hindi ko mapagbibigyan ang inyong
kahilingan sa liit nitong aking tahanan.

**King aliwâ kayú painturû póta karín
manákit kayú.**

Sa iba kayo magtungo naway
makasumpong ng matutuluyan.

Paawit na magpapaalam palayo sa **kubul**.

Ayon sa tradisyon, kadalasang pinipili ng mga namumuno ng **limbún** o ng mga naatatanda ang may maganda at maamong mukha na kakatawan kay Birheng Maria. Ito ay isinasagawa pagkatapos ng Simbang gabi, ilang oras bago ang pasko.

Kuraldal

Ang kuraldal ng Sasmuan ay isa rin sa mga ipinagmamalaki ng mga Kapampangan. Ito ay isang pagdiriwang na nakalaan kay Apu Lucia, ang patron ng nasabing bayan. Ang salitang **kuraldal** ay galing sa salitang Espanyol na *curár* na nangangahulugang “lunas”. Ipinagdiriwang ng mga Kapampangan ang araw na ito upang bigyang-daang ang kanilang kahilingan kay Apu Lucia. Pinaniniwalaan na ipinagkakaloob ni Apu Lucia ang kanilang mga kahilingan partikular na ang mga kahilingan ng mga may sakit na gumaling at ang pagkakaroon ng anak ng dalawang mag-asawa.

Habang ipinuprusisyon ang imahe ni Apu Lucia, sumasayaw ng kuraldal ang mga kalahok habang isinisigaw nila ang “*Vivá Apung Luciá! Pwerá Sakít! Pwerá Siláb!*” (Mabuhay Sta Lucia! Huwag lang masaktan! Huwag lang masunog!) Ayon sa tradisyon, nagkaroon ng **ágúman** o pagtitipon ang mga kaparian at ibang namumuno sa simbahan noong panahon ng mga Espanyol na kung saan isa sa mga pag-uusapan ay ang nalalapit na kapistahan ng Sta Lucia sa ika-13 ng Disyembre. Ngunit hindi pa man nakarating ang mga taong naimbitahan ay bigla na lamang naging masama ang panahon. Naging makulimlim ang langit at unti-unting lumakas ang hangin hanggang naging isang malaking **alisús** (ipo-ipo) ito. Sinasabing lahat ng madaanan ng **alisús** ay sinisira nito.

Bukod sa paparating na kapistahang bayan, papalapit din ang simbang gabi kung kaya’t marami ang nagtitinda sa harapan ng simbahan. Lahat ng paninda tulad ng **ulás** o kumot at tela ay nakuhang higupin ng **alisús**. Nakarating din ito sa mga nagtitinda ng kutsilyo at nahigop din ang mga ito. Sinasabi rin na nakarating ang ipo-ipo sa mga nag-aalay ng kandila at nasama din sa umikot sa katawan ng **alisús**.

Dahil sa pinagsama-samang **ulás**, tela at apoy (**api** sa kapampangan) mula sa nagliliyab na kandila, ang **alisús** ay naging isang malaking umiikot na apoy sa langit na iniikutan pa ng mga kutsilyo. Dahil sa takot, nagsitakbuhan ang lahat sa loob ng simbahan. Walang tigil na sigawan at iyakan ang maririnig habang binabanggit ang mga salitang “**Pwera Sakit! Pwera Silab!**” Habang ang **alisús** ay nananalanta sa harapan ng simbahan, ang mga tao ay walang tigil din sa pagpasok sa loob. Nagtago ang karamihan sa likod ni Santa Lucia at dahil sa dami ng tao sa likod ng santo, hindi nila namalayan na naitutulak na nila ang imahe hangang sa nakarating ito sa harap ng pintuan ng simbahan.

Sinasabing sa oras na iyon ay malapit na rin sa pintuan ng simbahan ang **alisús** . Hindi man sinasadya ngunit nagtagpo ang imahe at ang **alisús** at sa hindi maipaliwanag na mga pangyayari ay bigla na lamang tumigil ang mapanirang **alisús** . Dahil sa milagrong naganap nagalak ang mga tao habang isinisigaw ang “Viva **Apung Lucia!** “**Pwera Sakit! Pwera Silab!**” Ito ang naging hudyat ng pagsisimula ng pagdiriwang ng Kuraldal ng bayan ng Sasmuan na masasalamín pa rin hanggang sa kasalukuyan.

Batalya

Ang mga bayan ng San Simon, Lubao, Macabebe, at Masantol ay may katangitanging pagdiriwang din ng kapistahan na tinatawag na Batalya. Ang salitang Batalya ay isang salitang Espanyol na nangangahulugang *battle* (digmaan) sa wikang Ingles. Ang pagdiriwang na ito ay inilalaan sa kung sino man ang Santo ng bawat barangay na kalahok.

Ang Batalya ay nagsisimula sa isang **limbún** (prusisyon). Pabalik ng simbahan, sisimulan ng mga deboto ang batalya na kung saan, isang tambol ang maririnig saka isisigaw ang “Viva, viva!” kasunod ng pangalan ng santo na kanilang inaalayan ng pagdiriwang. Kadalasan din, inilalabas ng mga residente ang kanilang mga santo sa tapat ng kanilang bahay upang mabasbasan ang mga ito. Ang mga kalahok naman ay nagdadala din ng kanilang mga santo habang isinasayaw ang mga ito patungo sa simbahan.

Upang maipakita ang kasiyahan sa pagdiriwang na ito, tumatalon ang mga kalahok at nagsasayawan habang sumasabay sa tunog ng mga tambol. Ang gawaing ito ay tanda ng kanilang pagbibigay-pugay sa Diyos at sa kanilang santo.

Libad Bangka ng Ápung Irû

Sa dako naman ng Apalit matutunghayan ang isang kakaibang pagdiriwang ng piyesta bilang pagbibigay pugay kay San Pedro, na tinatawag sa ngalang “**Apung Iru**” ng mga taga-Apalit. Ang pagdiriwang na ito ay tinatawag na “**Libad Bangka ng Apung Iru**” na kung saan ang mga deboto ay nakasakay sa mga bangka habang ipinuprusisyon ang kanilang santo.

Nagsisimula ang libad sa pagsundo kay Apung Iru sa kaniyang kinalalagyan sa Barangay Capalangan at ililipat sa simbahan sa Barangay Sulipan sa Apalit. Ilalagay ang kaniyang imahe sa lantsa at ipuprusisyon sa mga baragangay ng Apalit habang dumadaan sa ilog ng Pampanga (sumangguni sa larawan 35) Habang binabagtas nila ang ilog, ang mga deboto ay sumisigaw ng *Viva! Viva, Apung Iru!* habang ang mga residente naman ay sumasayaw sa kalsada at nagsasabog ng tubig sa mga taong nakikilahok sa pagdiriwang tanda ng pagbibigay basbas ni Apung Iru sa kanila. Iaahon si **Ápung Irû** sa oras na makarating sa daungan at ilalakad patungong simbahan habang sumasayaw at sumisigaw ng *Viva! Viva, Apung Iru!* ang mga deboto (sumangguni sa larawan 36). Ang pagdiriwang na ito ay ginaganap tuwing ika-28, 29, at 30 ng Hunyo sa bawat taon.

Ang mga gawaing panrelihiyong ito ay patunay lamang ng matatag na pananampalataya ng mga Kapampangan sa Poong Maykapal.



Larawan 36. Libad ng Apung Iru



Larawan 36. Prusisyon ng Apung Iru king Gabun

Serenáta

Ang Betis, Guagua naman na kilala sa paggawa ng mga instrumentong pangmusika ay may kakaibang pagdiriwang na idinadaos taon-taon. Tinatawag itong **serenáta** ng mga Kapampangan na kung saan ang mga kalahok ay mga banda (*brass band*) na may mga inihandang mga piyesa na kanilang tutugtugin. Ang isang piyesang natugtog na ng isang banda ay hindi na maaaring ulitin pa ng iba. Samakatuwid, ubusan ng piyesa ang mga banda hanggang sa may maitanghal na panalo.

Hindi man ito pagdiriwang na iniaalay para sa kanilang patron, masasabi pa rin na bahagi ito ng kanilang kasayahang isinasagawa sa gabi ng kapistahan.

MATERYAL AT DI-MATERYAL NA KULTURA AT TRADISYON

Sinasabing mayaman sa sining ang mga Kapampangan noon hanggang sa kasalukuyang panahon. Makikita ito sa mga likhang sining ng Pampanga na kilala hindi lamang sa lalawigan kundi pati na rin sa iba't ibang dako ng bansa. Noong unang panahon, karaniwang gamit ng mga Kapampangan ang mga kasangkapang makikita lamang sa kanilang kapaligiran. Sa kasalukuyan, dahil marahil sa pagkakalikha ng maraming kasangkapan gamit ang teknolohiya, nagbago na rin ang paraan at materyales na ginagamit sa kanilang mga likhang sining.

Pamagpasu (Paggawa ng Paso)

Ang paggawa ng paso o **pámagpasû** (larawan 37) na isa ring hanapbuhay ng mga Kapampangan ay maituturing ding isang likhang sining sa lalawigan. Ang lupang ginagamit sa **pámagpasû** ay nakukuha lamang sa palayan ng Pampanga. Gigilingin ang lupa, buhangin, at tubig hanggang sa maging luwad ang mga ito (larawan 38). Huhubugin ng **mágpasû** (gumagawa ng paso) ang luwad at kapag ito ay natuyo na at naayon sa nais na hugis o anyo, iluluto ang mga ito sa isang hurnuhan (larawan 39) at iiwan ng hanggang dalawang araw upang makagawa ng isang matigas na kagamitan. Ang mga kagamitan na ginagamit sa pagpapaso ay ang **gílingan** o ang gulong na malapad at bilog na karaniwang gawa sa bato. Ipinaiikot ito ng nakahiga habang iniaanyo ang luwad. **Gilíngang gabún** naman ang tawag sa panghalo ng lupa, buhangin, at tubig.



Larawan 37. Pasu



Larawan 38. Gilíngang Pasu



Larawan 39. Ornung Pasu



Larawan 40. Ulmaan

Pamandukit (Pandudukit)

Ang **pámandúkit** ay isang matandang gawaing pangkabuhatan din ng mga Kapampangan partikular sa lugar ng Betis. Ang gawaing ito ay sinasabing malaking bahagi ng buhay ng mga taong nakikinabang sa hanapbuhay na ito dahil karaniwang kinalakihan na ng mga **mándúkit** (taong nandudukit) mula sa kanilang mga matatandang kamag-anak o kapamilya. Bata pa lamang ay tinuturuan na sila ng mga matatanda hinggil sa proseso ng **pámandúkit** hanggang sa maging bihasa na sila sa paggawa nito.

Sa **pámandúkit**, mahalaga ang uri ng kahoy na ginagamit. Kadalasang santol ang gamit nila sapagkat ito ay mura at may mas maraming suplay sa bansa. Ginagamit din ang batikuling, kamagong, yakal, at bulaun. Sa proseso ng **pámandúkit**, importanteng tuyo ang kahoy na gagamitin upang maiwasan ang pagkabiya at pagkasira ng mga dukit.

May dalawang uri ng **pámandúkit**. Ang una ay ang **detalyádu** (larawan 41). Ang **detalyádung** uri ay nagsisimula sa paglalapis o paggamit ng lapis upang gumawa ng

marka sa gagawing imahe. Susunod dito ang unti-unting paghubog ng imahe na tinatawag na **pámagbagwás**. Kadalasan, ulo (larawan 42) ang unang dinudukit kasunod ng kamay at paa (larawan 43). Ang panghuli sa mga idinudukit ay katawan nito. Maging ang damit ng imahe dinudukit sa uring ito.



Larawan 41. Detalyadu



Larawan 42. Pamanggawang buntuk



Larawan 43. Pamagliya king gamat

Ang ikalawang uri naman ay tinatawag na **manikín** (larawan 44) na kung saan tanging ulo, kamay, at paa ang dinudukit. Hindi na binibigyan ng detalye ang katawan ng imahe dahil pasusuotan ito ng damit.

Ang mga mata na ginagamit sa mga imahe ay tinunaw na bubog ng salamin sa pamamagitan ng pagsunog sa mga ito (figure 45). Ihuhulma ang mga bubog ng pabilog upang gawing mga mata. Pipintahan ang mga ito sa loob at ilalagay sa mukha ng isang imahe. Upang maging makatotohanan ang kayarian ng imahe, nilalagyan ng mga **mándukit** ng pilikmata (larawan 46) ang imahe na galing sa balahibo ng aso.



Larawan 44. Manikín



Larawan 45. Mata ning Dukit



Larawan 46. Pilikmata

Pukpuk (Paghuhulma ng Tanso)

Kaugnay ng pandudukit ay ang **pukpúk**, isang di pangkaraniwang tradisyonal na sining na matatagpuan sa Apalit, Pampanga. Nabuo ang salitang **pukpúk** dahil sa proseso ng pagpupukpok ng tanso upang mahulma ang nais na imahe at disenyo.

Nagsisimula ang proseso sa paggawa ng **padrún** o *pattern* sa isang papel (larawan 47) kung ang gagawing produkto ay kakaunti lamang. Gumagamit naman ng **padrún** na kahoy kung marami ang gagawing produkto. Ang kahoy na **padrun** na ito ay tinatawag na **padrún a dútung** (larawan 48) na kung saan dudukitin ang disenyo na siya namang susundan sa pagpupukpok. Huhulmahin ang tanso sa pamamagitan ng maingat na pagpupukpok. Upang maiwasan ang pagkabutas ng tanso, nilalagyan sa itaas nito ng goma ng gulong saka ito pupukpuhin. Pagkatapos ay aalisin ito sa **padrún a dútung** at ipapatong sa isang aspalto na tinatawag na **alakrit** (larawan 49). Sa harapang bahagi ng **pukpúk** ay lalagyan naman ng mga detalye gamit ang mga matutulis na kagamitan. **Tatalbugin** o itutubog ang **pukpúk** upang tumingkad ang kulay nito. Gamit ang mga maliliit na pako, ididikit ito sa isang **káru** o karosa (larawan 50).



Larawan 47. Padrun a Papil



Larawan 48. Padrun a Dutung



Larawan 49. Alakrit



Larawan 50. Karu o Karosa

Pamaglutu (Pagluluto)

Kilala ang lalawigan ng Pampanga bilang “*Culinary Capital*” ng bansa dahil sa galing at hilig ng mga Kapampangan sa larangan ng pagluluto. Dahil dito, hindi makakaila na isa ang pagluluto sa mga pangunahing pangkabuhayan ng mga tao sa Pampanga. Ang mga sumusunod ay iilan lamang sa mga pagkaing ipinagmamalaki sa lalawigan.

Panecillo de San Nicolas o Putu Saniculas

Ang *Panecillo de San Nicolas* o **putu saníkulás** ay isa sa mga pagkaing matitikman sa lalawigan. Ayon sa kasaysayan, ang pagkaing ito ay kinikilalang pinakamatandang biskuwit o **biscocho** na itinuro pa ng mga Espanyol sa mga Kapampangan. Ang putong ito ay may imahe ni San Nicolas o **Ápung Kulás** kung kanino hinango ang pangalan nito. Itinuro ito ng mga paring *Augustinian* na kumikilala kay Apung Kulas bilang isa sa kanilang pinakamahalagang santo ng relihiyosong kautusan. Tuwing sasapit ang pista ni Apung Kulas sa Macabebe, libo-libong mga saniculas ang inihahanda at pinababasbasan upang ipamigay sa mga bisita.

Sa paghahanda ng **saníkulás**, inihuhugis ito gamit ang isang dinukit na kahoy at maaring dagdagan ang sukat at hugis ayon sa nais ng gumagawa nito. Malalaman din kung aling bayan o anong pamilya galing ang mga **saníkulás** kung titingnan ang mga dinukit na disenyo ng mga ito. Bawat bayan o pamilya noong unang panahon ay mayroong sariling disenyo gaya ng mga hugis-puso, hugis-dahon, at iba pa.

Bobotu o Tamales

Sa ilang bahagi din ng Pampanga kilala ang **bobótu** o tamales ng mga Kapampangan. Ayon sa tradisyong pasalita, nagsimula ang paggawa ng **bobótu** sa

“pagboto” ng mga unang gumagawa nito ng nararapat na sangkap na babagay sa panlasa ng mga kakain.

Dahil sa likas na pagkamapamaraan ng mga Kapampangan, ang sangkap na gamit sa paghahanda nito ay ang mga sangkap na madaling makita sa paligid. Karaniwang gumagamit ng giniling na bigas at gatâ para makagawa ng **tapúng**. Ang **tapung** ay ang pangunahing bumubuo sa isang **bobótu** (larawan 51). May dalawang uri nito— **tapúng maputî** (puti) at **tapúng malutù** (pula). Ang **maputî** ay ang inilalagay sa ibaba at pinapatungan ito ng **malutù**. Nilalagyan ang **tapúng malutù** ng **aswéti** (atsuwete) bilang **pampalagû** o pampasarap ng hitsura. Bilang sahog sa ibabaw, karaniwang nilalagyan ito ng **palábuk** (palabok), baboy, itlog, manok, *hám*, at kung minsan ay nilalagyan din ng mani.



Larawan 51. Bobotu

Chicharun

Ang **chicharun** naman na kilala rin sa ibang lugar sa bansa ay isa sa mga pagkaing kadalasang makikita sa Pampanga partikular sa Guagua. Ang **chícharún** ay may tatlong uri— **chícharúng lámán**, **chícharúng bulâ**, at **chícharúng bagnét**. Sa proseso ng paggawa nito, ibibilad muna ang balat ng baboy upang **patiktikan** (larawan 52) o patuyuin ang tubig. Puputul-putulin ang mga ito at pakukuluin nang pakukuluin hanggang lumabas ang taba. Tatawagin na itong **pabatú** kapag tuyo at matigas na ito. Ang **pabatú** (larawan 53) ay puwede nang iluto upang maging ganap na **chícharún** (larawan 54). Sa pagluluto ng **pabatú**, ibinababad muli ito sa kumukulong mantika upang umalsa at maging **malutóng**. Sa huli, lalagyan ng asin at betsin ang **chícharún** upang maging mas malasa.



Larawan 52. Pamamilad king Balat ng babi



Larawan 53. Ing Pabatu



Larawan 54. Chicharun

SIKLO NG BÚHAY

Noong una pa man, mataas na ang pagtingin ng mga Kapampangan sa konsepto ng buhay. Maraming mga paniniwala ang kanilang sinusunod upang maipakita ang kanilang pagpapahalaga sa sariling buhay at sa pamilya.

Kakagli (Paglilihi)

Nagsisimula ang siklo ng buhay sa oras na malaman ng mag-asawa na ang babae ay naglililihi o **kákaglí** sa Kapampangan. Napapansin na ang babae ay naglililihi dahil sa mga pagbabago sa kaniyang pag-uugali, pagsasalita, at maging sa kaniyang pisikal na anyo. Sa pag-uugali, madalas na umiikli ang pasensiya ng babae at nagiging bugnutin. , Ginagamit ang salitang **mamáta** upang ilarawan ang paghahanap o paghiling ng babae ng pagkain na hindi niya naman kadalasang kinakain sa mga karaniwang araw. Kadalasan,

maasim ang pagkain na kaniyang hinahanap kagaya ng kamyas, manga, suha, at iba pang maaasim na pagkain. Ito ay tinatawag na **mánísig** ng mga Kapampangan. Inilalarawan ng babae na siya ay naglalaway o **mangáyat wawà** tuwing naiisip niya ang mga pagkaing ito. Sinasabi rin na hindi dapat iniinis o ginagalit ang babaeng **kákaglí** sa kadahilanang ikaw ay maaaring **maasúg** o mausog sa wikang Filipino.

Kadalasang malambing sa pagsasalita ang babaeng **kákaglí** lalo na kung siya ay may hinihiling na pagkain sa kaniyang asawa o pamilya. Ang lahat ng kaniyang hinihiling ay pilit ding ibinibigay sapagkat pinaniniwalaang maaari siyang **makikwan** o makunan kung hindi niya makakain ang pagkaing kaniyang ibig kainin. Dahil naman sa sadyang hindi madali ang maglihi ay makikita din ang pagbabago sa kaniyang hitsura. Siya ay **mángáslak** (nangangalumata), **mánílak** (naduduwal), at **susunga** o hinihingal.

Dahil sa lubos naman ang pag-iingat ng pamilya, lalo na ng asawa, sa naglililihi ay may mga **aríya** o pamahiin ding sinusunod ang mga Kapampangan. Isa na rito ay ang pag-iwas sa **sukub** na nagangahulugan ng pagpisan ng dalawang buntis sa iisang bahay upang maiwasan ang dalawa ay **mipányául** o maghigitan. Pinaniniwalaang kapag ang dalawang buntis ay pumisan sa iisang bahay maaaring ang isa ay makahigit at ang isa ay **makikwán** o makunan. Hindi rin dapat humakbang sa isang babaeng buntis na nakahiga dahil sa paniniwalang tanging mga patay lamang ang hinahakbangan. Nagpapakita kasi ito ng masamang pangitain sa mga nakatatanda tungkol sa babaeng manganganak.

Ang pangangalaga at pag-iingat ay patuloy hanggang sa ang babae ay makapanganak kung kayat para sa mabilis na panganganak ay **magdapúg** o **mandapúg** (nagsisiga) ang mga lalake habang ang babae ay nanganganak. Iniiwasan din ang pagsasakbit ng anumang gamit kagaya ng tuwalya, damit, o anumang tela dahil pinaniniwalaang ito ay magdudulot ng pagkapulupot ng pusod ng bata sa leeg habang nasa sinapupunan siya ng kaniyang ina. Mahigpit ding ipinagbabawal na **mangulkúl** o maghukay ang asawang lalaki sapagkat inuugnay ito sa paglilibing sa kaniyang mag-ina. Kaugnay nito, hindi dapat manatiling nakatayo sa may pintuan upang hindi mahirapan sa panganganak ang babae.

Sa lumang lipunan ng mga Kapampangan, ipinagbabawal ang pagdalo sa burol dahil pinaniniwalaang ang buntis ay ang susunod na mamamatay. Hindi rin pinapayagan ng mga matatanda ang pagpakuha ng larawan ng babaeng buntis kagaya ng hindi pagsang-ayon sa pagiging ninang at ninong ng mag-asawa dahil magdudulot ito ng pagkakunan ng babae. Bilang bahagi ng pag-iingat, hindi rin nagpapaambon ang babae dahil lalabas ang bata na **sípúnan** o sipunin.

Mula sa paniniwalang hindu, pinaniniwalaan din ng mga Kapampangan ang pamahiin na ang pagkain ng kambal na prutas gaya ng kambal na saging ay magdudulot ng panganganak ng kambal. Samantalang may mga pagkain namang ipinagbabawal kainin gaya ng pagkaing maalat, binurong pagkain, talong, at itlog sapagkat ang mga ito ay maaaring magiging sanhi ng pagkakaroon ng albomina.

Tulad ng ibang mga mag-asawa na sabik na malaman ang kasarian ng sanggol, ang mga Kapampangan ay may paraan din ng paghihinuha sa kasarian ng bata. Ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng pagtingin sa hugis ng tiyan ng buntis. Kung ito ay patulis, ang sanggol ay sinasabing lalaki. Kung ito naman ay pabilog, ito raw ay magiging babae.

Panganganak

Sa pagkapanganak ng sanggol, kadalasang pinaliliguan ng pinakuluang dahon ng bayabas o dahon ng kamyas ang bagong panganak at pinagsusuot ng mga mahahabang damit upang hindi mahanginan. Pinaniniwalaan na kapag **miyangínan** (nahanginan) ang babaeng bagong panganak ay masisiraan siya ng bait.

Sa ibang mga lugar, pinaniniwalaan ng mga Kapampangan na ang bagong panganak ay kailangang pausukan ng tinatawag na **ásap**. Ibinabalot sa kumot ang babae at pauusukan siya gamit ang nagbabagang uling na ibinalot sa isang tela at nakalagay sa isang **kùran** o balangá. Kadalasang ginagawa ito sa loob ng bahay. Sa ibang lugar naman, pagpapakulo ng tubig na may asin ang kanilang ginagawa. Habang nakabalot ang babae ay itututok sa kaniya ang singaw ng init upang pagpawisan. Ito ay ginagawa upang maiwasang **mibalíkan** o mabinat ang babaeng bagong panganak. Sa bayan ng Sasmuan, pagpapaupo naman sa arinolang may pinakuluang dahon ng bayabas ang ginagagawa sa bagong panganak. Ginagawa ito sa loob ng sampung araw, at sa loob ng sampung araw, hindi rin hinahayaang maligo ang babae upang hindi mabinat. Sa tradisyonal na paniniwalang Kapampangan, mas masakit ang mararamdaman ng taong nabinat kaya buong-ingat nilang sinusunod ang ganitong paniniwala lalo na noong unang panahon.

Pagkabata

Sa pagpapalaki ng isang **bíngut** (sanggol), maingat ang mga Kapampangan sa kalusugan, kapakanan, kaligtasan, at kinabukasan ng kanilang anak. Sa lipunang Kapampangan, madalas na katulong ng mga magulang ang **bápa** o tíyo at **dára** o tiya ng bata habang siya ay lumalaki. May paniniwala din ang mga Kapampangan na ang bata ay nagiging iyakin kapag siya ay laging kinakarga ng mga magulang o iba pang miyembro ng pamilya tuwing siya ay umiiyak. Ito ay tinatawag na **mélumó kilik** o nasanay sa pagkakakarga. Naniniwala din ang mga Kapampangan na hindi dapat tinutulungan ang sanggol na **sakáb** o dumapa mula sa kaniyang pagkakahiga. Ito ay maaaring magdulot ng kaniyang pagiging palaasa sa ibang mga tao. Hindi rin dapat inililibot ang isang sanggol kung magtatakinsilim lalo na kung malambot pa ang kaniyang bumbunan dahil magdudulot ito ng sakit sa bata gaya ng ubo at sipon. Kapag unti-unti ng naglalakad ang isang bata na tinatawag na **magpatalanan**, tinutulungan ito ng nakatatanda upang siya ay makatayo at makalakad. **Mangulábe** naman ang tawag sa paghawak ng isang bata sa mga bagay upang makatayo at makagalaw mula sa kaniyang kinatatayuan.

Sa kasalukuyang panahon, marami sa mga paniniwala at kasanayang ito ang hindi na binibigyang-pansin ng mga Kapampangan. Dahil sa pagbabago ng kultura ng komunidad, ang paraan ng pamumuhay na ito ay nakalimutan na ng maraming Kapampangan. Kadalasan, mga matatanda na lamang ang nakaaalam ng mga ito at hindi

na rin sinusunod ng nakararami bagamat ipinapaalam sa mga nakababata. Sa pag-unlad ng agham, mas pinaniniwalaan na ng nakararaming Kapampangan ang sinasabi ng mga doktor at ang kanilang nababasa o napapanood sa *internet*.

Habang lumalaki ang bata, natututuhan na rin nito ang pakikisalamuha sa kaniyang kapuwa. Ang kaniyang pakikisalamuha ay nagaganap sa pamamagitan ng pakikipaglaro sa mga batang nakapaligid sa kaniya. Noong unang panahon, malaking bahagi ng pagkabata ang pisikal na pakikipaglaro. Buhat marahil ng hindi pa paglago ng teknolohiya, mas malaki ang pagkakataon ng mga kabataan na maglaro nang sama-sama.

Mga Laro

Kagaya ng ibang mga lugar sa Pilipinas, iba't ibang laro rin ang naranasang laruin ng mga kabataan. Ang iba sa mga ito ay kagaya ng mga laro sa ibang lugar sa bansa at ang iba naman ay mga katangi-tangi at matatagpuan lamang sa Pampanga. Maliban sa pag-akyat sa mga puno, pagtatampisaw sa tubig, at pagtakbo sa **maranglé** (malawak na lupain), ang mga laro gaya ng **tumbáng présu**, **tombáng présu** o **tanggáng présu** (tumbang preso), sipa, **luksúng babi**, **lundág babi** o **luksúng tiník** (mga baryasyon ng luksong tinik), at **sálikutan** o **gárapúnan** (taguan) ay nilalaro din ng batang Kapampangan noon.

Ang **Katipúnan Play** naman ay isang baryasyon ng taguan na kung saan ang mga naglalaro ay maaaring magtago ng higit na matagal kaysa sa ordinaryong taguan. Ang taya sa larong ito ay maaaring maghanap ng kahit hanggang dalawang araw pa, hangga't hindi niya nakikita ang mga kalarong nagtago sa kaniya.

Kilalang laro din ng mga batang Kapampangan noon ang paglalaro ng **máro**. Iba-iba ang katawagan sa larong ito. **Máro** ang tawag ng mga taga-Angeles, San Fernando, Concepcion, Magalang at sa iba pang mga lugar. *Bansay* tawag sa Lubao, **Móro-móro** sa Candaba, **Áro-áro** sa Guagua, **máro-máro** sa San Matias, **dyantari** sa Porac, at **ampanan** naman sa Sasmuan.

Dagdag pa rito, ang mga laro kagaya ng **pikû** (piko), **patintéru**, **bakokékok**, **kokslub**, **sabát-sabátan**, o **alabádo** (Patintero), **syátu** o **shótu** (siyato), paglalaro ng **dyolen** (holen), *Chinese garter*, at **kuráng-kurángan** (bahay-bahayan).

Katangi-tangi din ang paglalaro ng **búlaklákán** dahil karaniwang nilalaro lamang ito tuwing may patay. Marahil nanggaling ang pangalan ng larong ito sa konsepto ng pagkakaroon ng iba't ibang uri ng mga bulaklak na iniaalay sa pumanaw na tao. Sa paglalaro nito, may isang hari o reyna na nangunguna sa laro. Nakapaikot ang mga manlalaro na may kani-kaniyang mga pangalan ng isang bulaklak. Magsisimula ang laro sa sasabihin ng hari o reyna na, **Ing patí-patí ning reyna sínulagpó ya dínugpá ya kíng bulaklák ning...** (babanggitin ang pangalan ng isa sa mga manlalaro na isang bulaklak). (“Ang kalapati ng reyna ay lumipad at ito ay dumapo sa bulaklak ng...”) Sasagot ang natawag na bulaklak ng hari o reyna ng, **Digpa ya pin pu, oneng eke pu ibulus nung ene**

atbusan terak/ kanta/ tula ning bulaklak a...(pipili ng isa pang bulaklak) (Dumapo nga po siya dito ngunit hindi ko po ito pakakawalan kung hindi ito tutubusin ng sayaw/awit/tula ng bulaklak na...)

Kung ayaw gawin ng napiling bulaklak ang mga nabanggit na kondisyon upang matubos ang **pati-pati**, magpeprenda o magbibigay siya ng anumang gamit na dala niya gaya ng **sipit** (ipit), **pulseras**, **tingga** (hikaw) at pansamantalang ilalagay ito sa gitna ng mga manlalaro. Upang matubos muli ang gamit, kailangang gawin muna ng bulaklak ang inuutos sa kaniya.

May pagkakataon din na ituturo ng isang bulaklak ang isa pang bulaklak at sasabihing, **Dígpa ya pin pu, óneng alá ne pu kénì, mintá ya king bulaklák na ning...**(magbabanggit ng isa pang bulaklak), (Dumapo nga po rito, ngunit wala na po siya at pumunta sa bulaklak ng...) Pagkatapos niyon ay sasagot naman ang nabanggit na bulaklak at siya naman ang mag-iisip kung ano ang sasabihin ng hari.

Maging sa mga kabataan, ang dating pisikal na pakikipaglaro ng mga bata ay napalitan na ng paglalaro ng mga *gadgets* o kaya naman ay *online gaming*. Naging malaking bahagi na rin ng buhay ng mga kabataan ang panonood ng telebisyon at sine.

Sa pamilyang Kapampangan, naisasabuhay pa rin ang paghahati-hati sa gawaing bahay. Halimbawa, ang nakatatanda ang kadalasang inaasahan sa pag-aalaga sa kaniyang mga nakababatang kapatid. Ang mga nakababatang kapatid naman ay tumutulong din sa ibang mga gawain. Subalit kung ihahambing ang nakaraang konteksto sa kasalukuyan, masasabing mas magaan ang gawain ng mga bata ngayon kumpara sa mga nakalipas na panahon. Isa ang edukasyon sa sinasabing salik ng pagbabagong ito dahil mas mahaba na ang ginugugol na panahon ng mga kabataan sa pag-aaral kaysa noong unang panahon.

Pagbibinata at Pagdadalaga

Ang pagbibinata sa kulturang Kapampangan ay nagsisimula pagkatapos ng kaniyang pagpapatuli na tinatawag na **batakan**. Lumalaki din ang kaniyang lalagukan (*adam's apple*) na nagiging sanhi ng paglaki ng kaniyang boses.

Nagsisimula naman ang pagdadalaga sa oras na siya ay magregla na. Isa sa mga paniniwala ng mga Kapampangan ay ang pagbabawal sa paliligo habang nagreregla dahil siya ay maaaring masiraan ng bait. Ipinagbabawal din ang **pámanísig** o ang pagkain ng maasim sapagkat magbubuo-buo ang dugo sa panahon ng dalaw.

Bahagi naman ng pagbabago ng katangiang pisikal ng babae at lalaki ay ang tinatawag na **pámanúkud** o **manalukub** na kung saan nagsisimulang lumalaki ang kanilang mga suso.

Ang mga pisikal na pagbabagong ito ng mga dalaga at binata ay ginagawang basehan ng unang lipunang Kapampangan para sa pag-aasawa. Dahil dito, marami sa

kanila ang nag-aasawa sa murang edad. Samantala, mapapansin sa kasalukuyang panahon na ang mga babae at lalaki ay mas may edad na kapag sila ay nag-aasawa.

Pag-aasawa

Kadalasan, mas nauunang nag-aasawa ang babae sa pamilya dahil sa paniniwalang inililipat ang pangangalaga sa babae sa kaniyang magiging asawa. Hindi naman kaagad hinihikayat ang mga kalalakihan na mag-asawa sapagkat sila ay tumutulong sa kanilang pamilya sa paghahanap-buhay.

Noong unang panahon, malaki ang impluwensiya ng mga magulang sa pagpili ng mapapangasawa ng kanilang mga anak sa paniniwalang sila ang higit na nakaaalam kung sino ang nararapat nilang maging asawa. Sa kasalukuyan, ang mga kabataan na ang pumipili ng kanilang magiging kabiya sa buhay.

Sa mga pagkakataon na hindi pa handa ang bagong mag-asawa na tumayo sa kanilang mga paa ay tumitira muna sila sa kanilang mga magulang hanggang sa sila ay magkaroon na ng kakayahang bumukod.

Mga Signos Bago May Mamatay

Kagaya ng mga Tagalog at ibang mga pangkat na may iba't ibang paniniwalang nakadikit na sa kultura ng mga Pilipino, maraming Kapampangan ang naniniwala at natatakot sa mga **signus** (signos) o ang mga senyales na may dalang mensahe bago mamatay ang isang tao. Sinasabing kadalasang ang nakararanas nito ay ang mga pamilya, kamag-anakan, o ang mga malalapit na kaibigan ng isang taong biglaang mamamatay. Halimbawa ng mga **signus** na ito ay kapag ang mga alagang aso ay bigla na lamang umaalulong sa gitna ng gabi. **Magbitaul** ang tawag ng mga Kapampangan sa tunog na ito na ginagawa ng mga alagang aso. Ito ay isang hindi magandang pangitain na maaaring magdulot ng kamatayan ng isang miyembro ng pamilya. Pinaniniwalaan din na ang pagtilaok ng mga manok kung hatinggabi ay isang hindi magandang pangitain. Upang maiwasan, pinaniniwalaan ng mga matatandang Kapampangan na dapat ay katayin ang manok at itinola ito. Maging ang pananaginip tungkol sa pagkakabunging ng ngipin ay iniuugnay din sa kamatayan. Upang maiwasan ito, kailangang ikuwento ang panaginip na ito sa ibang mga tao.

Mga Kasabihan sa Burol

Marami ring mga **ariya** o mga pamahiin sa lamay at libing ang pinaniniwalaan ng mga Kapampangan. Gaya ng mga ibang pangkat sa bansa, naniniwala silang kailangang sundin ang mga ito tuwing may **lame** (lamay) upang hindi na masundan pa ng isa pang kamalasan sa buhay ang mga taong malapit sa namatay.

Halimbawa ng mga ito ay ang pagpili sa sukat ng kabaong ng taong nakaburol. Hindi pinahihintulutan ng mga matatandang Kapampangan na mahaba ang kabaong ng patay (*mete* sa Kapampangan) sa paniniwalang may susunod na mamamatay sa mga

kapamilya nito. Ipinagbabawal din ng mga matatandang Kapampangan ang paglilinis gaya ng pagwawalis ng mga kalat habang nakaburo pa ang patay.

Kagaya din ng iba, kadalasang inaawitan ang taong pumanaw tuwing may lamay. *Pamanyanita* ang tawag dito ng mga Kapampangan. Karaniwan namang may nagsusugal sa labas o sa tapat ng bahay kung saan nakaburo ang patay. Pinahihintulutan ito ng maraming mga pamilyang namatayan dahil nakatutulong ang mga *tong* o ang ibinibigay ng mga nanalo sa sugal o di kaya ang nagpapasugal para may pandagdag-gastos ang pamilya. Sa mga bumibisita naman sa patay, karaniwang nagbibigay sila ng ambag o abuloy sa mga naiwang pamilya. Nilalagay sa kamay ng namatay ang unang abuloy na ibinigay sa pamilya sa paniniwalang magiging mas marami ang abuloy na ibibigay sa kanila kung ginawa nila ito.

Mapapansin din na sa tuwing may lamay, *disposable* na kagamitan ang mga ginagamit nila dahil bawal na bawal ang makabasag sa paniniwalang ito ay hindi isang magandang pangitain. Pinasusuotan din ng mga pulang damit ang mga bata tuwing gabi ng lamay upang hindi sila sundan o bisitahin ng kaluluwa ng pumanaw na kamag-anak. Hindi naman magandang mensahe ang inihahatid ng mga nakikiramay kung sila ang nakasuot ng pulang damit dahil sumisimbulo ito ng kasiyahan. Noon, karaniwang nagsusuot ng itim na damit ang mga namatayan, tanda ng kanilang pagluluksa. Ang mga taong nakasuot naman ng puting damit ay nilalagyan ng isang maliit na telang itim sa kanang bahagi ng kanilang dibdib. Hindi din pinahihintulutan ng mga matatandang Kapampangan na matulog lahat ang pamilya ng namatay. Dapat ay may isa o higit pa ang manatiling gising upang magbantay sa patay.

Kagaya ng mga Tagalog, ginagawa rin ng mga Kapampangan ang **pagpag** o ang pagpunta muna sa ibang lugar bago umuwi ng bahay matapos bumisita sa isang lamay. Pinaniniwalaan na maaaring sumama sa kanila ang kaluluwa ng namatay kung didiretso sila ng uwi. Sa mga Katolikong Kapampangan, ginagawa din ang pagpapahawak ng putol na rosaryo sa patay.

Maging ang posisyon ng namatay ay iniingatang mabuti ng mga naiwang pamilya. Hindi dapat nakaharap sa altar ang bangkay kung ito ay nakaburo sa simbahan o sa kapilya. Naniniwala naman ang maraming Kapampangan na hindi dapat ihatid ng namatayan palabas ng burulan ang mga bumisita.

Mga Pamahiin sa Libing

Mula sa paghahatid sa burulan hanggang sa paghahatid sa huling hantungan ng namatay ay may mga pamahiin na ang mga naulilang namatay. Kagaya rin ng iba, pinaniniwalaan na hindi dapat ibinabalik ang patay sa lugar kung saan siya idinaan noong siya ay inihatid sa burulan. Pagdating ng **karu** (karo), hindi na pinatatagal pa ang oras ng paghihintay. Nagbabasag ng maliit na palayok ang mga Kapampangan sa paniniwalang wala nang susunod sa namatay. Sa kaniyang paglabas mula sa burulan, dapat ay nauuna din ang ulo ng namatay. Sa mga kantang ginagamit naman sa libing, *punebri* (punebre) ang kantang ginagamit ng mga unang Kapampangan.

Iniiwasan din sa libing ang pagkaputol ng prusisyon ng patay. Kadalasan din makikita ang mga taong nakakasalubong ng **karu** na naghahagis ng mga barya sa patay. Ito ay tanda ng kanilang pakikiramay at ang kanilang paniniwala na ito ay magdadala ng suwerte sa kanila.

Marami rin sa mga Kapampangan ang naniniwala na malas ang paglilibing ng Lunes kaya hindi sila naglilibing sa araw na ito. Lingid sa kaalaman nang marami na walang pari ang nakapagbibigay ng misa bago ang libing at basbas para sa taong namatay at gayun din ang mga supulturero na maglalagay sa huling hantungan ng namatay. Iniiwasan din na mauna ang mga pamilya ng namatay sa **karu** dahil maghahatid ito ng kamalasan sa kanila. Isa din sa mga matandang kasabihan na kapag ang bangkay ay bumibigat kapag binubuhat ito papalapit sa kaniyang huling hantungan, ito ay signus na hindi pa tanggap ng namatay ang paglilibing sa kaniya. Karaniwan namang itinatawid sa itaas ng kabaong ang mga bata bago ilibing ang patay sa paniniwalang hindi sila papasyalan ng kaluluwa ng namatay kung ginawa nila ito. **Lakbang** ang tawag ng mga Kapampangan sa gawaing ito.

Pagkatapos ng libing, nagkakaroon ng **aguman** o pagpupulong ang naiwang pamilya ng namatay upang pag-usapan ang mga naging gastos at ang iba pang mga desisyon na kailangan nilang gawin bago magkahiwa-hiwalay. Pinag-uusapan din dito ang pasiyam o ang siyam na araw ng pananalangin ng mga pamilya para sa kaluluwa ng yumao nila sa buhay. Ipinagdiriwang din ng mga Kapampangan ang ika-40 na araw matapos mamatay ang isang mahal sa buhay. Gaya ng ibang mga Filipino, pinaniniwalaan na ang araw na ito ay ang araw ng pagpasok ng namatay sa langit. Pagkatapos naman ng isang taon ay ipinagdiriwang ang **Lukas paldas** (may literal na kahulugan na pagtatanggal ng damit ng paglulukso). Ito ay tinatawag na “babang lukso” ng iba na ginaganap sa unang anibersaryo ng pagkamatay ng isang tao. Sa kaarawan naman ng namatay o sa araw ng kaniyang kamatayan ay karaniwang pinapasyalan ng mga naiwang pamilya sa *kabu santu* o *kampu santo*, salitang ginagamit upang tukuyin ang sementeryo.

Gaya din ng ibang mga Pilipino, isang mahalagang araw sa mga Kapampangan Katoliko ang *daun* o ang araw ng mga patay. Sa Guagua, Pampanga, ang pagdiriwang na ito ay nagtatagal nang hanggang siyam na araw.

SITWASYONG PANGWIKA

Ang wikang Kapampangan ay sinasalita o ginagamit ng mga mamamayan na may edad 37 pataas sa loob at labas ng tahanan maliban na lamang kung ang kanilang kausap ay hindi Kapampangan. Ang mga milenyal pababa (36 pababa), ay gumagamit ng mga salitang pinaghalong Tagalog, Filifino, Kapampangan, at Ingles sa loob at labas ng tahanan.

Ayon sa pananaliksik, natukoy na wikang Kapampangan ang ginagamit sa pakikipag-usap sa kanilang mga kapamilya at ibang tao lalo na sa mga edad 36 pataas. Maging ang mga milenyal na may edad 17-35 ay gumagamit pa rin ng wikang ito. Ayon

naman sa mga nakatatanda, ang mga kabataang nasa elementarya pababa ay karaniwang gumagamit ng ibang wika gaya ng Filipino at Ingles dala marahil ng impluwensiya ng media at edukasyon (sumangguni sa talahanayan 2).

Tumbasan ng mga salita (J. Peralta) sa Kapampangan

Makikita sa talahanayan 2 ang tumbasan ng bawat salita sa mga salita sa mga kabilang na bayan sa pananaliksik.

Mga Salitang Walang Baryasyon

Ito ang mga salitang hindi nagbago ang pagkakagamit ng lahat ng antas ng tagapagsalita ng wikang Kapampangan sa kabuoan ng pananaliksik. Ang mga ito ay ang mga sumusunod:

Ipinakikita sa talahanayan bilang 2 na sa 387 mga salita mula sa wordlist ni Peralta, 111 sa mga ito ang walang baryasyon.

FIL	KAP	FIL	KAP	FIL	KAP	FIL	KAP
(2.) dalawá	Adwâ	(4.) ápat	âpat	(5.) limá	lima	(6.) ánim	ánam
(7.) pitó	Pitu	(14.) walâ	alâ	(21.) pakpák	pakpák	(25.) palakâ	tugák
(27.) báboy	Bâbi	(28.) áso	ásu	(32.) dagâ	dagís	(37.) kúto	kútu
(46.) káin/ kumáin	mangán	(47.) itlóg	ébun	(48.) asín	asín	(49.) kamóte	kamúti
(53.) maásim	maslám	(237.) laláki	Laláki	(56.) busóg	mabsî	(60.) álak	álak
(64.) búko	Búkû	(65.) lúya	láyá	(68.) manî	manî	(69.) bigás	abýas
(73.) kánin	Nási	(87.) butó	bútul	(90.) abaká	abaká	(91.) búlak	búlak
(98.) umága	Ábak	(102.) gabí	béngi	(103.)ngayón	ngéni	(104.)búkas	búkas
(107.) buwán	Búlan	(114.) ulán	urán	(125.) bintanà	áwang	(127.) uwî	múli
(129.)búkung- búkong	bukungbúkung	(130.) katawán	katáwan	(132.) paá	bitis	(133.) sákong	sákung
(134.) talámpákan	talampákan	(142.) pálad	pálad	(144.) síko	síku	(147.) kamáy	gámat
(151.) likód	Gúlut	(153.) pusò	púsû	(154.) bitúka	bitúka	(155.) atay	até
(156.) bagâ	Bagâ	(158.) ugát	úyat	(159.) dugô	dayâ	(160.) butó	bútul
(161.) tabâ	Tabâ	(162.) úlo	buntúk	(163.) buhók	bwák	(164.) útak	útak
(165.) mukhâ	Lúpa	(168.) babâ	bábâ	(169.) bibíg	asbúk	(170.) labì	lábì
(171.) dilâ	Dilâ	(172.) ngípin	ípan	(174.) matá	matá	(177.) ilóng	árun
(178.) leég	Bátal	(180.) balát	balát	(186.)karáyom	karáyum	(203.)lálím/malálím	malálám
(215.)matákot/ takot	tatákut/ matákut	(231.)upô/ umupô	luklúk	(54.)tamís/ matamís	mayúmu	(304.) tálás / matálas	Matarám
(246.) anák	Anák	(252.)pangála n	lagyû	(259.) ubó	kúkû	(262.) gamót	panúlu
(268.) páwis	Páwas	(271.) túbig	danúm	(275.) bangkâ	bangkâ	(279.) isdâ	asán
(281.) tuyô	malangí	(286.)mabang ó	mabanglú	(299.)magsinungalin g	maglarám	(242.) pamílya	pamílya
(376.) bágo	Báyu	(308.)mapuról	mapurúl	(379.)singsing	singsing	(332.) abó	abú
(334.) hángin	Ángin	(338.) káhoy	dútung	(339.) daán	dálan	(340.) lúpa	gabún
(342.) bató	Batú	(344.) bundók	bundúk	(346.) báyard	báyad	(381.) malíft	malatì
(348.) bilí / bumilí	sali / sínali	(350.) utang	utang	(357.) itím	matulíng	(358.) pula	malutù
(360.) luntî	Bérdi	(361.)magandá	malagû	(366.) mahírap	masakít	(369.) matigás	masyás
(370.) mabigát	mábayat	(371.)magtag ò	sálikút	(372.) ilán	pilán	(374.) magaan	mayán
(307.)saksák / saksakín	saksák/ saksakán	(316.) maglarò/ laruín	mamyálung	(347.) ibénta/ ipagbilí	pisáli		

Talahanayan 2. Mga Salitang Walang Baryasyon

Samakatuwid, may mga salita sa Kapampangan na hindi talaga nagbago ang pagkakagamit at pagkakabigkas. Maaaring maging salik sa aspetong ito ang kulturang

Kapampangan na kung saan masasalamang pa hanggang sa kasalukuyang panahon ang ugnayang sosyal ng mga tao sa iba't ibang panig ng lugar. Halimbawa, makikita pa rin ang mga pagdiriwang ng mga kapistahan at iba pang mga okasyon, **aguman** o mga pagtitipon, at pagiging malapit ng mga magkakamag-anak sa bawat isa. Ang malapit na interaksyon ng mga miyembro ng isang grupo, ayon kay Del Corro (1988), ay maaaring sanhi ng pagkakaroon ng parehong pamana, damdamin, o kalagayan na kung saan binibilang ng mga tao ang kanilang sarili bilang bahagi ng pangkat. Maaring nakaaapekto ito sa pagkakaroon ng mga komong salitang ginagamit ng mga Kapampangan.

Mga Salitang May Baryasyon

Hindi maikakaila na ang wika ay nagbabago. Ang mga salita ay maaaring madagdagan, mabawasan, o mamatay. Kaugnay nito ay ang napatunayan ng mga mananaliksik na ang mga salita sa Kapampangan ay may iba't ibang baryasyon. Makikita sa talahanayan 3-12 ang mga baryasyon ng mga salita ayon sa listahan ni Peralta.

Fil	Kap	Fil	Kap	Fil	Kap	Fil	Kap
1. isâ	métung isâ	8. waló	walú ótso	9. siyám	syám nuebe	10. “sampû”	apúlû dyés
16. magbiláng	mamílang bumílang	18. ibon	áyup ibon	21. pakpák	pakpák bagyús	30. “kalabáw”	damúlag kalabáw
31.usá	usá musang	33. buntót	íkí buntút	39. ánay	ánay áné	45. lumunók /nilunók	makmúl lumunók
51. sabáw	sabó sabáw	79. aním	tanáman tanám	83. dáhon	bulúng dáhun	84. bulaklák	sampága bulaklák
88. ságing	ságing ságin	94. ikmó	samát ikmó	101. áraw	aldó aldáw	109. áraw	aldó aldáw
112. kulóg	duldul kulug	116. malamíg	marímila madímila	117.ínit/ maínit	mapalí malisángan	118. maínit	mapalí malisángan
74. pálay	pále pálay	120. bákod	bákud padér	122. báhay	balé baláy	131. hità	pwád hità
136. dalirì ng paá	dalíring bitis talíring bitis	143. dalirì	talíri dalíri	149. díbdíb	sálû díbdíb	152. tiyán	atsán atiyan
155. atáy	até atay	175. kílay	kíle kílay	173. taínga	bálugbúg táynga	176. pilikmatá	írap pilikmata
191.labá/máglaba	mamípí pipí	199.kánan	waná kanán	200. kaliwâ	kaylí kaliwâ	202.maluwáng	malwálas malápad
208. malakí	maragúl madagúl	249. anák	anák anak malatí	216. áway	paté patáy	247. asáwa	asáwa ábe
150. súso	súsu dedì	166. noó	kanwán noó	209. mahabà	ma^ba makábâ	236. babáe	babái babáye
240. táo	táu táwu	254. bingí	maklák ma^lak	256. patáy	méte metay	253. bulág	bulág pulák
261. katí	gatál gámus	273. ílog	ílug ílog	277. balsa	lámû balsá	280. basâ	mabasâ basâ
284.maligò	mandílû magdílû	302. lakás / malakás	másikán malakás	285. sukláy	suklé sukláy	298. patayín	patén patayán
303. mahinà	maynâ mayinâ	307. saksák / saksakín	saksák saksakán	309. panaginip	panínap panaginip	310. makalímot	kalingwán mangalingwán
311. tandaán	tandánanganakán ganakán	315. matutúhan	abalû átutúhan	317. umáwit	magkantá kumantá	318. matúlog	matudtúd matúd
319. gising	makagising gising	329. hindí	alí hindí	330. súnog	siláb dulúk	331. úsok	asúk úsuk
333. uling	úling karbún	335. alikabók	alíkabúk alipugpúg	351. “maralita	kalúlu mágkasákit	353. “múra”	múra mábabâ
356. “putí”	maputí putí	362. malakí	maragúl madagúl	364.hiningá	pangisnáwa panisngawahan	365. ilibíng	kutkút libíng

375. nawalà	mebátìng mewalà	377. lumà	lumà laún	383. sumúso	sumusu dumedì	384. luhà	lwà luhà
386. maghintáy	manenáya manáya	337. “buhángin”	balás buhángin				

Talahanayan 3. Mga Salitang may Dalawang Baryasyon

Fil	Kap	Fil	Kap	Fil	Kap	Fil	Kap
11. “dalawampû”	adwâmpûlû adwângpûlû béynti	12. “sandaán”	dínálan métung a dалан métung a ralan	13. “libo”	líbu lílibuhín míl	19. “uwák”	uwák awák wak
38. “gagambâ”	bâbagwâ gagambâ bagwâbagwâ	50. “karné”	kárni bábi álaman	57. “gútom”	dánupan maránup madánup	61. “bulók”	sírâ buluk buwák
67. “nípa”	<i>kûbu pináud pináwid</i>	70. “ipá”	<i>ápá ipá bulu</i>	89. “yantók”	<i>yantúk antúk ratán</i>	92. “talóng”	<i>balásénas talúng talóng</i>
93. “búnga ng ngangà”	<i>lúyus búnga ngangà</i>	96. “ápog”	<i>ápí apug apog</i>	97. “ngayón”	<i>ngení yéni éni</i>	103. “ngayón”	<i>ngéni yéni éni</i>
105. “kahápon”	<i>nápun mílabaan nápun abak</i>	106. “taón”	<i>banwá taón pabanwá</i>	108. “bituín”	<i>bitwín batwín talà</i>	42. “maglutò”	<i>maglutù mangusinà manyásat</i>
121. “sahíg”	<i>landé landáy lapág</i>	123. “bubóng/atíp”	<i>atáp bubúngan bubóng</i>	128. “mabúhay”	<i>kumabyé mabúhay bumyé</i>	135. “túhod”	<i>túd intúd imtúd</i>
138. “titi”	<i>bútù búrat titi</i>	141. “balikat”	<i>pagó pagáw dalupépe</i>	183. “lála”	<i>lála lalála ikat</i>	184. “baníg”	<i>dáse dásay baníg</i>
185. “tahî /iitahî manahî”	<i>manayî manulsî sulsî</i>	189. “pantalón”	<i>pantalún salól salól makabà</i>	190. “bahág”	<i>bahág pinán pináng</i>	192. “lúbid”	<i>lúbid talí sóga</i>
194. “silángan”	<i>paraláya áslagan silangán</i>	201. “makítid” / “makípot”	<i>maskúp makíput makítid</i>	204. “ilálim”	<i>lálam lam ilálam</i>	207. “maikli”	<i>makúyad malatí maiksî</i>
210. “derétso” / “tuwid”	<i>matúlid dirétsu darétsu</i>	211. “táktot”	<i>tákut tátákut káruq</i>	218. “sakít” / “kirót”	<i>sakít kirút pánandamán</i>	219. “tawá” / “tumáwa”	<i>máyli sásagagkák gígigít</i>
225. “itúlak”	<i>túlak subúng súgud</i>	226. “takbó” / “tumakbo”	<i>pulayî mamulayî pulandít</i>	228. “lákad” / “maglakád”	<i>lákad lumákad máglákad</i>	229. “paikútin” / “ikot”	<i>dúrut padúrut padurútan</i>
234. “kasáma”	<i>kayábe ábe kaábay</i>	235. “kaibígan”	<i>káluguran kaibigan kakáluguran</i>	251. “bálo”	<i>balù mebálu mebyudu/mebyúda</i>	255. “maysakit”	<i>másakit sákítin salunán</i>
257. “mamatáy”	<i>maté mamaté matáy</i>	258. “pigsâ”	<i>tigsâ pigsâ bayâ</i>	263. “dumumi” / “tumâe”	<i>tínaklâ mégdínát méglukásan</i>	267. “nagsuká” / “súka”	<i>súka susúka menyúka</i>
274. “ágos”	<i>águs dagus magus</i>	278. “langóy” / “lumangóy”	<i>káwé kínawáy kawáy</i>	283. “kulô” / “pinakuluan” / “pakuluan”	<i>bukál pabukal pékulwán</i>	292. “marumi”	<i>marínát madínát marnát</i>
295. “súnog” / “sunúgin”	<i>siláb dulúk dulukán</i>	296. “hiwà” / “magputól”	<i>gilí hiwà ngilí</i>	297. “sipáin”	<i>paldakán sipán sipáan</i>	312. “alám”	<i>abalù balù alam</i>
314. “kilála”	<i>balù kilála alam</i>	320. “hawákan”	<i>talnán talanán da^tan</i>	321. “amóy”	<i>báwu mawu singut</i>	325. “tawágin”	<i>awsán kulaitán osán</i>
326. “kuwénto”	<i>istórya kwéntu bida</i>	336. “pútik”	<i>búrak piták labák</i>	341. “lindól”	<i>ayún lindúl ayóy</i>	349. “magtrabáho”	<i>magóbra gágálaw magtrabáho</i>
354. “mahál (na presyo)”	<i>mal kamál makamál</i>	355. “ibigay”	<i>ibyé ibyáy biyáy</i>	367. “hukáy” / “humúkay”	<i>kulkúl mangutkut mángulkúl</i>	380. “anino”	<i>alínu alínu anínu</i>
385. “tinali”	<i>tinali ginápus tinúbong</i>						

Talahanayan 4. Mga Salitang May Tatlong Baryasyon

Fil	Kap	Fil	Kap	Fil	Kap	Fil	Kap
22. “balaño”	<i>bulbúl balaibu balbún balaño</i>	23. “buwáya”	<i>dápu buwáya buháya buáya</i>	24. “ígat”	<i>ígat palús talunásan alusús</i>	34. “pagóng”	<i>pagúng pagóng pawū pawíkan</i>
35. “buláte”	<i>bulátí úlád kalidkíd uod</i>	36. “lamók”	<i>amúk yamúk lamúk émok</i>	40. “kúto (pantao)”	<i>liyas alyas lyas lisâ</i>	76. “tubó”	<i>atbu a^bu apbú akbú</i>
82. “balát ng káho”	balát dútung balát tanáman balát níng dútung balát níng tanáman	85. “tiník”	suksúk tiník saluksuk túsuk	86. “prútas”	prútas búnga búnga tanáman búnga dútung	95. “ngangà”	ngangà mama mamama mamán
100. “hápon”	gátpanápun gáppanápun ga^ganápun gátganápun	111. “úlap”	bígâ úlap lúlam málulam	188. “únan”	ulunán ulun ilunan alunán	193. “hilagà”	pangúlu ilaga hilagà amianan
195. “kanlúran”	albúgan paróba kanlúran kalbugán	198. “malayò”	maláut maláwut marayú madáyu	213. “nahiyâ”/ “mahiya”	díné meriné maríne marínay	217. “malungkót”	malungkút malungkót malumbe magmálun
230. “tayò” / “tumayò”	tikdó talákad tikdâw tinalákad	233. “ibasúra”	iugsé ugsé ibasura iugsáy	239. “matandang babâe”	matwáng babái matwá ingka apù	245. “kapatíd”	kapatád kapútul kakâ wáli
248. “asáwang babâe”	asáwa asáwang babái âbe balé jo	265. “dumurâ”	dúrâ lúrâ línurâ tínupé	287. “ikuskós”	ipúlís ikuskús kaskás ipúnas	288. “kinís” / “makínis”	makínis malingátngât mapínu malinâtnât
289. “pigâ” / “pigáin”	palipitan pilipítan paslân pigán	291. “páhid” , “punásan”	kuskusán púlís pulísan punásan	293. “masamá”	marók marawák makastâ matsurâ ugali	301. “nákaw” / “magnákaw”	manáko megnáko manakaw umit
322. “tingnán”	albén lawén lawán lon	327. “salitâ”	salita amánu sábi iapse	328. “óo”	uwá wá áwa óo	363. “íhip” / “híhip”	tsúp labúl tsúpan tyupan
378. “ibá”	aliwâ alwâ panibayu ibá	167. “pisngi”	pisngí lúpa páling pisnî				

Talahanayan 5. Mga Salitang May Apat na Baryasyon

Fil	Kap	Fil	Kap	Fil	Kap	Fil	Kap
17. “háyo”	animál áyup háyo sése lasip	26. “áhas”	ubíngan bíngan lubíngan bitín a-as	29. “unggóy/matsíng”	matsín matsíng unggóy bakúlaw tsónggu	41. “paruparó”	maripósa maryapósa paru-parú kámbubúlag liparó
43. “palayók”	kúran balanga palayúk palayók bangâ	80. “punò”	tanáman ímpun impun punò pún	81. “ugát”	úyat amút yamút úgat wákat	115. “bahaghári”	pinánárí punanárí puninárí pulinárí bahaghári
181. “pilat / péklat”	péklat pékas pilat pekis pisugatan	206. “mababâ”	mababô pandák mababâ malatí bansút	212. “gálit”	mwâ mimimwâ mimwâ sasbulúb mikákapali	220. “akyát” / “umakyát”	maník mukyát menik menalukyat sampâ
221. “lumútang”	gumátó ginátó lintó línutáng	227. “bilís” / “mabilís”	mabílís marápal madalasdás malagwâ	238. “matandang laláki”	matwáng laláki matwá ingkúng	243. “tatay”	táta tátang táng ibpâ

	ménanyúd		másalusû		ingkú apú		igpâ
145. “brásó”	takdé brásó barásus barásu brásu	148. “dangkál”	dangkál karángal karáangan karángkal dáli	260. “napakapayát”	mapayát kayayát kapayát sóbra payát mayáyat	272. “talon”	talón talún lagaslás tútulù tulari/tutulari
282. “ibilád”	ibilád bilád palangyán palangyán king aldó payaldáwan	300. “kalmútín”	kalmút galamúsan gámusan gamálan gatalán	324. “sagót”	pakúbat sinábi sagút sabyán me ablas	352. “mayáman”	makwálta mabandí mayáman atinán mikaagyú
382. “dikít” / “dumikít”	pakát pékat dikít mípakát dínikít	345. “tuktók”	tuktúk bábo tóre sépu tarik				

Talahanayan 6. Mga Salitang May Limang Baryasyon

Fil	Kap	Fil	Kap	Fil	Kap	Fil	Kap
52. “almusál/agáhan”	almusál amusál panábak abakán mapaít mapayít	59. “úhaw”	máwa uháw pangakáwa káwa mangáwa máu	78. “gúbat”	gúbat pulô pulú súkal bundúk táldawà	126. “dingding”	sasag padér paníg dalíg sawali dingding
139. “tumbóng”	pitaklán tumbóng búgal turíl kayukút tumbúng	146. “dipá”	kágpa kayágpa métru métrus dipá kaágpa	157. “tadyáng”	tagyáng tadyáng tágilirán tagyé galugud gilid	196. “tímog”	ábagátan maulí mawlí tímug tímog dabirál
205. “punô”	katnú kapmú ka^mú sapák mitnú mi^mú	222. “lumipád”	súlapo sínulápo sulágpo salágpo sulapáw salápo	223. “húlog”/ “mahulog”	baldúg mabalág mabaldúg nakbág manakbág manábú	264. “ipòt”/“dumí”	bulús takla dinát tílis mánagilid marisák
269. “dágat”	dágat dáyat málát dei málát dáy málát danuman danúm málát	323. “sábi”	sabyán sábi agkás ana ámanwán ara	343. “landás”	gasgás landás tarundún dalisdís lakdát magurúl	359. “diláw”	diló koról ébun kulyawan kalyága ngilaw kùle ébun
368. “mabúti”/ “mabaít”	máyap map mabuti maganakâ istú masalése						

Talahanayan 7. Mga Salitang May Anim na Baryasyon

Fil	Kap	Fil	Kap	Fil	Kap	Fil	Kap
113. “kidlát”	Kídlat altí kídlag kíldap ngídlat kíglat ngíldap	119. “manáhan/tumirá”	manúknáangan tuknáangan tumirá makátuknáng marátun mágdátún mágdátún	124. “silong”	lambalé lálam balé silong sálilungan sálilung lálam baláy dálungdúng	137. “puwérta, puki”	púki pekpék arí peksing anták turít tinggil
114. “iyák” / “umiyák”	gagalanggang/ ginalanggangkyak kíkyak	244. nánay”	imâ mâ^ma ma	266. “ihí”	imí mí mími	270. “lawà”	lawà sáug láug

	gágagà / gínagà kinlís kiklís tángis / tínangis / tínangis		indâ indû ínang nang		iyé iyí ngí í		láut danuman banâ pinák
276. “pansagwán”	Bagsé baksé agkán pamaksé sagwán pánsagwán pángkampé	290. “húgas” / “naghúgas”	manós mánwas mángwas menwás ménos wásan luglugán	305. “kalúban” / “suksúkan”	kalúban sálíkútan lulanan tákas sakbít takyáran suksúkan	387. “tali”	léting lúbid panúbong tyansi tansí sati

Talahanayan 8. Mga Salitang May Pitong Baryasyon

Fil	Kap	Fil	Kap	Fil	Kap	Fil	Kap
71. “magbayó”	mamayú dumarà mandikdik magbayú mandaldákan báywan mandakdák magbayú	224. “hiláhin”/ “hila”	ígut ábit abítan kúlyután gúlyután bátákan kalatagan gúyud	241. “sambahayán”	pamibalébalé kabalénan pibalé balé kilubalé kilubaláy balé balé sampulong baláyan	294. “kagát”	két ngét kayát keyát kyatán kínis kyét kagát
373. “mangáso”	mandakáp manáyup manyutung mangásu manásu manyakáp mángúbat maniradur						

Talahanayan 9. Mga Salitang May Walong Baryasyon

Fil	Kap	Fil	Kap	Fil	Kap	Fil	Kap
72. “pambayó”	pambayú pamayú álô álû ásung másung kásung pangbayu pándaldák	110. “himpapawíd”	banwá bábo kálawákan hímpapawíd ímpapawíd langit alapáap kalangítan pasúlápo	182. “tahi, tahîin, hinabî”	manayi manulsi lala tahi manyulsi manahi sulsi magtahi ikat		

Talahanayan 10. Mga Salitang May Siyam na Baryasyon

Fil	Kap	Fil	Kap	Fil	Kap	Fil	Kap
62. “lúsong”	ásung almirés almiris lúsung asúng- asungán kásung másung pándikdik pándaldák pandakdák	77. “kaingín”	kaingín mángárbun gagasák mág-úling mángúbat mánulíng manyilab dapúg mágdampúl mányapúg	99. “tanghali”	abakán mamábak manábak ugtú pawgtwán paugtwán pagtwán gatpanápun tanghalian tanghali	306. “sibák” / “magsibák”	mamislák sibák manyibák magsibák mamútut mamalakúl mángútud mamángal magtabák manábak

Talahanayan 11. Mga Salitang May Sampung Baryasyon

Fil	Kap	Fil	Kap	Fil	Kap	Fil	Kap
15. “lahát”	éganaganá séganaganá kéganaganá ganagana sablâ sablâsablâ, dakál dakál a dakál ngan lagánas ganangán	75. “palayán”	ásikán dáyat dáyatan táldawâ palayán sakáhan maranglé pitamnán lautâ múla abyasan liblúban	232. “itsá”, “ihágis”	itsâ atsâ lugsé ugsé iugsé iugsáy utsé balugsé balibág balabág basíbas ibatú baróngga	250. “alípin”	alípan ípus alilà katúlung kayábe balé kayábe ábe balé kasáup utusán aláypan

Talahanayan 12. Mga Salitang May Labing-isa at Higit pang mga Baryasyon

Dahil sa kapansin-pansing kaibahan ng mga natatanging baryasyon ng mga salita mula sa Abucay, minarapat ng mga mananaliksik na ipakita ito sa talahanayan 13.

Fil	Kap	Fil	Kap	Fil	Kap	Fil	Kap
(3.) tatló	a^lu	(9.) siyám	siyám	(11.) dalawampû	béynte	(15.) lahát	sablâ
(23.) buwáya	buháya	(26.) áhas	bítin	(29.) unggóy/matsing	matsin	(35.) buláte	buláte
(36.) lamók	émok	(39.) ánay	ánay	(41.) paruparó	liparó	(42.) maglutò	mangusinà
(44.) kutsarón/sandók	sandók	(51.) sabáw	sabáw	(59.) úhaw	máu	(74.) pálay	pále pálay
(92.) talóng	talóng	(94.) ikmó	ikmó	(101.) áraw	aldó	(106.) taón	taón
(109.) áraw	aldáw	(110.) himpapawíd	alapáap	(121.) sahíg	landáy	(122.) báhay	baláy
(124.) sílong	lálam baláy	(128.) mabúhay	mabyáy	(139.) tumbóng	kayukút	(141.) balikát	pagáw bráso
(163.) buhók	buwák	(175.) kílay	kílay	(179.) lalamunan	almúnan	(183.) lála	lalála
(184.) baníg	dásay	(188.) únan	alunán	(198.) malayò	madáyu	(205.) punô	mi^mú
(209.) mahabà	ma^ba	(212.) gálit	sasbulúb	(213.) nahiyâ/ mahiya	marínay	(214.) iyák / umiyák	kiklís kaklís kinlís
(216.) áway	mipatáy	(221.) lumútang	gátaw	(222.) lumipád	sulapáw	(224.) hiláhin/ hila	kinilatag
(230.) tayô / tumayô	tikdâw	(232.) itsá, ihágis	iugsáy ibánglay	(233.) ibasúra	iugsáy	(234.) kasáma	kaábay
(235.) kaibígan	kaibigan ábay-ábay	(236.) babáe	babáye	(239.) matandang babáe	matwáng bábaye	(241.) sámbahayán	kilubaláy kabaláyan
(250.) alípin	kasáup	(254.) bingí	ma^lak	(255.) maysakit	salunán mikasakit	(257.) mamatáy	matáy
(260.) napakapayát	mángaliráng	(264.) ipòt/dumí	pururútn	(266.) ihi	iyé iyí	(269.) dágat	dei málát
(270.) lawà	tabyó	(276.) pansagwán	bagsáy	(278.) langóy /lumangóy	kínawáy kawáy	(285.) sukláy	sukláy
(291.) páhid, punásan	punásan	(293.) masamá	makastá	(295.) súnog / sunúgin	dulúk dulukán	(297.) sipáin	sipáan
(298.) patayín	patayán	(300.) kalmútín	galmáng	(301.) nákaw / magnákaw	manakaw	(312.) alám	alam
(313.) kilála	alam	(314.) matutúhan	átutúhan	(320.) hawákan	da^tan	(325.) tawágin	osán
(328.) óo	óo	(329.) hindí	hindí	(330.) súnog	dulúk	(335.) alikabók	alikabók
(341.) lindól	ayóy	(343.) landás	lakdát	(349.) magtrabáho	gágaláw magtrabáho	(354.) mahál (na	makamál

						presyo)	
(355.) ibigay	ibyáy biyáy	(364.) hiningá	panisngawahan ináwa	(377.) lumà	arán	(378.) ibá	ibá
(382.) dikít /dumikít	miagtà	(385.) tinalì	tinúbong	(387.) tali	panúbong túbong		

Talahanayan 13. Mga Salitang Tanging sa Abucay Lamang Matatagpuan.

Kung susuriin, marami sa mga salitang ito ang nagtatapos sa **aw** gaya ng **sabáw**, **gátaw**, at **sulapáw**. May mga salita ring nagtatapos sa “**ay**” gaya ng **mipatáy**, **ábay-ábay**, at **sukláy**. Samakatuwid, maraming salita sa Abucay mula sa listahan ang may katumbas ng mga salitang nagtatapos sa ay at aw.

Mga Salik na Maaaring Nakaapekto sa Baryasyon at *Diffusion* ng mga Salita

Sa paglipas ng panahon, ang wika ay nagbabago at ang pagbabagong ito ay hindi maiiwasan ng kahit anong buháy na wika (PBS, 2015). Ayon kay Trudgill (1988), ang susi sa baryasyon ng isang wika ay ang pagkakaroon ng *diffusion*, o ang pagkalat ng isang makabagong wika sa isang heograpikal na lugar. Ito ay nagaganap sa pamamagitan ng “*linguistic accommodation*” na kung saan binabago ng mga tagapagsalita ng isang wika ang paraan ng pagbigkas ayon sa kung sino ang kaniyang kausap. Maaaring nakaaapekto ito sa pagkalat at pagbabago ng mga salita sa isang lugar.

Sa isinagawang pananaliksik, mayroong 276 na mga salita sa kabuoan ang nakalap na may baryasyon. Samakatuwid, pinatutunayan lamang na karamihan sa mga salitang Kapampangan ay mayroong iba’t ibang baryasyon na marahil ay bunga ng mga iba’t ibang salik. Ang mga salik na ito ay maaaring naging dahilan din ng *diffusion*.

Kultura. Ang pamumuhay ng mga tao sa isang lugar ay isang malaking salik sa pagbabago ng isang wika. Ayon kay Haviland et al. (2007), ang paggamit natin ng wika ay masasalamain sa kabuoan ng ating kultura. Sa katunayan, masasabing ang wika ng kultura ay ang mismong wika nito. Ito ay nangangahulugan na naipakikilala ang kultura ng isang pangkat ng mga tao ayon sa salitang kanilang ginagamit.

Halimbawa, ang kulturang Kapampangan na **pamakyabe** o pakikipagkapuwa-tao ay makikita sa pagpili ng kanilang mga salitang ginagamit (*choice of words*). Ang salitang **samak**, halimbawa, ay nangangahulugang kaibigan o **kompadre** sa mga Kapampangan (Bergaño, 1732/2007). Ito ay kadalasang ginagamit ng mga may-ari ng lupa upang tukuyin ang isang taong nagtatrabaho o nagtanim sa kaniyang lupaing pagmamay-ari (**kasamak**). Ngunit, kung babalikan ang kasaysayan, ang salitang ito ay tumutukoy noon sa isang taong nangungupahan lamang ng isang lupain o isang alipin ng isang **haciendero**. Sa panahon ng mga Espanyol sa bansa, ipinatupad ang pagpaparehistro ng mga lupain at ang mga lupaing hindi naparehistro ay kinuha ng mga Espanyol. May mga pagkakataon din na pinauutang ng mga Espanyol ang mga Filipinong magsasaka at pinapatungan ng malaking halaga (**samakan**); ang mga hindi nakapagbayad ay napilitang maging kasamá (**kasamak**) na lamang. Masasalamain dito ang pagkakaroon sa lipunan ng sistemang pang-aalipin. Ngunit sa kasalukuyang panahon, hindi ito ginagamit ng mga Kapampangan upang tukuyin ang isang alipin o nagtatrabaho, kundi sa isang positibong paraan dahil marahil sa

pagpapahalaga ng mga Kapampangan sa pakikipagkapwa tao. Ito ay isang maaring halimbawa ng impluwensiyang kultura sa pagbabago ng wika.

Sa ilalim ng kultura, malaking bahagi din ang edukasyon sa baryasyon ng wika. Sa ginawang pananaliksik, tinukoy ng mga informant na ang edukasyon ay nakaiimpluwensiya ng malaki sa baryasyon ng mga salita sa wikang Kapampangan, tulad na lamang ng mga salitang tinagalog at iningles. Sa katunayan, nabanggit sa mga pakikipanayam na ang mga kabataan ay gumagamit ng wikang Filipino at Ingles sa paaralan na maaaring naging dahilan ng pagkakaroon ng pagbabago ng mga salitang kanilang ginagamit. Halimbawa ng mga salitang ginagamit ng mga kabataan na maaring impluwensiya ng edukasyon ay palayuk, kidlat, lawa, hayop, pilikmata, talon, buwaya, bahag, at ang mga pangunahing direksiyon na hilaga o norte, kanluran, silangan, at timog na salitang tinagalog. Sa mga salitang iningles naman ay *animal*, *karbun*, *ratan*, *rainbow*, *yellow*, at *hunting*. Ayon kay Fernandez (2000), maging ang edukasyon ay gumagamit ng wika ng mga mananakop (Ingles). Kung susuriin, sa kabila ng pagsisikap ng lokal na pamahalaan na pagyamanin ang **amanung sisuan** o ang wikang Kapampangan, ang dominateng mga wika pa rin ang ginagamit sa edukasyon ay hindi sa ating mga Kapampangan.

Makikita din na ang relihiyon ay nakapagpapabago ng mga salitang gamit ng mga tao. Ayon kay Rahimi at Hematiyan (2011), naiimpluwensiyahan ng relihiyon ang lahat ng bahagi at aspeto ng lipunan, mula sa uri ng pamumuhay, agham, edukasyon, arkitektura, pag-uugali, at iba pa. Naobserbahan din ni Ferguson (1998) na malaki ang papel na ginagampanan ng relihiyon sa pagkalat ng mga salita sa isang rehiyon. Halimbawa, ang isang misyonaryo o pari na galing sa isang parokya at nagturo sa isa pang parokya ay nagiging tagapagdala ng mga salita sa mga tao. Ang mga salitang ito ay maaaring gamitin na rin ng mga parokyano at nagiging bahagi na ng kanilang bokabularyo.

Sa kulturang Kapampangan, mataas ang pagpapahalaga ng mga Kapampangan sa relihiyon bunga marahil ng pananatili ng mga Espanyol sa Pampanga sa mas maagang panahon. Kung babalikan, kasabay ng pagkakatatag ng pamahalaang Espanyol sa Pampanga bilang lalawigan ay ang pagkakatatag din ng pamahalaang Espanyol sa Maynila bilang lalawigan noong 1571. Maaaring dahil sa malaking impluwensiya ng simbahang Katoliko sa pamahalaan, maraming mga salita ang ginamit at inangking ganap ng mga Kapampangan. Ang mga salitang nanggaling sa mga Espanyol na maaaring may kaugnayan sa katolisismo ay ang mga sumusunod: **karosa**, **lubénas**, **prusisyun**, **pontétas**, **kuraldal** (mula sa salitang *curar*), **naval**, at **batalya** (mula sa salitang *batalla*).

Politikal. Masasabing salik din ang politikal na dahilan, gaya ng pagpasok ng mga dayuhan, paggalaw ng mga tao (migrasyon), at kolonisasyon, sa pagkakaroon ng baryasyon sa wika (Mantiri, 2005). Kapag ang isang grupo ng mga tao halimbawa ay lumipat at nanirahan sa isang lugar o kapag ang isang pangkat ng mga katutubo ay may natutuhang isang bagong salitang dayuhan mula sa mga mananakop, nagagamit nila ang mga bagong salitang ito sa hindi ganap o sa hindi perpektong pagkakagamit. Ang maliit na pagbabagong ito ay naipapasa sa kanilang mga anak o sa ibang miyembro ng pangkat

hanggang sa tuluyang mapalitan at angkinin ang isang salita. Ang pangyayaring ito ay tinatawag na *substratum theory* ni Jean Aitchison (2004, p.137).

Masasalamín ang pangyayaring ito sa mga salitang nakalap ng mga mananaliksik gaya ng **tres, otso, nuebe, beinti, tabla, almiros, metru, byudu, byuda, istorya, kwalta, berdi**, at **braso** na galing sa wikang Espanyol. Gayundin ang mga salitang **animal, karbun, ratan, rainbow, yellow**, at **hunting** na galing sa wikang Ingles.

Kabataang henerasyon. Ayon kay Sweet (1899), ang mga pagbabago sa wika ay maaaring bunga lamang ng bahagyang pagkakamali sa mga salitang ginagamit ng mga kabataang henerasyon at sa pagdaan ng panahon ay ganap na nagbabago sa isang salita. Halimbawa, ang salitang ilong na **aron** sa Kapampangan (Bergaño, 1732/2007) ay naitala bilang salitang **arung** (Parker, 1905; Forman, 1971) hanggang sa kasalukuyang panahon. Isa pang halimbawa ay ang salitang lalamunan na **almonan** sa salitang Kapampangan (Bergaño, 1732/2007) at naging **akmulan** (Parker, 1905; Forman, 1971) na ginagamit pa rin hanggang sa kasalukuyang panahon. Masasabing sanhi din ng pagbabagong ito ang pagpili ng mga magulang sa wikang gagamitin ng kanilang mga anak sa pag-iisip na may kaugnayan ang ginagamit na wika sa tagumpay ng isang anak sa hinaharap (Foltz, 2015). Maaaring ganito rin ang dahilan ng mga magulang na Kapampangan kung bakit wikang Filipino o Ingles ang kanilang ginagamit bilang paraan ng pakikipag-usap nila sa kanilang mga anak.

Eksposyur sa media. Sa pagpasok ng makabagong panahon, maraming pagbabago rin ang naganap sa estruktura ng wikang Kapampangan. Dala marahil ng globalisasyon, mas naging mabilis ang pagkalat at pagtanggap ng mga impormasyon sa pamamagitan ng telebisyon, radyo, pahayagan, at internet. Ang media ay sinasabing isa sa mga nagiging sanhi ng *diffusion* ng isang wika ayon sa mga *sociolinguists* (Trudgill, 1988).

Migrasyon. Maaari ding suriin ang iba pang mga salik sa pagbabago at pagiging kalat-kalat ng mga salita kagaya ng paggalaw ng mga tao o migrasyon dulot ng trabaho, edukasyon, kalamidad, at pag-aasawa.

Ang migrasyon—bilang isa sa mga salik sa pagkalat ng isang wika—ay karaniwang sanhi din ng ugnayan ng mga wika na nagdudulot naman ng baryasyon (Hartner at Schulte, 2016). Kabilang sa pagbabagong ito ng wika ay ang sadyang “*code switching*”, gayundin ang paghiram ng mga estruktura at paglikha ng mga bagong salita. Halimbawa, ang isang katutubo ng Pampanga ay nakapag-asawa ng isang Tagalog na hindi lubos na nakapagsasalita ng Kapampangan, ngunit nakauunawa ng wikang ito, ay maaaring gumamit ng kaniyang sariling wika habang gumagamit din ng mga salita sa Tagalog upang lubos na maintindihan ng kausap. Ang sistema ng pakikipag-ugnayang ito ay maaaring maipasa sa kanilang mga anak na magdudulot naman ng pagbabago ng mga salitang kanilang ginagamit.

Ang **edukasyon** ay isang motibasyon ng paggalaw ng mga tao. Ang paglipat ng isang mag-aaral mula sa kaniyang lugar na kinabibilangan patungo sa isa pang lugar ay

maaaring maging sanhi ng pagkalat ng mga salitang kaniyang ginagamit. Maaari din na siya ang makakuha ng mga bagong salita na nadadala naman niya sa lugar na kaniyang pinanggalingan. Halimbawa, ang isang mag-aaral mula sa Sta. Ana, Pampanga na gumagamit ng salitang **lupa** (mukha) ay natutong gumamit ng salitang *pisngi* sa kaniyang pag-aaral sa San Fernando, Pampanga dahil sa impluwensiya ng mga nakakasalamuha niya sa paaralan.

Sa perspektibong ekonomiko, ang paggalaw ng mga tao ay dulot din ng **pagtatrabaho** niya sa ibang lugar. Sa kaniyang pakikisalamuha, maaaring natutuhan niyang gamitin ang mga salitang ito sa lugar na kaniyang pinanggalingan hanggang sa ito ay tuluyang kumalat at magamit ng iba pa sa ibang lugar. Halimbawa, ang salitang **bakse** (sagwan) na kilala sa Sta. Rita, ay kumalat at ginagamit din ng mga tao sa iba pang mga lugar gaya ng Arayat at Candaba.

Kaugnay ng migrasyon, masasabi din na dahilan sa pagkakalat-kalat ng mga salita ang **pag-aasawa**. Ang pamilya ay isang pundasyon sa pagkatuto sa isang wika at sa pagpapanatili nito (Pauwels, 2005; Schwarts, 2008 na binanggit ni Igboanusi at Wolf, 2009). Ngunit ayon din kay Igboanusi at Wolf (2009), ang pag-aasawa ng magkahalong-lahi ay nagiging sanhi din ng pagbabago ng wika. Sa konteksto ng Pampanga, maaaring kumakalat ang mga salita dala na rin ng pag-aasawa ng isang Kapampangan sa kapuwa niya Kapampangan na magkaiba ang lugar na pinanggagalingan.

Sinasabi din na may malaking kaugnayan ang mga **kalamidad** na naganap sa isang lugar sa paggalaw ng mga tao. Ayon kay Lewis (2015), ang ibang salik sa migrasyon ay hindi lamang ang mga nabanggit kundi pati na rin ang mga sakuna tulad ng tsunami, pagputok ng bulkan, lindol, at pagbaha.

Halimbawa, ang pagputok ng Bulkang Pinatubo ay nagkaroon ng malaking epekto sa paggalaw ng mga tao sa Pampanga. Ang mga residente ng Bacolor ay sinasabing lumipat sa mga lugar sa Bulaon, San Fernando; Madapdap, Mabalacat; Sta. Lucia, Magalang; at Pandacaqui, Mexico (Sy, 2012). Ang mga unang nanirahan din sa mga lugar na EPZA, Pulung Maragul, Angeles City; Tokwing, Porac; Mainang Resettlement, Bamban; at O'Donel, Capas, Tarlac ay bunga din ng pagputok ng Bulkang Pinatubo. Ang bayan din ng Magalang ay isa sa mga bayan na nakaranas ng malawakang paggalaw o paglipat ng mga tao. Ang orihinal na lugar na Magalang ay sinasabing bahagi ng Macapsa, Concepcion Tarlac noong 1605. Ngunit dahil sa pagiging malapit ng bayan sa dalawang ilog—ang Cuayan at Maisac—ay napilitan ang mga residente na lumipat sa San Bartolome. Nagkaroon naman ng kaguluhan sa lugar dahil sa mga rebeldeng pangkat noong 1660 na naging dahilan ng paglipat ng tao sa iba't ibang dako. Noong 1863, nakaranas ang mga tao sa Magalang ng isang malawakang pagbaha dahil sa ilog ng Parua (ngayon ay Ilog Sacobia). Taong 1858, nang nakaranas muli ang mga residente ng pagbaha na naging dahilan ng paglipat ng mga tao sa kasalukuyang lugar (Castro, 2011).

Isinalaysay sa isang artikulo ni Fernando (nd.) na nagkaroon din ng isang mapaminsalang pagbaha ang bayan ng Apalit na naging sanhi ng paglipat ng mga tao patungo sa maraming mga lugar sa Pampanga at Tarlac. Ang Mexico ay dating nasa San

Jose, Matulid. Ang Capas ay lumipat din dahil sa pagbaha, gayundin ang Minalin na dating nasa Sta. Maria, Macabebe, at ang Lubao na dating nasa Barangay Sta. Cruz.

Maaaring ang pagpapalilipat-lipat ng mga tao dahil sa mga pangyayaring ito ang nagbigay-daan sa mga baryasyon ng kanilang mga wika at ang *diffusion* nito sa lugar.

Halimbawa sa bokabularyo o talasalitaan ang salitang **nunu** na nangangahulugang lolo o lola (Bergaño, 1732/2007) ay nagbago ang kahulugan sa kasalukuyang panahon. Ang paggamit ng salitang ito ay tumutukoy ngayon sa isang nuno (sa punso). Gayundin ang salitang **batakan** na nangangahulugang paghila ng tali (Bergaño, 1732/2007) na nagkaroon ng bagong kahulugan—paghampas ng malakas at ginagamit din ng mga Kapampangan ngayon bilang isang balbal na salitang nagpapahayag ng pananakot na manakit (**Batakan da ka ken**). Sa ponolohiya, mapapansin ang pagbabago sa pamamagitan ng pagbabago ng ponema ng salita.

Katulad ng ibang mga wika sa Pilipinas, ang Kapampangan bilang isang buhay na wika ay patuloy na sumasailalim sa pagbabago. Maraming mga salik o dahilan ang nagtutulak sa penomenang ito kagaya ng mga nabanggit. Bilang isang unibersal na katangian ng isang wika—ang pagbabago—ang wikang Kapampangan ay maaaring manganak pa ng mga bagong salita, habang nawawala naman ang ilan sa mga ito.

Datos na Nakalap Mula sa Ilang Mga Lugar sa Labas ng *Pirulunán* na Dating Tagapagsalita ng Wikang Kapampangan.

Gatbuca, Calumpit, Bulacan

Ayon sa kalihim ng barangay ng Gatbuca na si G. James Paul Yambao, dati ay may humigit-kumulang na 30% ang mga Kapampangan sa kanilang barangay ngunit hindi maikakaila ang pagtamlay ng mga tagapagsalita ng wika sa barangay lalo na sa Purok 4 kung saan matatagpuan ang karamihan sa kanila. Dagdag pa ni Yambao, mayroon na lamang humigit kumulang sa 10% ang tagapagsalita ng Kapampangan sa kanilang barangay sa kasalukuyan. Iisa sa mga kadahilanan ay ang pagnanais ng mga magulang na makapag-aral ang kanilang mga anak sa Gatbuca kung saan ang midyum ng pagtuturo sa primarya ay Filipino.

Kung ang pagbabatayan naman ay ang layo ng dalawang paaralan mula sa dalawang paaralan (Gatbuca at Apalit), mula sa hangganan ng Purok 5, Baranggay Capalangan, Apalit Pampanga (kadikit ng Purok 4 ng Gatbuca, Calumpit, Bulacan) patungo sa Macario Arnedo Elementary School (dating Capalangan Elementary School) ay mayroon humigit-kumulang 1.2 kilometro. Kung ikukumpara naman ang layo ng mga nagmumula sa kaparehong Purok ng Capalangan na malapit na paaralan ang Arsenio Santos Memorial Elementary School (Dating Gatbuca Elementary School) mayroon naman itong humigit-kumulang 1.3 kilometro. Isa rin sa dapat bigyan ng pansin ay ang Purok 4 at 5 ng Capalangan kung saan kahit malayo ng 1 o higit pang kilometro ang paaralan ng Gatbuca ay ninais nilang makapag-aral ang kanilang mga anak dito.

Ang pagsasalita ng Filipino ay nakadagdag rin sa mabilís na pagtamlay ng wikang Kapampangan sa Gatbuca; dagdag pa rito ang pagsasalita ng wikang Filipino ng mga kabataan kahit pa ang wikang nakagisnang ay Kapampangan o ang parehong mga magulang ay Kapampangan. Sa katunayan, ayon sa mga magulang, pinagtatawanan ang kanilang mga anak dahil may “punto” o “tono” sila kung magsalita. Kung ang pangunahing mga kalakalan katulad ng palengke kung saan sana makakahalubilo ng mga taga Gatbuca ang mga nasa malapit na kalakalang bayan, ang daan (MacArthur Highway) mula sa bayan ng Apalit ay mayroong humigit kumulang na 4.1 kilometers hanggang sa pinakapusod ng Gatbuca kung ikukumpara naman ang layo nito sa pinakamalapit na palengke ng Gatbuca ay mayroon lamang na 1.5 kilometro na layo (sumangguni sa larawan 23 Road Map). Maliban sa mahigit na dalawang kilometrong walang bahay sa pangunahing daan, ang ilog (Pampanga River) rin ay isâ sa mga naging dahilan sa pagtamlay ng wikang Kapampangan sapagkat hinati nito ang mga tagapagsalita ng Kapampangan patungong katagalugan. (sumangguni sa larawan 24 - River Map). Isa rin sa mga kadahilan ang pakikipag-ugnayan ng mga magulang sa kanilang mga anak na ang gamit ay Filipino at hindi ang kanilang wikang nakagisnang – Kapampangan.

San Miguel de Mayumo

Sa Pag-aaral ni del Corro (1988), sinasabing ang San Miguel de Mayumo ay pináninirahan ng mga Kapampangan. Ngunit sa kasalukuyan ang mga tao sa lugar na ito ay nakakaintindi na lamang ng wikang Kapampangan ngunit hindi na nila ito ginagamit sa kanilang pakikipagtalastasan. Ayon kay Rogelio Catu, residente ng Barangay Batasan, San Miguel de Mayumo, probinsiya ng Bulacan, natuto lamang ang mga matatanda ng wikang Kapampangan sapagkat nakakasalamuha nila ang mga taga-karatig bayan ng Pampanga partikular na ang mga taga-Salapungan at Candaba, Pampanga. Sa kasalukuyan, hindi na nakakapagsalita ng wikang Kapampangan ang mga kabataan ng barangay Batasan, nakaiintindi na lamang sila ng mga pangunahing salitang Kapampangan.

Calaguiman

Ang wikang Kapampangan sa Calaguiman, Bataan ay sinasabing unti-unti nang namamatay, sapagkat ang mga matatandang gumagamit nito ay pumanaw na. Sinasabi rin ng mga residente ng bayang ito na nakaiintindi na lamang sila ng wikang ito ngunit hindi na ito lubos na nagagamit. Sa kabila nito, alam ng mga residente sa mga bayan ng Bataan kung saan matatagpuan ang ilang mga grupo ng mga Kapampangan sa kanilang probinsiya. Sa pag-aaral naman ni del Corro (1988), nabanggit niya na hindi binibilang ng mga taga-Calaguiman ang kanilang mga sarili bilang etnikong Kapampangan kundi mga Pilipino, sapagkat ang kanilang Kapampangan ay hindi na puro; dagdag pa rito ang idea na ang mga napangasawa nila ay galing lamang sa Mabatang na nakapagsasalita ng Kapampangan na katabi mismo ng kanilang bayan.

Pantalan Luma, Orani, Bataan

Ang Pantalan Luma ng Orani, Bataan ay binubuo rin ng pinaghalo-halong mga lahi kung kaya't ang mga naninirahan doon ay mayroon ding ibat-ibang wikang gamit. Ayon sa kalihim ng kanilang barangay (Cunanan), mayoong humigit-kumulang labinlimang bahagdan (15%) na Kapampangan ang nananahan sa barangay ngunit pawang mga dayo lamang ang mga ito. Ang mga ito'y nakapag-asawa ng mga taga-Pantalan Luma. Sa katunayan, ang asawa niya ay taga-Masantol at ang asawa ng kapatid niya ay taga-Mabalacat. Upang makasiguro sa mga nabangit ng kalihim, pinuntahan ng mga mananaliksik ang lugar kung nasaan ang mga tagapagsalita ng Kapampangan at dito natagpuan ang mag-asawang Santos (Eleseo at Teresita 75 at 73 taóng gulang). Ayon kay Eleseo na tubong Batang, Sexmoan (Sasmuan) noon pa mang kabataan niya ay pangingisda na ang ikinabubuhay ng mga taga-Pantalan Luma na isá sa mga daungan ng kaniyang mga huling isda at kadalasan sa mga dayong mangingisda ay nakakapag-asawa ng mga taga-Pantalan Luma. Pinatotohanan naman ni Teresita na ipinanganak, lumaki, at tumanda sa Pantalan Luma na walang purong Kapampangan ang lumaki sa lugar; karamihan ay nakapag-asawa lamang ng Kapampangan.

KALAGAYAN NG WIKA

Gamit ang *Graded Intergenerational Disruption Scale* (GIDS) ni Fishman (1991) inalam ng mga mananaliksik ang kalagayan ng wikang Kapampangan, kung gaano ito kasigla at kung nagagamit pa ba ito o nagkaroon na ng pagpapalit. Kung susuriin ang talahanayan 4, ang bawat bayan ay may tigdalawang baranggay na pinangyarihan ng panayam at mayroon ding walong (8) bahagdan na sumusukat sa katatagan ng wika sa mga baranggay na napuntahan, sa unang (1) bahagdan, sinasabi na ang wika ay ginagamit sa edukasyon, trabaho, *mass media*, at pamahalaang pambansa; sa ikalawa (2) ang wika ay ginagamit sa *mass media* at serbisyong pampubliko sa lokal at pangrehiyong antas; sa ikatlo (3), ang wika ay ginagamit sa trabaho sa lokal at pangrehiyong antas; sa pang-apat (4) na bahagdan ay sinasabing ang pagkatuto sa wika ay naihahatid sa pamamagitan ng edukasyon; sa panlima (5), ang wika ay ginagamit ng pasalita ng lahat ng henerasyon at mabisang ginagamit sa pagsulat sa buong komunidad; ang pang-anim (6), ang wika ay ginagamit nang pasalita ng lahat ng henerasyon at natututuhan ng mga bata bilang kanilang unang wika; sa pampito (7), may sapat na kaalaman ang mga magulang sa wika upang ito ay kanilang mabisang magamit sa kanilang mga nakatatanda, ngunit hindi naisasalin sa kanilang mga anak, at ang pangwalo (8), ang mga natitirang nagsasalita ng wika ay ang mga nakatatanda na lamang.

Ang sampol na baranggay mula sa ibat-ibang munisipalidad at mga siyudad sa Pampanga at karatig-bayan ay inuri batay sa lebel ng GIDS mula kay Fishman, 1991. Sa kabuoan na animnapung (60) mga baranggay, labintatlo (13) ang nauri sa lebel 6 na nangangahulugang “ang wika ay ginagamit nang pasalita ng lahat ng henerasyon at natututuhan ng mga bata bilang kanilang unang wika,” ito ay katumbas ng dalawampu't

isa at animnapu't pitung punto (21.67%) na bahagdan na mga sampol na mga baranggay. Sa kabilang banda apatnapu't pito (47) sa animnapung (60) mga baranggay o pitumpu't walo at tatlong punto (78.3%) na bahagdan ay nauri sa level 7 na nangangahulugang "may sapat na kaalaman ang mga magulang sa wika upang ito ay kanilang mabisang magamit sa kanilang mga nakatatanda, ngunit hindi naisasalin sa kanilang mga anak. Sa Pampanga, dalawampu't limang (25%) bahagdan lamang ng mga baranggay ang nauri sa level 6; samantalang sa mga karatig-probinsiya, dalawa lamang ang nasa level 6, parehong mula sa probinsiya ng Tarlac. Sa kabuoan, ang GIDS level ng wikang Kapampangan ay lebel 7 na nangangahulugang sa kasalukuyan, ang wikang Kapampangan ay mabisa pa ring nagagamit ng mga magulang sa kanilang pakikipagtalastasan sa mga nakatatanda., Gayunpaman, ipinahihiwatig nito na maaaring unti-unti na itong namamatay dahil sa ito ay hindi na naisasalin ng mga magulang sa kanilang mga anak na silang mga mamamayang Kapampangan sa hinaharap.

Talahanayan 14. Kalagayan ng Wika Batay sa GIDS ni Fishman

[illegible]

		Barangay	Bayan
	1	Poblacion	Sto. Tomas
	2	San Matias	
	3	Sta Lucia	San Fernando
	4	Baliti	
	5	Cacutud	Mabalacat
	6	San Joaquin	
	7	Balibágo	Angeles
	8	Sto. Rosario	
	9	San Manuel	Siyudad ng Tarlac
	10	San Francisco	
	11	San Francisco	Concepcion
	12	San Alfonso	
	13	Sta. Lucia	Capas
	14	Sto Domingo	
	15	Sitio Mainang	Bamban
	16	San Nicolas	
	17	Concepcion	Cabiao
	18	San Vicente	
	19	Gatbuca	Calumpit
	20	Batasan	San Miguel
	21	Mabatang	Abucay
	22	Calaguman	Samal
	23	Pantalan Luma	Orani
	24	Pagalanggang	Dinalupihan
	25	Daang Bago	
	26	Balsik	Hermosa
	27	Saba	

Konklusyon

Batay sa mga nakalap na datos sa kabuoan ng pag-aaral maaaring maiugnay ang mga sumusunod na aspekto sa pagkakaroon ng mga baryasyon ng wika:

Malaking bahagi ang ginagampanan ng kultura sa pagbabago ng wika sa isang lugar. Sa pagbabago ng kultura, naiimpluwensiyahan din ang mga salitang gamit ng mga tao dito. Ang paraan ng pamumuhay ng mga tao sa isang lugar, kagaya ng kanilang uri ng hanapbuhay ay nagsisilbing tulay din ng pagkakaroon ng baryasyon sa wika. Halimbawa, ang mga kasangkapan sa isang uri ng hanapbuhay gaya ng **pamananam** ay ginagamit lamang sa gawaing ito gaya ng mga salitang **aswe**, **manyakul**, **mamwot**, at iba pa. Samakatuwid, nagkakaroon ng baryasyon sa wika dahil sa paraan ng pamumuhay ng mga tao gaya ng mga salitang ginagamit sa kanilang hanapbuhay, sining, kasanayan, at iba pang bahagi ng kanilang kultura.

